IJRAR.ORG E-ISSN: 2348-1269, P-ISSN: 2349-5138

INTERNATIONAL JOURNAL OF RESEARCH AND ANALYTICAL REVIEWS (IJRAR) | IJRAR.ORG

An International Open Access, Peer-reviewed, Refereed Journal

# AGARANG PAGWAWASTO: HAMONG NARARANASAN NG MGA GURONG FILIPINO SA PAGGAMIT NG MAG-AARAL SA WIKANG KOLOKYAL AT BALBAL NA SALITA SA BAGONG KADAWYAN

**MARIE CRIS MANAIG – GARCIA**

LAGUNA COLLEGE OF BUSINESS AND ARTS SCHOOL OF GRADUATE STUDIES

## ABSTRAK

| | | |
|---|---|---|
| Pamagat | : | AGARANG PAGWAWASTO: HAMONG NARARANASAN NG MGA GURONG FILIPINO SA PAGGAMIT NG MAG-AARAL SA WIKANG KOLOKYAL AT BALBAL NA SALITA SA BAGONG KADAWYAN |
| May-akda | : | MARIE CRIS M. GARCIA |
| Degree | : | Dalubhasa ng Sining sa Edukasyon Medyor Sa Filipino |
| Paaralan | : | Laguna College of Business and Arts |
| Taong Panuruan | : | 2022-2023 |
| Tagapayo | : | Vivien E. Untalan, LPT, PhD |
| Susing Salita | : | Kolokyal at Balbal sa Salita Hamong Nararasanan ng mga Guro, Bagong Kadawyan |

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang penomonolohikal na karanasan ng mag-aaral kaugnay sa agarang pagwawasto sa balbal at kolokyal na salita na kanilang ginagamit sa loob ng paaralan. Layunin nito na maunawaan ang mga saloobin, motibasyon, at konteksto sa likod ng paggamit ng mga salitang ito, pati na rin ang mga paraan kung paano ito natutugunan ng mga guro at iba pang stakeholders sa edukasyon.

Sa pamamagitan ng penomonolohikal na pag-aaral, inilalantad ng pananaliksik ang personal na karanasan at perspektiba ng mag-aaral na direkta at aktibong gumagamit ng balbal at kolokyal na salita. Sa proseso nito, isinagawa ang mga interbyu at focus group discussions upang masuri ang mga saloobin, karanasan, at pananaw ng mga indibidwal na sangkot sa pag-aaral.

Ang mga natuklasan ng pag-aaral na ito, mahirap na pakikipagkomunikasyon at pakikitungo sa kapwa mag-aaral; interbyu; mga aktibidad at background check; tungkol sa paksang tinatalakay at kanya-kanyang buhay pamilya at pag-ibig; kapag nahihirapan sa oras ng klase at nakakagawa ng kamalian; mga sitwasyong bahagi ng kanilang pag-aaral; agarang pagwawasto ng mali sa iba't ibang paraan; itinatama ang mga mali sa iba't ibang

paraan; positibo at negatibong reaksyon; pagbibigay ng disclaimer; pagtanggap, at pagpapaliwanag; iba't ibang paraan sa pagbibigay-puna; debate; pagbibiruan, at pagbibigay-karanasan; napapanahong paglalahad ng mga puna. Nakita ng pananaliksik na ang paggamit ng mga salitang ito ay may kaugnayan sa mga personal na karanasan, sosyal na konteksto, at pangangailangan ng mag-aaral na maihayag ang kanilang pagkakakilanlan at pangkatang pagpapahalaga.

Higit sa lahat, nais ng pananaliksik na ito na magbigay ng mga rekomendasyon upang matugunan ang agarang pagwawasto ng balbal at kolokyal na salita. Kasama sa mga mungkahi ang pagpapalakas ng kamalayan sa kahalagahan ng paggamit ng tama at malinis na wika, pagsasagawa ng mga pagsasanay at aktibidad na naglalayong magpatibay ng wastong paggamit ng wika, at pagsasama ng pamilya at iba pang komunidad bilang mga katuwang sa paglinang ng kasanayan sa wika mag-aaral.

## Kabanata 1

## SULIRANIN AT KALIGIRAN NG PAG-AARAL

### Intrukdusyon

Ang wika ay isa sa pinakamakapangyarihang bagay sa daigdig. Higit pa itong makapangyarihan sa modernong sandata na nilikha ng tao at nakakapinsala sa sangkatauhan (Sauco, et al. 1998; sa Garcia, 2019).

Ang wika ay buhay at patuloy na nabubuhay sa kabila ng pagbabago ng panahon.

*Ang Wikang Pambansa ng Pilipinas ay Filipino. Samantalang nalilinang, ito ay dapat payabungin at pagyamanin sa pagkakaroon ng buhay na wika sa Pilipinas. Ang opisyal na wika ng Pilipinas ay Filipino at hangga't hindi ito tinatadhana ng batas, Ingles. Ang konstitusyong ito ay kailangang ipahayag sa Filipino at Ingles at dapat isalin sa pangunahing panrehiyon tulad ng Arabic at Kastila. Dapat gumawa ng kongreso ng Komisyon ng Wikang Pambansa na binubuo ng iba't ibang rehiyon at mga disiplina na magsasagawa, mag-uugnay at magtataguyod ng mga pananaliksik sa Filipino.*

-Saligang Batas (1987) ng Pilipinas Artikulo XIV, Seksyon 6-9

Ang mga transaksyon at pakikipag-ugnayan ng mga tao sa kapwa tao ay kinasasangkutan ng wika. Simbolo ito na bumubuo ng sistema tungo sa maayos na paghatid ng anumang mensahe. Kaya, wika ang nagsisilbing susi ng mga tao upang magkaunawaan. Maaari ding mapinsala ang sangkatauhan kung hindi magkakaunawaan ang mga tao sa lipunan. Bagamat makapangyarihan ang wika, nakasalalay din sa tao ang kapalaran nito. Kasabay ng mabilis na pagbabago ng panahon ang pagbabago ng wika. Nagbabago ang kultura ng tao sa lipunan kaya't nababago rin ang wikang ginagamit ng mga ito.

Isa sa mga rason ng pagbabago ng wika ay ang pagbabago ng panahon kaalinsabay ng pagbabago o mga bagong tao na nabubuhay. Kaakibat nito ay ang mabilis na pagbabago ng teknolohiya na nagiging dahilan sa pagbabago ng wikang ginagamit ng bawat indibidwal. Gaya ng tinuran ni Bernales (2019), ang teknolohiya ay isa sa mga pangunahing dahilan ng pagbabago ng wika sa kasalukuyang panahon. Ito ay dahil sa patuloy napag-unlad ng teknolohiya, na nagbibigay ng mga bagong salita, terminolohiya at estilo ng komunikasyon. Sa mga *text message* at *social media*, mahalaga ang pagtitipid ng salita at oras. Kaya naman, mapapansin ang mabilis na pagbabago ng wika dahil s amabilis na paglaganan ng teknolohiya.

Sa madaling salita, nararapat lamang na magkaroon ng mga pag-aaral sa wika kada taon dahil sa mabilis na pagbabagong ito. Maaaring mawala o makalimutan ng mga tao ang mga wikang nakagisnan na noon. Salik din na kailangang pag-aralan ang wikain sa Pilipinas dahil sa napakaraming dayalekto sa buong kapuluan, kabilang na rin dito ang mga umuusbong na kolokyal at balbal na salita, kung saan ay mayroong pinakamabilis na pagbabago batay sa panahon at sa mga gumagamit nito.

Sa kasalukuyang panahon ang mga milenyal ay mayroong kayayahang makabuo ng isang salita na mapapabilang sa kolokyal at balbal sa wika. Ayon kay Agulto (2022), ang balbal na salita o wika ay isa sa may pinakamabilis na tranpormasyon dahil na rin sa mabilis na pagbabago ng teknolohiya. Dahil sa bilis ng pagbabago at kulturang sosyal na nagdidiktang makabago ang wika ay tila nakikipagsayaw sa saliw ng bibig ng kabataan, kaya napakaraming salita ang nabubuo. Halimbawa nito ang sumikat na sambitla ng isang kalahok ng Pinoy Big Brother-Teen Edition MAJOHA na mula sa GOMBURZA, ang two joints na nagging bukambibig ni Isko Moreno,etneb, omsim, petmalu atbp.

Bunga nito, patuloy ang pagsasagawa ng mga pag-aaral kaugnay ng wika sapagkat napakaraming wika ang ginagamit sa iba't ibang panig ng Pilipinas. Ang heograpikal na kaanyuan ng Pilipinas ay naging malaking salik sa pagkakaroon maraming barayti ng wika at nagiging dahilan nang hindi pagkakaunawaan ng mga Pilipino. Dahil mahalaga ang pagkakaunawaan ng bawat tao sa pakikipagkomunikasyon, mahalaga rin na maintindihan ng mga Pilipino ang wika ng kanilang kapwa-Pilipino. Sa ganitong pangyayari, malaki ang naitutulong ng isang sanggunian o glasaryo upang magkaroon ng sapat na kaalaman ang isang tao maging ito ay mag-aaral o guro sa isang salita lalo't higit ang wikain ng mga milenyal sa kasalukuyang panahon.

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pagtukoy ng mga salitang balbal na kadalasang nagagamit ng mag-aaral sa loob ng silid-aralan. Gayundin naman ang iba't ibang pamamaraan ng mga guro sa Filipino upang maiwasto ang karaniwang pagkakamali sa paggamit ng mag-aaral tuwing may mga na kagawaing paggamit sa pagsasalita at pagsusulat.


Bilang karagdagan, kabilang sa pagwawasto at pagpapaunawa sa mag-aaral ay ang pagtuturo ng balbal na salitang ginagamit ng mag-aaral upang maging ganap ang kanilang kabatiran sa wasto at tamang paggamit nito. Nilalayon din ng pag-aaral na ito na makabuo ng isang glosaryong binubuo ng mga tinipong balbal na salita upang ang lahat ng guro sa Filipino sa Lungsod ng Tanauan ay mayroong naging batayan sa mga kahulugan, pinagmulan at barayti ng bawat salita.

**Batayang Konseptwal Teoretikal**

Naging gabay ng pag-aaral na ito ang Speaking Model na binuo ng sosyolinggwistang si Hymes (1972; nakatala sa libro ni Bernales 2019).

Ayon kina Bernales et al. (2019) ang SPEAKING Model ni Dell Hymes ay binubuo ang sumusunod: (i) **Setting**, dapat isaalang-alang ng dalawang taong nag-uusap ang lugar na pinangyayarihan ng komunikasyon. Mahalaga ang espasyong kinaroroonan ng dalawang taong nag-uusap dahil nakaaapekto ito saproseso ng komunikasyon. Iba ang paraan ng pakikipag-usap kung ang isang tao o indibidwal ay nasa paaralan, palengke, simbahan at iba pa; (ii) **Participants**, kilalanin ang mga taong sangkot sa komunikasyon. Maaaring magkaroon ng pagbabago sa proseso ng komunikasyon depende sa taong kinakausap. Iba ang paraan ng tao kung nakikipag-usap sa guro, pari, at tindera ng isda; (iii) **Ends**, Pag-alam sa layunin kung bakit nagaganap ang pakikipag-usap. Mahalaga ito upang malaman kung saang umiikot o iikot ang usapan. **Act Sequence**, upang magkaroon ng magandang takbo ang pakikipag-usap, alamin kung paano ito sisimulan at tatapusin. Ang daloy ng usapan ay nakadepende rin sa estruktura at nilalaman ng mga mensaheng inihahatid sa isa't isa. May mga usapang nauuwi sa pagkakaunawaan, pagkakabiruan at pagkakapikunan, at ang pinakamahirap, may mga usapang nauuwi sa pag-aaway

Dagdag pa rito, ang (v) **Keys,** mahalagang sa simula pa lang ng pag-uusap, alam na kung anong antas ng wika ang gagamitin. Ang kahalagahan ng pormal na wika kung kailangang gamitin tuwing may kausap na propesyonal, nakakatanda at iba pa. MAhalaga rin na dapat batid kung kailan gagamitin ng di pormal na salita lalo na kung kailangan kakilala at iba pa o personal na malapit na kausap; (vi)**Instruments**, ang midyum na pamamaraan at salitang gagamitin sa usapan; vii) **Norms**, tumutukoy sa mga panlipunang tuntunin kaugnay ng partikular na kilos at tugon ng mga taong sangkotsa proseso ng komunikasyon. Halimbawa, nakasanayan na ng mga Pilipino na ituring na hindi angkop na makisali sa usapan ng mga nakatatanda ang mga bata. Isa pang halimbawa ay ang pananaw ng mga Pilipino na hindi maaaring hayagang pag-usapan ang tungkol sa seks o pakikipagtalik lalo na kung mayroong mga kabataang kasama sa usapan; (viii)**Genre**, tumutukoy naman ito sa uri ng pagpapahayag na gagamitin. Maaaring ang isa ay magsalaysay,maglarawan, maglahad, at mangatuwiran batay sa pangangailangan sa usapan.




**Pigura 1: Paradigma ng Pag-aaral**

Makikita sa Pigura 1 ang paradigma ng pag-aaral na magsisilbing pagpapalinaw sa mga proseso ng pag-aaral. Ang pangangalap ng datos ay magmumula sa panayam sa mga guro ng disiplinang Filipino na nakararanas ng paggamit ng mag-aaral sa kolokyal at balbal na salita sa loob ng silid-aralan sa bawat gawaing-pampaaralan sa paraang pasulat at pasalita.

Ang mga karanasan ng guro ay itatala sa paraang awdyo, bidyo at pagtatala ng mga mahahalagang impormasyon na gagamitin sa pag-aaral na ito. Isinagawa ng mananaliksik ang mga hakbangin ukol sa *Interpretative phenomenological analysis (IPA)* at ito ay ang sumusunod: (i) preparasyon ng mga datos; (ii) pagsusuri ng mga datos; (iii) pag-uulat ng mga natuklasan; (iv) pagbibigay-interpretasyon sa mga natuklasan; (v) pagtukoy ng mga tema batay sa natuklasan.

Ang bawat respondente ay magtatalakay ng kani-kanilang mga karanasan at tutukuyin ng mananaliksik ang kaisahan ng paksa o tema ng mga datos na mula sa panayam. Batay sa kuwentong-buhay ng mga guro sa disiplinang Filipino sa agarang pagwawasto sa mag-aaral na madalas nakagagamit ng mga kolokyal at balbal na salita ay nagkaroon ng panukalang glosaryo tungkol sa balbal at kolokyal na salitang milenyal upang magamit sa proseso ng pagtuturo-pagkatuto sa loob at labas ng silid-aralan.

**Pangunahin at Corollary na Katanungan**

Ang layunin ng pag-aaral na ito ay ang pagtuklas sa mga karanasan ng mga guro sa kanilang pagwawasto sa mag-aaral na gumagamit ng kolokyal at balbal na salita sa isang proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Ang nasabing pag-aaral ay nakatuon sa pangkalahatang katanungang

Ano ang kabuluhan at kaugnayan ng karanasan ng mga guro sa disiplinang Filipino sa mga pagsubok na nararanasan sa pagwawasto sa paggamit ng mag-aaral sa kolokyal at balbal na salita sa isang pormal na edukasyon sa paaralan?

**Kaakibat na katanungan**

1. Paano mailalarawan ng mga guro sa disiplinang Filipino ang kanilang mga karanasang may kinalaman sa paggamit ng kolokyal at balbal na salita.
2. Ano ano ang temang nangingibabaw mula sa mga testimonya ng mga guro sa disiplinang Filipino?
3. Batay sa natuklasan sa pag-aaral, ano-anong kagamitan ang ipinapanukala na makatutulong sa mga guro sa displinang Filipino?

**Saklaw at Delimitasyon**

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa buhay na karanasan ng mga guro sa disiplinang Filipino na nagbibigay kawastuhan sa paggamit ng mag-aaral sa kolokyal at balbal na salita sa isang proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Ito rin ay isang kwalitatibong na pananaliksik na mangangalap impormasyong ukol sa karanasan ng mga guro sa disiplinang Filipino. Ang bawat impormasyong makukuha ay kakalapin ng mananaliksik sa Kagawaran ng Edukasyon- Sangay ng Tanauan. Ang bawat paaralan ay mayroong higit sa limang guro sa Filipino sa iba't ibang antas. Bawat paaralan ay mayroong dalawang gurong magsisilbing respondente / respondente sa pag-aaral na ito. Nakatuon ang pagtukoy sa mga impormasyong mula sa mga guro buhat sa kanilang karanasan sa paggamit ng mag-aaral sa kolokyal at balbal na salita sa paraang pasulat at pasalita.

Samantala, hindi saklaw ng pag-aaral na ito ang mga guro sa ibang disiplina sapagkat mas pagtutuonan ng pansin ng mananaliksik ang paggamit ng mag mag-aaral sa wikang Filipino. Kaugnay nito, 'di rin saklaw ng pag-aaral ang morpolohikal at ponolohikal na konsepto ng paggamit ng mag-aaral sa kolokyal at balbal bagkus ay pagtutuonan lamang ang salitang nagagamit ng mag-aaral sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto.

**Kahalagahan ng Pag-aaral**

Inaasahang mag-iiwan ng bakas sa mahabang panahon ang anumang impormasyong maibabahagi ng saliksik na ito sa dahilang ukol ito sa wikang nakasulat na higit permanente, at magbibigay-linaw sa partikular na konsepto ng mga guro sa disiplinang Filipino na nagwawasto sa paggamit ng mag mag-aaral sa kolokyal at balbal na salita sa isang proseso ng pagtuturo at pagkatuto sa paraang pasalita at pasulat.

**Sa mag-aaral**. Malaki ang maitutulong ng pag-aaral na ito sa mag-aaral sa pribado at pampublikong paaralan, sapagkat sa pamamagitan ng glosaryong binuo ng mananaliksik ay inaasahang higit na mauunawaan nila ang bawat terminong nabibilang sa kolokyal at balbal na salita dahil ang mga ito ay bibigyang-depinisyon o paliwanag sa sariling wika.

**Sa mga guro ng Disiplinang Filipino**. Mayroong malaking tulong ito sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto sa loob at labas ng silid-aralan sa tuwing nagtuturo ng wika. Ang glosaryong nabuo ng mananaliksik ay magsisilbing ilaw sa madilim na proseso ng pakikipagtalastasan ng magkaibang henerasyon ng mga guro at mag-aaral. Ito ay

magiging tulay sa malayang pagkakaunawaan na walang tension o kalabuang mabubuo sa pagitan ng guro at mag-aaral.

**Sa Mamamayang Pilipino.** Malaki ang maitutulong ng pag-aaral na ito sa kapwa Pilipino, sapagkat sa pamamagitan ng glosaryong binuo ng mananaliksik ay inaasahang higit na mauunawaan ang bawat terminong nabibilang sa kolokyal at balbal na salita.

**Sa mga Mananaliksik.** Makatutulong ang pag-aaral na ito upang lalong mahikayat ang mga mananaliksik ng iba't ibang rehiyon sa Pilipinas (katutubo man o hindi) na ipagpatuloy ang pananaliksik na may kinalaman sa iba't ibang antas ng wika, bagaman patuloy na nagbabago ay mananatili pa rin ang pag-iingat sa mga salitang unti-unti nang hindi nagagamit ng tao dahil sa moderninasyon at mabilis na pagbabago.

**Sa Komisyon sa Wikang Filipino.** Makadagdag ang maliit na tinig ng pag-aaral na ito sa mataginting na koro ng mga iba't ibang wika sa Pilipinas upang pag-aralan ang ibang antas ng wika at magkalap pa ng mga terminong hindi nakapaloob sa glosaryong gagawin ng mananaliksik at mapreserba para sa mga susunod na henerasyong Pilipino.

Gayundin naman, ito'y maaaring maging kongkretong batayan ng komisyon upang mapayabong at mapayaman pa ang wikang Filipino. Isang munting tinig na magiging dahilan upang magkaroon ng sapat na katibayan sa pagbuo ng makabagong glosaryo o maging diksyunaryong Filipino.

**Katuturan ng mga Talakay**

Ang sumusunod na terminolohiya ay ang mga salitang ginamit sa kabuuan ng penomenolohikal na pananaliksik na ito, upang magkaroon ng mas higit na pang-unawa sa mga konsepto at terminolohiyang nakapaloob dito.

**Balbal.** Ito ay mga salitang hindi pormal ngunit nagagamit sa pang-araw-araw na panánalitâ. Karaniwa'y nililikhà ito sa pagbabaligtád ng mga titik, o pagiibang-anyô sa salitang ugát.

**Balidasyon.** Ito ay tumutukoy sa isang gawain o aksyon sa pagsusuri o pagpapatunay sa bias at katumpakan ng isang bagay; isang pamamaraan na nangangailangan ng patunay o matibay na ebidensya sa isang kontrolado o di kontroladong sitwasyon.

**Diksyonaryo**. Ito ay tumutukoy sa sangguniang aklat na nagtatala sa kahulugan, etimolohiya, bahagi ng pananalita, halimbawa ng mga kontekstong pinaggagamitan at paraan ng pagbgkas ng mga salita; pinakapangkaraniwang sangguniang leksikograpikal na bumubuo ay ang makro at estrukturang diksyunarryo.

**Glosaryo**. Ito ay tumutukoy sa isang talaang-salita na sumasaklaw at nakatuon lamang sa isang partikular na larangan at kung gayo'y hindi ito isang pangkaraniwang leksikograpiko kundi isang bukod na akda ukol sa partikular na larang; *terminological dictionaries* na naglalaman ng mga salitang lahok ukol sa isang larang at depinisyon; karaniwang inilalagay ito sa mga huling pahina ng aklat bilang bahagi ng apendiks o mga dahong-dagdag; naiiba sa diksyonaryo dahil sa higit na payak na pagpapakahulugan ng mga salitang lahok na karaniwang sumasaklaw lamang sa isang partikular na larang.

**Impormant**. Ito ay tumutukoy sa isang indibidwal na nagbibigay ng sapat na impormasyon ukol sa paksang tinatalakay.

**Kolokyal.** Ito ay tumutukoy sa mga salitang ginagamit sa mga pagkakataong inpormal. Ang pagpapaikli ng isa, dalawa, o higit pang salita ay mauuri din sa antas na ito.

**Komunikasyon.** Ito ay tumutukoy sa proseso ng pagpapalitan ng mga mensahe o impormasyon sa pagitan ng dalawang o higit pang mga indibidwal. Ito ay isang mahalagang aspekto ng ating pang-araw-araw na buhay at nakakaapekto ito sa iba't ibang aspekto ng ating buhay, kabilang ang pakikipag-ugnayan sa ibang tao, trabaho, edukasyon, at iba pa.

**Leksikal**. Ito (tradisyonal na tinatawag bilang bahagi ng pananalita) ay isang lingguwistikong kaurian ng mga salita na pangkalahatang binibigyang kahulugan sa pamamagitan ng sintaktiko o morpolohikong gawa ng bahaging leksikal na tinutukoy.

**Leksikograpiya**. Ito ay tumutukoy sa sining at agham ng pagbuo at pagrebisa sa mga diksyonaryo; aplayd na leksikohiya; larangan ng leksikolohiya na sumasaklaw sa pangangalap, pagtatala at pagbibigay-kahulugan sa malaking bahagi ng korpus ng isang wika, sa layuning makabuo ng isang diksyonaryo.

**Leksikolohiya**. Ito ay tumutuoy sa sangay ng linggwistika na pagsususri sa mga talasalitaan; teyoretikal na pundasyon ng leksikograpiya; sumasaklaw sa pagsusuri at pagrerebisa ng mga sangguniang leksikograpikal tulad ng mga diksyonaryo at glosaryo.

**Milenyal.** Ito ay tumutukoy sa isang demograpikong kohort na sinundan ang Henerasyong X. Walang tiyak na panahon kung kailan nagsimula o natapos ang henerasyon na ito; karaniwang ginagamit ng mga demograpo at mga mananaliksik ang unang bahagi ng dekada 1980 bilang ang simula ng mga taon ng kapanganakan at ang kalagitnaan ng dekada 1990 hanggang unang bahagi ng dekada 2000 bilang ang katupusan ng mga taon ng kapanganakang nabibilang dito.

**Penomenolohiya.** Ito ay tumutukoy sa nakaugat na palagay na binubuo ng mga bagay at mga pangyayari na nagpapakita ng katotohanan. Ipinapalagay din na batay sa karanasan at pang-unawa ng ating kamalayan bilang tao ang katotohanan at walang katotohanan kung hindi ito nakaugnay sa kamalayan.

**Buhay na Karanasan.** Ito ay tungkol sa karanasan ng mga tao sa kaniyang kapaligiran na kung saan nakabatay sa kaniyang sariling opinyon, kaalaman at karunungan sa mga bagay-bagay. Ito ang nagsisilbing batayan ng kaniyang malawak na pang-unawa sa mga pangyayari at pagbabago ng kaniyang kapaligiran.

**Bagong Kadawyan / Normal**. Ito ay isang katutubong wikang Ilokano na nagmula sa salitang ugat na ‘dawi” na tumutukoy sa gawi o karaniwan. Ang kadawyan ay kasingkahulugan ng kinagisnan o nakasanayan. Isa sa mga salitang nabuo at napagkasunduan para maging pamalit o panumbas sa gawi, kultura, o paraan ng pamumuhay na dapat mamutawi sa panahong nararanasan natin noong may pandemya.

# Kabanata 2

## KAUGNAY NA LITERATURA

Ang kabanatang ito ay naglalaman ng mga kaugnay na pag-aaral at literatura na nagpatibay sa mga datos ng pananaliksik na ito. Kaugnay nito ang pag-aaral sa wika, baryasyon ng wika, pagtanggap sa wika, pagtuturo sa wika at pagbuo ng glosaryo.

Ayon kay Panganiban (n.d.; sa Catacataca, 2013) nakatala sa pananaliksik ni Garcia (2019), ang wika ay parang tubig. Ang hugis ng tubig ay kung ano ang hugis ng sisidlan. Ang sisidlan ay ang bayan. Ibig sabihin nasa gumagamit ng wika kung ito ay mababago o tuluyang malilimutan.

Pinatunayan ito ni Ciudad (2019) sa kanyang pananaliksik na ang presensyal sosyal at ang mayamang kultura ng media ang nagsisilbing daan sa mga pagbabago ng wika na nagiging dahilan sa pagbabago ng paggamit ng mga ito sa pormal na edukasyon kahit ang mga salitang ito ay hindi pambansa o maaaring gamitin sa silid-aralan.

Ayon sa pag-aaral na ginawa nina Baybay (2022), napakalaki ng epekto ng paggamit ng salitang balbal sa pag-aaral sa loob ng silid-aralan. Ilan sa natulasan sa kanilang pananaliksik na nagkakaroon ng maling ispeling o baybay sa mga salita at hindi nasusunod ang wastong gamit ng mga salita sa isang sulatin tulad ng pagsulat ng talata at sanaysay. Mayroon ding malaking epekto ang paggamit ng balbal na salita sa paraan ng pagsasalita tuwing mayroong oral na presentasyon o gawaing pasalita sa loob ng silid aralan.

Malinaw na isinasaad sa Saligang Batas (1987) ng Pilipinas Artikulo 14, seksyon ika-6 hanggang ika-9 na ang pambansang wika ng bansang Pilipinas ay Filipino na kinakailangang payabungin at pagyamanin. Sa ganitong punto kinakailangang ding magsagawa ng pananalikik tungkol dito dahil ito ay kinakailangan upang maging buhay ang nasabing wika.

Mayroong mahigit kumulang na 175 na wikain o diyalekto sa bansang Pilipinas. Kabilang dito ang Tagalog na mayroon ding iba't ibang barayti at nagkakaroon din ng mga pagbabago batay sa henerasyon. Mayroong dalampu't apat na porsyento pangkalahatang bilang ng mga Filipino sa Pilipina na gumagamit ng nasabing salitas, Eusebio, (2021).

Sa ganitong pangyayari napakalahagang sapat na edukasyon sa wika upang magkaroon ng isang mapayapang lipunan. Kinakailangang mapag-aralan ng bawat Pilipino ang iba't ibang wikain sa kaniyang bansa. Malaki ang maitutulong ng paraalan sa paghubog at pagpapayabong ng wika sa buong kapulunan. Ito ay malinaw na nakatala sa misyon ng kagawaran ng edukasyon. Nakasaad sa misyon ng DepEd na kinakailangan ituro ng mga guro ang asignatura o mga dapat matutunan ng mag-aaral na nakabatay sa kultura, at kaugnay ng kultura ay ang wika. Sa Batangas ang wikaing nakagisnan ng karamihan ay Batangan-Tagalog. Samakatwid, mahalagang matutuhan ng mag-aaral ang mga wikain sa Filipinas para sa isang matatag na lipunang Filipino, Garcia (2019).

Sa pag-aaral na ginawa ni Petras sa UP-Diliman, na nakatala sa aklat na nailimbag ng Komisyon ng Wikang Filipino (KWF) na pinamagatang *Babasahin sa Kultural na Malayuning Komunikasyon (2022*, binanggit na sa anumang pag-aaral ay hindi nakapagtatakang matutuhan ang salitang pandamdamin sa wikang sinasalita sapagkat ito ay nakabase na rin sa kultural na kalagayan ng Pilipinas. Dagdag pa niya, tulad ng salitang /*saya/* na isang katangian ng mga Pilipino, kailangang maisama ang kultural na danas ng tao sa salita o wikang gamit niya. Nailahad ng pananaliksik na ito ang partikular at makakompleksiyong pagbibigay-kahulugan sa /*saya/* na malinaw na kapansin-pansin sa wikang Filipino papunta sa paghango ng isang malawak na larangan ng pananaliksik na nagpapakita ng pananaw sa pandaigdig na aspekto ng mga Pilipino tungkol sa usaping damdamin, (Bernales,et al. 2019).

Ayon kay Branum-Martin et al. (2018), lumabas sa pagsusuri at pag-aaral na malaki ang implikasyon ng pagbabago ng panahon sa paggamit ng mga salita sa isang partikular na lugar, maaaring maapektuhan ang kasanayan sa pagsasalita ng wika at ang pagbabasa ng mga ito. Isang salik o implikasyon sa pagsasalita at pagbabasa ng mga ito ay ang teknolohiya. Nakabubuo ang isa o grupo ng tao ng mga salita gamit ang teknolohiya batay na rin sa kahingian at mga pagbabago.

Dagdag pa rito ang industralisasyon sa isang lugar na nagiging sanhi kaya dumarami ang tao na hindi naman lehitimong naninirahan sa isang partikular na lugar. Maaaring nahahaluan ng dayuhang salita at naaapektuhan ng mga ito ang paraan ng pagsasalita at pagbabasa ng mga tao.

Ayon sa coursehero.com (2022), napakahalagang malaman na ang paggamit ng kolokyal o balbal na mga salita sa pormal na pagsulat ng pananaliksik ay hindi maaari dahil ito ay maituturing na di-pormal na lumihis sa panuntunang dapat taglayin/sundin nito.

Sa pag-aaral ni Ciudad (2019), ang *internet slang words* ay nakakaapekto sa paraan ng pagsulat at pagbabasa ng mga tao. Subalit lalong kapansin-pansin ang epekto nito sa paraan ng pagsasalita ng mga tao. Dagdag pa niya, 85% (walumpu't limang bahagdan) sa mga *impormant* ang nagkaroon ng negatibong implikasyon sa paraan ng pagsulat lalo't higit sa pagbabaybay ng mga salita. Ayon sa kanya, isa sa salik ng ganitong pangyayari ay pagiging *instant* o kawilihan ng mga tao sa kasalukuyan sa konsepto ng *instant* na ang lahat ng bagay para sa mga tao ay isang mabilisang proseso. Kaya't ang bahagi ng kanilang ugnayan o pangkomunikasyong buhay ay naaapektuhan nang hindi nila namamalayan. Ibig sabihin lamang sa mga datos na nasa itaas walang kaibahan at walang pinipiling kasarian ang wika.

Kaiba ang natuklasan sa sinabi nina Fernandez at Tennen (2018), Garcia (2019), pinalaki ang kababaihan at kalalakihan sa magkaibang kultura. Ito ang dahilan kaya ang komunikasyon sa pagitan ng dalawang kasarian ay tinatawag na *cross-cultural* na komunikasyon. Dahil sila ay tumanda sa magkaibang kultura, ito ay nagbibigay-daan upang magkaroon ng magkaibang estilo sa pakikipagtalastasan. Ang ganitong pangyayari ay tinatawag na *genderlects*.

Ang kultura ay hindi palagian at hindi nagbabagong listahan ng mga bagay, tao, lugar, katangian, paniniwala, pananaw, kaugalian ng isang lipunan. Ang isang lipunan ay binubuo ng iba't ibang komunidad, pangkat, o samahan na hinuhubog sa iba't ibang konteksto ng kasaysayan, karanasan, uri, kasarian, lahi at etnisidad at maging henerasyon kung kaya't nakalilikha rin ng iba't ibang kultura. Kaya sa pag-aaral at pagtuturo ng kultura, napakahalaga ng pag-uugat sa iba't ibang konteksto Zafra, (2019)

Ayon kina Bernales et al. (2019) ang SPEAKING Model ni Dell Hymes ay binubuo ang sumusunod: (i) **Setting**, dapat isaalang-alang ng dalawang taong nag-uusap ang lugar na pinangyayarihan ng komunikasyon. Mahalaga ang espasyong kinaroroonan ng dalawang taong nag-uusap dahil nakaaapekto ito saproseso ng komunikasyon. Iba ang paraan ng pakikipag-usap kung ang isang tao o indibidwal ay nasa paaralan, palengke, simbahan at iba pa; (ii) **Participants**, kilalanin ang mga taong sangkot sa komunikasyon.

Maaaring magkaroon ng pagbabago sa proseso ng komunikasyon depende sa taong kinakausap. Iba ang paraan ng tao kung nakikipag-usap sa guro, pari, at tindera ng isda; (iii) **Ends**, Pag-alam sa layunin kung bakit nagaganap ang pakikipag-usap. Mahalaga ito upang malaman kung saang umiikot o iikot ang usapan. **Act Sequence**, upang magkaroon ng magandang takbo ang pakikipag-usap, alamin kung paano ito sisimulan at tatapusin. Ang daloy ng usapan ay nakadepende rin sa estruktura at nilalaman ng mga mensaheng inihahatid sa isa't isa. May mga usapang nauuwi sa pagkakaunawaan, pagkakabiruan at pagkakapikunan, at ang pinakamahirap, may mga usapang nauuwi sa pag-aaway

Dagdag pa rito, ang (v) **Keys,** mahalagang sa simula pa lang ng pag-uusap, alam na kung anong antas ng wika ang gagamitin. Ang kahalagahan ng pormal na wika kung kailangang gamitin tuwing may kausap na propesyonal, nakakatanda at iba pa. MAhalaga rin na dapat batid kung kailan gagamitin ng di pormal na salita lalo na kung kailangan kakilala at iba pa o personal na malapit na kausap; (vi)**Instruments**, ang midyum na pamamaraan at salitang gagamitin sa usapan; vii) **Norms**, tumutukoy sa mga panlipunang tuntunin kaugnay ng partikular na kilos at tugon ng mga taong sangkotsa proseso ng komunikasyon. Halimbawa, nakasanayan na ng mga Pilipino na ituring na hindi angkop na makisali sa usapan ng mga nakatatanda ang mga bata. Isa pang halimbawa ay ang pananaw ng mga Pilipino na hindi maaaring hayagang pag-usapan ang tungkol sa seks o pakikipagtalik lalo na kung mayroong mga kabataang kasama sa usapan; (viii)**Genre**, tumutukoy naman ito sa uri ng pagpapahayag na gagamitin. Maaaring ang isa ay magsalaysay,maglarawan, maglahad, at mangatuwiran batay sa pangangailangan sa usapan.

Tinukoy din ni Ocampo (2013; sa Estanislao 2019) na ang salitang balbal ay nagiging bahagi na ng bokabularyong Filipino upang maibigay ang wikang kinakailangaan ng lipunan. Itinuturing ito na Personal na Komunikasyon sa lahat ng uri ng pamumuhay sa isang lipunan. Ito rin ay kilala sa tawag na "salitang kalye".

Ang paggamit ng balbal na salita sa paaralan ay may malawakang epekto sa kalidad ng edukasyon, komunikasyon, imahe, impluwensiya, at pag-aaral ng mag-aaral. Kailangan ng disiplina at pagpapakita ng respeto sa kapwa sa pagpapahayag ng kaisipan at pagsasalita sa paaralan.

Nasisira ng mga wikang balbal ang imahe ng wikang Filipino, na patuloy na dumarami, pinagyayaman, at gamitin sa pormal na wika.

Pinatunayan ito sa pag-aaral na ginawa ni Noval (2021), na malaki ang epekto ng paggamit ng mga balbal na salita lalo na sa paaralan. Dahil sa modernisasyon hindi mapigilan ang pag-usbong at paglaganap ng paggamit ng balbal na salita ng mga tao. Dahil dito nagkakaroon ng malaking epekto sa pakikisalamuha at pakikipagtalastasan ang mga tao sa kaniyang kapwa.

*This study analyzed the structure and the reasons as to how slang language emerged at present time. This also sought to find out the influences which have big impact to the emergence of slang as modern language in this generation. The data were gathered through interviewing thirteen (13) participants and interpreted through descriptive phenomenological method of research. The study revealed that the most common structure in the formation of slang words is through combination. With this, slang words were used for entertainment, self-expression and personal identity, to be in trend and for socialization. It can also be seen from the study that technology, gadget, social media, peers and friends and the artists being idolized have a big impact in the emergence of slang words. As a conclusion, the emergence of slang words in the modern generation is related to the language situation existing in a society and as to how its speakers embrace and accept the language.*

Kaya't mahalaga na matukoy at malaman ng mga tao ang akmang lugar kung kailan lamang dapat ginagamit ang wikang balbal at kolokyal. Hindi kailanman dapat gamitin ang mga salitang ito sa isang pormal na edukasyon. Kinakailangan na ang gurong tagapagdaloy ng pagkatuto ay kinakailangang magkaroon ng sapat na kakayahan na iwasto ang kaniyang mag-aaral sa tuwing nakagagamit ng balbal na salita sa loob ng silid-aralan.

Gaya na lamang ng pahayag ni Pecho (2023), sila ay nagkakaroon ng OBF (Oras ng Bokabularyong Filipino) sa loob ng silid-aralan. Ang tanging layunin ng gawaing ito ay hindi malimutan ng kaniyang mag-aaral ang wikang Filipino o wikang Pambansa. Itong ganitong gawain ay nagiging daan upang mabuhay ang mga wika o salitang tinatawag na di pamilyar na tagalog o salitang Filipino. Ayon sa kanya, ang mga Pilipino pa mismo ang mukhang nagiging bagong tagapagsalita ng kanilang sariling wika dahil ang mga matatalinghagag ng salita ay hindi na nauunawaan ng mga kabataan.

*"Ang bayan mismo ang nagsasagawa ng paglikha, panghiram, pagbuhay sa lumang salita o pagbaluktot sa Wikang Filipino. Kaya sino pa din ang kaylangan para maiwasan o mabawasan ngunit tayo din naman. Upang masolusyonan ang problemang ito naisip naming gumawa ng paraan para mabawasan o mabalanse ang wikang Filipino sa papagitan ng pagtuturo ng tamang wika na tatawaging OBF. Para maisagawa ang amin layunin na bawasan ang wikang balbal ay nais namin na magkaroon ng oras sa paaralan para ituro ang bokabularyong Filipino sa tulong ng mga guro dito ay tatalakayin ang mga salita natin nakalimutan na upang pagyamanin. Kaylangan din naming ng tulong ng mga estudyante. Bilang estudyante ay ituturo natin ang ating natutunan tungkol sa paggamit ng wika sa mga kabataan na nakakalimutan ang tamang wika, ito ay para mabawasan ang paggamit*

*ng salitang balbal at mapagyaman ang sariling wika at sa aming pagtuturo sasabihin din namin ang iba't ibang epekto ng wikang balbal sa atin hihikayatin naming silang huwag gumamit ng wikang balbal. Hindi dapat kalimutan na ang wika ay kasangkapan para sa lahat ng mamamayang gumagamit nito. Lahat? Kaya kaylangan wikang Filipino, kasangkapan para sa lahat upang magkaintindiha, magkaunawaan at magkaisa. Oras, para mapayaman ang wikang Filipino at mabawasan ang wikang balbal."*

Inilahad ni Habijan (2018), na malaki ang epekto sa pormal na edukasyon ang paggamit ng salitang balbal. Mapanood din sa video sa youtube ang pahayag ni Javier (2017; sa GMA news online 2023), na likas sa kabataan ang pagbubuo ng salitang balbal subalit malaki ang epekto nito sa hugis ng wika at sa pagiging pormalidad nito bilang isang sagisag ng isang bansa.

Walang bastos na wika at walang wikang bastos, Sayas (2001 sa Beatris 2018). Sa pag-aaral na ginawa si Beatris (2018) tungkol sa wikang Filipino, hindi maaaring gamitin ang salitang "bulaklak" bilang pamalit sa salitang "puke" o salitang "batotoy" kapalit naman ng salitang "titi". Ayon sa kanya, ang mga salitang "bulaklak" at "batotoy" ay bahagi ng salitang balbal. Lumabas sa kaniyang pag-aaral na nahihiya ang mga kalahok na sabihin ng deretso ang "titi" at "puke" kaya naman gumagamit ang mga ito ng ibang salita na malapit sa konsepto ng totoong salita. Sa intelektwal na mundo hindi katanggap-tanggap ang ganitong pangyayari, sapagkat kinakailangan na ang guro sa paaralan ang magturo ng wastong salita na dapat ginagamit ng mag-aaral. Nagkakaroon ng maling pagtuturo kung mismong guro ang hindi kayang magsalita o gamitin ang wastong salita na nasa konsepto ng sensitibo.

Idinagdag pa rin niya, Sa pag-uusap tungkol sa mga sensitibong usapin sa paaralan, maaaring magkaroon nang mas malalim na pag-unawa at pagpapahalaga sa pagkakaiba-iba ng mga tao. Maaari din itong magbigay ng pagkakataon para sa mag-aaral na matuto tungkol sa mga isyung may kaugnayan sa lipunan at magkaroon ng kritikal na pag-iisip at pagsusuri sa mga ito.

Ang pag-uusap tungkol sa mga sensitibong usapin ay maaaring magbigay ng pagkakataon para sa mag-aaral na magbahagi ng kanilang mga opinyon at karanasan sa iba pang mag-aaral at guro, na maaaring magdulot ng mas malalim na ugnayan at pakikipagkaisa sa loob ng paaralan.

"*Sabi ng propesor ko sa Filipino, "kinukulong natin ang wikang Filipino." Sa tuwing ang isang salitang Filipino ay iniuugnay daw natin sa malisya at kabastusan, ito araw ay kinukulong natin. Matagal ko nang napagtanto ang kanyang sinabi. Bakit nga ba sa tuwing gagamitin natin ang wikang Filipino, ang tingin natin dito'y mababang klaseng wika at ika nga'y hindi sosyal?*

*Ang hinalimbawa ng aking propesor ay ang paggamit natin ng mga salitang Ingles kahit may katumbas naman ito sa ating sariling wika. Para bang gamitin mo na ang ibang wika 'wag lang ang 'yong Wikang Pambansa. Halimbawa, bakit sa tuwing babanggitin ang ari o private part ng mga tao, ginagamitan pa ng salitang Ingles imbes na Filipino? Nagiging bastos ba ito kung sa Filipino? Bakit ayos lang gamitin ang 'vagina' at bastos kung 'pekpek'? Bakit ayos lang gamitin ang 'penis' at bastos kung 'titi'? Bakit bastos din ang mga salitang 'bayag', 'salsal', 'libog', 'suso' o 'bulbul' ngunit kung sa Ingles ay tinatanggap naman natin?*" (Villanueva, 2018).

Ang mga taong nagmumula sa iba't ibang mga lugar ay maaaring magkaroon ng mga kaibahan sa wika, kultura, at pananaw sa buhay. Ang pagkakaroon ng magkaibang mga wika at kultura ay maaaring magdulot ng hindi pagkakaintindihan sa pagpapaliwanag ng mga bagay-bagay, Ciudad (2019).

Dagdag pa ni Nelde (1997; sa Vinegas 2018) na ang ugnayan ng dalawang etnikong grupo na mayroong magkaibang wika ay madalas na hindi humahantong sa payapa at panatag na pamamaraan. Kadalasan ay mayroong namumuong tensyon o alitan na nagiging daan sa hindi pagkakaunawaan.

Ang balbal ay hindi dapat ginagamit sa paaralan. Ito ay isang uri ng wika na hindi opisyal at hindi kasama sa mga naitakdang patakaran at regulasyon ng isang wika. Ito ay karaniwang ginagamit sa mga pribadong lugar o sa mga grupo ng tao na mayroong kani-kanilang pananalita o grupong kinabibilangan. Sa paaralan, kadalasang itinuturo ang mga opisyal na wika na mayroong mga tamang gramatika, baybayin at pagkakasulat. Ang paggamit ng balbal ay maaaring makasama sa edukasyon at maaaring magdulot ng hindi magandang impluwensiya sa pag-aaral ng mga estudyante. Ang tamang paggamit ng wika ay mahalaga sa pagpapahayag ng kaisipan at pakikipag-ugnayan sa mga taong nasa paligid, Bernales et. al (2018).

Ayon kay Rosienie (2021), mahalaga na ituro ang mga sensitibong usapan sa paaralan upang magkaroon ng malawakang pag-unawa at kaalaman ang mag-aaral tungkol sa mga sensitibong isyu at kung paano ito dapat malutas. Ito ay maaari ring magbigay ng tamang kaalaman at kasanayan sa pagtugon sa mga sitwasyon ng diskriminasyon, pang-aabuso, at iba pang mga uri ng hindi magandang pagtrato sa loob ng paaralan.

Dagdag pa niya, ngunit, mahalaga ring tandaan na ang pagtuturo ng mga sensitibong usapan ay dapat gawin sa tamang konteksto at gamit ang tamang mga salita at sitwasyon. Ang mga guro at iba pang mga tagapagturo ay dapat magbigay ng sapat na kaalaman at pag-unawa sa mag-aaral tungkol sa mga sensitibong usapan upang maprotektahan ang kanilang mga damdamin at pangangatawan mula sa posibleng epekto ng usapin.

Sinabi rin ni Brinas (2021), hindi maganda ang pagtitig ng guro sa silid-aralan ng mag-aaral. Ang ganitong uri ng pagtingin ay maaaring magdulot ng pagkakaroon ng maling impresyon o pagkakaintindi sa mag-aaral. Ito ay maaaring makaramdam ng pagkakaroon ng masamang loob at pagkakaroon ng mababang tingin sa kanilang kakayahan.

Dagdag pa niya, sa halip na pagtitigan ng masama ang silid-aralan ng mag-aaral, dapat ay maging positibo ang pananaw ng guro sa kanilang mag-aaral. Dapat nilang bigyang-pansin ang bawat mag-aaral at maging mapagmatyag sa kanilang mga pangangailangan upang mapabuti ang kanilang pagkatuto.

Higit sa lahat, kung mayroon mang mga suliranin sa pag-aaral, dapat itong masolusyunan sa paraang hindi nakadaragdag ng pagkakaroon ng mababang tingin sa mag-aaral. Ang tamang pagtutulungan ng guro at mag-aaral ay magbibigay ng magandang resulta sa pagkatuto at pagpapabuti ng kanilang mga kakayahan.

Nakatala sa inilathalang aklat nina Bernales et. al (2018), ang pagwawasto ng gramatika ay mahalaga dahil ito ang nagpapakita ng tamang paggamit ng mga salita at kung paano ito magtatagpo upang magbuo ng maayos na pangungusap. Sa pagkakaroon ng tamang gramatika, mas madaling maiintindihan ang mensahe ng isang teksto, talata, o sulat.

Dagdag pa niya, ang pagkakaroon ng tamang gramatika ay nagpapakita rin ng pagiging propesyonal at organisado ng isang tao. Sa mga akademikong sulatin o propesyunal na sulatin, kadalasan ay kinakailangan ang tamang paggamit ng gramatika upang masiguro na malinaw at tama ang mensaheng nais iparating. Higit sa lahat, ang pagwawasto ng gramatika na nagpapakita rin ng respeto sa sarili at sa mga taong babasa o makakausap ng isang tao. Ito ay dahil hindi nagpapakita ng kawalang-interes sa pag-unlad ng sarili, sa sariling kaalaman, at sa pagiging maayos sa pakikipag-usap sa kapwa. Sa madaling salita, ang pagwawasto ng gramatika ay isang paraan upang ipakita ang respeto at pagpapahalaga sa sarili at sa mga taong nakapaligid.

*Remember that the students need to feel respected, understood, and safe. Dsicipline is not about punishment. It is not always easy to respond constructively in challenging situations. Positive Discipline takes through practice.*

*Positive Discipline can guide all teachers' interactions with their students, not just as challenging ones. It also can guide their teaching of academic skills, not just social and behavioral skills. It is important to think ahead and plan a response, Durant (2020).*

Ang positive discipline ay isang paraan ng pagtuturo at pagpapalaki na nakapokus sa pagtutulungan ng guro at mag-aaral upang magkaroon ng maayos na pakikitungo sa isa't isa. Sa halip na gumamit ng mga parusang pisikal o emosyonal para sa mga kamalian ng mag-aaral, ang positive discipline ay nagbibigay ng mga kasanayan sa pagpapakita ng pagmamahal, pagpapakita ng respeto, pagbibigay ng pagkakataon sa mag-aaral na magpakita ng kanilang kakayahan, at pagbibigay ng patas at makatwirang mga patakaran. Kaya't ang simpleng pagpili ng mga salitang bibitawan sa harapan ng mag-aaral ay maituturing na isang huwarang gawain ng isang guro.

Dagdag pa ni Durant (2020), nakatutulong ito sa pagbuo ng mag-aaral ng positibong pag-uugali at kasanayan sa pakikipagkapwa-tao. Sa halip na maging agresibo o pasaway, natututo ang mag-aaral na magpakita ng paggalang at pagmamahal sa kanilang kapwa, at magpakita ng pagiging mabuti sa iba.

*The news online article of Martin (2023) entitled "Texting slang creeps into students' writing" published by News Journal, about two-thirds of the middle and high school teachers surveyed in the Pew study said that digital tools make students more likely to take shortcuts in their writing and nearly half said these tools make students more likely to "write too fast and be careless." The teachers also met for small focus group sessions, with many reporting "an increasingly ambiguous line between 'formal' and 'informal' writing" and the use of informal language and style in formal writing assignments. Local teachers and others say they see this trend, too. These reports concluded that teachers were aware of how internet slangs were formed by the students using shortcuts and abbreviations.*

Hindi naiiwasan ng mag-aaral na gumamit ng maling salita o hinddi wastong gamit ng salita sa loob ng paaralan dahil sa kapaligirang kinalakihan ng mag-aaral. Gayundin ang hindi maayos na dulot ng teknolohiya. Natututo ang mag-aaral ng mga pagpapakling salita na hindi naiiwasang magamit ng mga ito sa gawaing pampaaralan sa kasanayang pasalita at pasulat.

*As supported by the Preece Reports in 2013 in which there were five thousand teachers who were involved in the study, forty (40) percent of these teachers believed that "social media has hurt their students' writing skills."*

Sinuportahan naman ni Preece (2013) na ang *social media* ang may malaking impluwensya sa pagkatuto ng mag-aaral sa mga salitang balbal at kolokyal na salita. Lumabas sa isang pag-aaral na may 40% ng mga guro ay naniniwala na ang teknolohiya ang sanhi ng mga 'di maiwasang magpagamit ng mag-aaral sa mga balbal at kolokyal na salita.

Ayon nga kina Bernales et. al (2020), ang pagwawasto sa pagbibigay ng opinyon ay mahalaga dahil ito ay nagpapakita ng pagiging maingat at responsable sa pagpapahayag ng sariling pananaw sa mga pangyayari o sitwasyon, at isa sa magandang daluyan ng pagpapahayag ay ang pelikula.

Bigyan ng pagkakataon ang mag-aaral na maipakita ang kanyang kakayahan upang mapalakas ang kanyang kumpiyansa sa sarili, upang magkaroon ng oportunidad na patunayan ang kaniyang kakahayan sa mga bagay-bagay. Hindi na akma ang tradisyunal na pagtuturo na kung saan ay mayroong corporal punishment. Ang pagkatuto ay sa pagitan ngkawilihan at kinapapangambahan, Brinas (2023).

*Self-efficacy is a well-known psychological resource, being positively associated with increased performance. Furthermore, results from field studies suggest a positive impact of self-efficacy on flow experience, which has not yet been tested experimentally. In this study, we manipulated self-efficacy by means of positive feedback and investigated whether self-efficacy serves as a mediator in the relationship between positive feedback and flow and in the relationship between positive feedback and performance. Our sample consisted of 102 participants (63 female, 39 male). The experimental group received positive feedback after completing 5 min of mental arithmetic tasks on a computer, whereas the control group received no feedback. A second session of a mental arithmetic task was then completed for 5 min. Mediation analyses confirmed that specific self-efficacy mediated a positive effect of positive feedback on flow as well as on both performance measures (quality and quantity) in a subsequent task. However, direct effects of feedback on flow and on performance were not significant, which suggests the presence of other mechanisms that remain to be investigated, Aust (2020).*

Batay sa nakalap na datos sa pag-aaral na ginawa nina Aust et. al (2020), may malaking epekto sa pagkatuto ng isang mag-aaral ang pagbibigay ng positibong puna ang guro sa bawat ikinikilos ng isang mag-aaral sa loob ng silid-aralan.

*Getting to know who your students are as individuals can help you to provide an inclusive, respectful and accepting classroom environment. This will not only help to keep your students highly engaged in learning, but will also provide a safe space for them when navigating tough times that will encourage them to open up and seek support when needed.*

*Some students may feel too shy to speak up in classroom discussions and may not enjoy large-group tasks or volunteering to deliver presentations as much as another student might. Instead, these students could feel more comfortable expressing their views through online forums, one-on-one conversations or via suggestion boxes. Allowing for these differences by using a variety of teaching strategies can help all students experience success while developing their confidence in other areas, Heath (2019).*

Mahalaga na kilalanin ang mag-aaral dahil ito ay magbibigay ng malawak na kaalaman sa mga guro at iba pang kawani ng paaralan tungkol sa mga pangangailangan, kakayahan, at mga interes ng bawat mag-aaral. Sa pamamagitan ng pagkakaroon ng malalim na pang-unawa sa bawat mag-aaral, mas magiging epektibo ang pagtuturo at mas magiging produktibo ang bawat klase.

Ayon kay Beltran et. al (2022), nakatala sa modyul sa edukasyon sa Pagpapakatao na ang pag-uusap tungkol sa pangarap at buhay ay mahalaga sa loob ng paaralan dahil ito ay nagbibigay ng malalim na kahulugan sa pag-aaral. Sa pamamagitan ng pagtalakay sa mga pangarap at layunin ng mag-aaral, nagbibigay ito ng kahulugan sa kanilang mga gawain sa loob at labas ng paaralan. Ito ay nagbibigay ng inspirasyon at motibasyon upang magpatuloy sa kanilang mga pag-aaral.

Dagdag pa niya, sa pag-uusap tungkol sa buhay, nagiging bukas ang pagtalakay tungkol sa mga hamon at karanasan sa buhay ng mag-aaral. Ito ay nakakatulong sa pagpapalawak ng kanilang kaalaman at pag-unawa sa mga tunay na hamon ng buhay. Bukod pa rito, ito ay nakatutulong sa pagbuo ng kahusayan sa pagpapasya at paglutas ng mga suliranin na maaaring harapin sa kanilang mga buhay.

Malaki rin ang naitutulong ng makabagong estratehiya sa pagtuturo tulad ng mga nakatala sa *21st Century Learning Activities*. At ang mga ganitong uri ng mga gawaing pampaaralan ay malayang niyakap ng kagawaran ng edukasyon sa Pilipinas at ang bawat guro ay kinakailangang isagawa ang ganitong mga gawain upang ang pagkatuto at pagtuturo ay maging positibo sa pagitan ng guro at mag-aaral. Ang isa sa halimbawa ng ganiton gawain ay tinatawag na *differentiatied instructional activity* na naglalayong magkaroon ang lahat ng mag-aaral ng pagkakataon sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto.

Batay sa ginawang Learning Action Cell sa Tanauan City Integrated High School (TCIHS) inilahad ni Mendoza (2023) na ang *differentiated instructional activities* ay nagbibigay ng mas mataas na antas ng pagkakataon sa lahat ng mag-aaral. Sa paggamit ng differentiated instructional activity, ang lahat ng mag-aaral ay mayroong pantay na pagkakataong matuto, lumago at magtagumpay. Ito ay nagbibigay nang mas mataas na antas ng pagkakataon sa mag-aaral na mayroong magkaibang antas ng kakayahan, interes at pangangailangan.

Gaya ng inilahad ni Butch Brinas (2021) sa ginanap na seminar sa Division ng Tanauan City noong panahon ng pandemya at pinamagatang *Child Protection Policy and Positive Discipline in Everyday Teaching*, ang positibong pagtuturo ay isang paraan ng pagtuturo na naglalayong magbigay ng magandang karanasan sa mag-aaral. Ito ay nagbibigay ng masayang karanasan sa pag-aaral, nagbibigay ng kumpiyansa sa mag-aaral, at nagpapakita ng positibong pananaw sa kanilang pagkatuto. Narito ang ilang halimbawa ng positibong pagtuturo: (i) Pagbibigay ng pagkilala sa mag-aaral kapag nagtagumpay sila sa kanilang pag-aaral; (ii) Pagpapakita ng

pagpapahalaga sa mag-aaral at pagbibigay ng oportunidad upang maipakita nila ang kanilang kakayahan; (iii) Pagpapakita ng pasasalamat sa mag-aaral at pagbibigay ng *feedback* na naglalayong mapabuti ang kanilang pagkatuto; (iv) Pagtitiyak na ang pagtuturo ay naglalayong mapabuti ang kakayahan ng mag-aaral; (v) Pagbibigay ng mga halimbawa at karanasan upang maipakita ang kahalagahan ng pag-aaral; (vi) Pagpapakita ng malasakit sa mag-aaral at pagtitiyak na sila ay naiintindihan at naaalagaan.

Inilahad ni Bantog (2022), sa kanyang pag-aaral tungkol sa *Stealth Assessment* sa Disiplinang Filipino - ang bawat indibwal na marunong sumulat, bumasa, at magbilang ay sapat upang makasama sa bilang ng mga maaring magtrabaho. Sa paghahanda ng mag-aaral sa ika-21 siglo ay nangnagailangan ng makabagong paraan ng pag-iisip tungkol sa kaalaman at kakayahan (*compentencies)* na itinuturo sa buong bansa. Sa ating sistema ng edukasyon sa kasalukuyan ay kailangang bumuo ng katanggap-tanggap na pagtataya sa pagsukat ng kaalaman at kakayahan ng isang mag-aaral o *competencies* na tuwirang maiuugnay at magagamit sa pang araw-araw na buhay ng tao.

Isa sa pangunahing paraan sa pagtataya ng pagkatuto ng mag-aaral ay sa pamamagitan ng mga pagtatasa. Malaking hamon at palaisipan na dapat matugunan ng mga guro ay tungkol sa epektibong pagsukat sa kaalaman at natutuhan ng mag-aaral sa loob ng paaralan. Sa pag-aaral nina Bridgett Michelle Lawrence (2010; sa Bantog 2022), *Classroom assessment is one of the most important tools teachers can use to understand the needs of the students.* Pinahihiwatig sa pahayag na ito na malaking ang tungkuling ginagampanan ng *"assessment"* bilang panukat ng natamong kaalaman ng mag-aaral upang malaman ang kahinaan at kalakasan ng isang indibidwal.

Kaya naman ayon kay Teacher E ay ang tanging ginagawa lang niya ay binibilugan lamang ang mga salitang kolokyal at balbal sapagkat ang pagtataya ay isa lamang batayan sa kung ano ang kahinaan at kalakasan ng isang indibidwal.

Ang mga guro ng wika ay alam ang kahalagahan ng *feedback* sa pagtuturo ng Wika upang agarang maitama ang pagkakamali ng mag-aaral at makatutulong na magkaroon oportunidad na matuto sa kaniyang sarili. Ayon pa kay Dianne Todd (2009; sa Bantog 2022), *Traditionally, schools educate students by downloading information from the teacher's mouth to the students' brains*. Ayon naman ni Petro Feketa (2009; sa Bantog 2022), "Knowledge must be expressed to be assessed." Ipinahihiwatig na ang impormasyong natatanggap ng mag-aaral ay nagmumula

sa guro sa tradisyunal na paaran. Nagsisilbing patunay na marami sa mag-aaral ang hindi umaangat ang antas ng pagkatuto sapagkat nalilimitahan ang mga impormasyon na kanilang nalalaman.

Nakatala sa artikulo ni Ki (2020), mahalaga ang kawastuhan sa paggamit ng wika o antas ng wika sapagkat ginagamit ang wika sa pakikipagkalakalan, diplomatikong pamamaraan ng bawat pamahalaan at pakikipagpalitan ng kaalaman sa agham, industriya at teknolohiya. Bukod dito, bilang pakikipagtalastasan ito ay ating nagagamit sa pagtungo, sa ating hanapbuhay at paninirahan sa ibang bansa.

Pinagtibay ito ni Bernales (2019), ang wastong gamit ng wika ay nagbibigay ng pagpapahalaga sa wika bilang isang mahalagang bahagi ng ating kultura at kasaysayan. Sa pamamagitan ng pagwawasto sa gramatika, nagbibigay ng respeto at pagpapahalaga sa wika bilang isang instrumento ng komunikasyon at pagpapahayag ng mga ideya.

Dagdag pa ni Albruiz (2020), ang kawastuhan ng gamit sa wika ay napakalahaga sa proseso ng komunikasyon. Maaaring magkaroon ng hadlang sa pang-unawa ang isang tao kung hindi wasto ang gamit ng kausap sa wikang ginanagamit. Ayon pa sa kaniya ang konsepto ng balbal na wika ay nagiging malaking hadlang sa isang matiwasay na proseso ng komunikasyon. Sapagkat ang balbal na wika ang may pinakamabilis na pagbabago at pagdaragdag kumpara sa ibang antas ng wika.

Ang paggamit ng balbal at kolokyal na salita sa paaralan ay mayroong magandang at hindi magandang epekto. Ang mahalaga ay matuto ang mag-aaral na magpakaayos sa paggamit ng wika sa mga tamang sitwasyon at hindi gumamit ng mga salitang hindi naaangkop sa kanilang konteksto, Cruzat et. al (2022).

Hindi naiiwasan ng mag-aaral na makagamit ng balbal at kolokyal na salita sa paraan ng pagsulat at pagsasalita. Ang pagiging bukas ng kanilang mga karanasan ang nagiging daluyan ng maling impormasyon sa wastong gamit ng gramatika.

*Crystal (2008; sa Ciudad 2017) sees the positivity of Internet slang expressions in extending the range of the language, the expressiveness of the language, and the richness of the language, and he even believes that William Shakespeare would love that (National Public Radio, 2006). While Crystal is not very concerned about significant changes which might result from the influence of the Internet on language, Lee (2013; sa Ciudad 2017) believes that Internet language will further impact the conventional language, will become accepted, and will initiate a revolution in language education as well. Language educators can only wait and see what the future*

*brings. However, Lee (2013; sa Ciudad 2017) makes a good point when he argues that since the fusion of Internet language and daily language is unavoidable, we should rather address the question of how to mediate the conflicts between Internet language and conventional language than to continue with the meaningless debate whether the Internet benefits or damages the existing language. This is certainly an issue which should be addressed in future linguistic debates.*

Batay sa inilahad nina Crytal at Lee (2008, 2013) mayroong positibong awput ang pagkatuto ng mag-aaral sa balbal at kolokyal na salita dahil madali nilang mailahad ang kanilang mga saloobin at damdamin sa isang partikular na paksang tinatalakay ng mga guro sa wika.

Ayon kay Clamor (2023), Maging bukas ang bawat isa sa mga opinyon ng iba, ngunit kailangan munang suriin kung ito ay makabubuti o makasasama hindi lamang para sa sarili kundi para sa lahat. Kung may pagkakataong hindi nagustuhan ang naibigay na opinyon, maging mahinahon lamang sa pakikipag-usap, palaging isaalang-alang ang mararamdaman ng taong nagbigay nito.

Dagdag pa niya, iwasang magbigay ng mga mungkahi o opinyon na makakasakit ng damdamin ng ibang tao. At higit sa lahat, kung may isang paksang tinatalakay o pinag-uusapan, hingin ang opinyon o saloobin ng lahat, pagkatapos ay pagsama-samahin ang mga ito, timbangin ang mga maaring gawin at saka magkaroon ng konklusyon.

Sa ginawang pag-aaral nina Cruzat et al. (2022), mahalaga na isang guro ay gumagamit ng rubrics sa mga gawaing pasulat at pasalita sa loob ng silid-aralan. Lumabas sa datos ng kanilang pag-aaral na ang isang rubric ay isang organisadong lista ng mga kategorya o aspekto ng isang gawain na mag-aaral ang dapat suriin at isaad ang mga pamantayan kung saan magiging basehan ng ebalwasyon. Halimbawa, sa pagbibigay ng opinyon, ang mga kategorya o aspektong maaring suriin upang magkaroon ng sapat na datos, kahusayan sa pagbibigay ng paliwanag, angkop na pagsusuri at interpretasyon, at kaayusan ng pagkakalahad.

Dagdag pa nila, sa bawat kategorya o aspekto, magkakaroon ng mga pamantayan na dapat sundin ng mag-aaral upang makamit ang mataas na antas ng kagalingan. Sa paggamit ng rubric, mas madaling magpasya ang mga guro sa antas ng kakayahan ng mag-aaral at magbigay ng detalyadong feedback sa kanilang performance.

Ang debate ay may estrukturang pagtatalo na kung saan ang dalawang panig o pangkat ay naglalahad ng magkasalungat na ideya o pangangatwiran ukol sa napagkaisahang paksa. Ang kadalasang paksa sa debate ay mga kontrobersyal o napapanahong isyu. Ang panig na sumasang-ayon sa paksa ay tinatawag na proposisyon, samantalang ang oposisyon naman ang panig na sumasalungat.

Isinasagawa ang debate upang maipakita at maipahayag ang iba't ibang posisyon at argumento ukol sa isang paksa nang sa gayon ay maabot ang konklusyon. Layunin ng debate na makapanghikayat na panigan o paniwalaan ang inihahayag ng kalahok base sa pangangatwiran nito. Sa debate, nalilinang ng kalahok o bawat panig ang kakayahan sa pagsasalita, mag- isip nang mabilis at wasto o may kabuluhan, maging ang paghasa sa kakayahang mangatwiran. Sa isang pormal na debate, ang mga kalahok ay may pantay na oras o pagkakataon upang mailahad ang kanilang pangangatwiran at pagpapabulaan o *rebuttal.* Upang masigurado na sumusunod sa nakalaang oras ang mga kalahok ay may nakatalagang *timekeeper* para sa pagtatalo, Lupig (2021).

Tinuran ni Villagonzalo (2020), ang pagbibigay ng opinyon ay isang mahalagang aspekto ng pakikipagtalastasan. Ito ay isang paraan ng pagpapahayag ng ating mga saloobin at mga pananaw tungkol sa isang paksang pinag-uusapan. Hindi maiiwasan na magkaroon ng debate o pagtatalo sa pagbibigay ng opinyon dahil maaaring magkaiba ang pananaw ng bawat isa. Dagdag pa niya, ang pagtatalo o debate ay isang proseso kung saan nagbabahagi ng kanilang opinyon ang mga kalahok at nagpapahayag ng kanilang mga argumento. Sa pamamagitan nito, maaaring mas malinaw na maipaliwanag ang mga punto at magkaroon ng mas matalinong desisyon. Mahalaga na sa pagtatalo o debate, dapat ay may respeto at pag-unawa sa bawat isa upang maiwasan ang mga hindi magandang karanasan sa pakikipagtalastasan. Sa pagbibigay ng opinyon, mahalaga rin ang pagiging bukas sa mga bagong ideya at pananaw. Hindi lahat ng ating mga pananaw ay tama o sapat, kaya't mahalagang makinig sa mga kritisismo at puna ng iba. Sa pamamagitan nito, maaaring magkaroon nang mas malawak na pag-unawa sa isang paksang pinag-uusapan. Samakatuwid, ang pagbibigay ng opinyon ay isang mahalagang bahagi ng ating pakikipagtalastasan. Sa pamamagitan nito, maaaring malinaw na mailahad ang ating mga saloobin at pananaw tungkol sa isang paksang pinag-uusapan. Ang debate ay maaaring maging isang magandang paraan upang mas malinaw na maipaliwanag ang mga argumento at magkaroon ng mas matalinong desisyon.

Sa ginawang pag-aaral nina Javier (2022), natuklasan na mas epektibong paraan sa pagtuturo ng panitikan ay ang paglalapat ng mga sariling karanasan ng mag-aaral batay sa pangyayari sa mga tauhan sa akdang tinatalakay. Nagiging makabuluhan ang awput ng pagkatuto at nagiging natural ang pagbubukas ng mag-aaral sa kanilang mga karanasan. Ito ay maituturing na *authentic learning outcome*.

Inilahad ni Rentoria (2018; sa Javier 2022), ang authentic learning ay isang pang-edukasyong pamamaraan na nagbibigay-diin sa mga praktikal at real-world na aplikasyon ng kaalaman at kasanayan. Layunin nitong matulungan ang mag-aaral na magkaroon nang mas malalim na pag-unawa sa isang paksa sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok at paggamit ng kaalaman sa isang makabuluhan at praktikal na paraan.

Sa awtentikong pagkatuto, hinahamon ang mag-aaral na pag-aralan ang mga paksa na may kinalaman sa kanilang mga personal na interes at buhay. Binibigyan sila ng pagkakataon na magtulungan, gumawa ng mga komplikadong proyekto, at malutas ang mga tunay na buhay na suliranin. Ang layunin ay magkaroon ng kasanayan at kaalaman na maaaring magamit sa iba't ibang mga setting, hindi lamang sa pagsasaulo ng impormasyon para sa pagsusulit.

Gaya ng tinuran sa libro nina Bernales et al. (2019), Ang pagpapahayag ng opinyon ay mahalaga dahil ito ay isa sa mga paraan upang maipahayag ang sariling pananaw o pagtingin tungkol sa isang bagay o pangyayari. Ngunit, kung hindi tama o hindi wasto ang pagkakapahayag ng opinyon, maaaring magdulot ito ng maling pagkakaintindi o hindi pagkakaunawaan sa pagitan ng nagsasalita at ng kanyang mga tagapakinig.

Nakatala sa libro nina Bernales,et. al (2019), ang komunikasyon ay isang pangangailangang makisalamuha o makihalubilo ng indibidwal sa kanyang kapwa. Walang malinaw na relasyong mabubuo ang dalawang indibidwal kung walang komunikasyong nagaganap sa pagitan nila. Imposible ring magkaroon ng matagumpay na buhay ang isang indibidwal na hindi man lang marunong makihalubilo sa kanyang kapwa. Sa ganitong punto, mapatutunayan na ang walang matinong komunikasyon ay wala ring matinong pakikipagkapwa. Isa sa dahilan ng kawalan ng matinong komunikasyon ang dalawang indibidwal ay ang pagkakaiba ng kanilang kultur ana kinalakihan. At kaugnay ng kultura ay ang kanilang wikang ginagamit sa pakikipagtalastasan. Ang pagkakaroon ng ganitong hadlang ay kawalan ding espasyo sa pagkatuto sa silid-aralan.

Pinatunayan ito ni Edward Tylor (1871; sa Panopio at Santico-Rolda, 1992; sa Bernales et. al 2019) na isa sa sagabal sa mabuting komunikasyon ay kultural na sagabal. Dagdag pa ni Tylor, ang kultura ay tumutukoy sa isang masalimuot na kabuuan o pinagdamang karunungan, mga paniniwala, sining, batas, moral, mga kaugalian at iba pang mga kakayahan at mga ugaling nakamit ng tao bilang isang miyembro ng lipunan. Sa proseso ng komunikasyon, malaki ang kinalaman ng kultura upang maging matagumpay ito. Dahil sa pagiging malawak at masalimuot ng kahulugan ng kultura, kung ang isang kalahok sa proseso ng komunikasyon ay kulang sa lawak at lalim sa mga bagay na ito, tiyak na magaganap ang hindi pagkakaunawaan. Sa katunayan, marami nang komunikasyon ang hindi nagtatagumpay bunga ng pagkakaiba ng kultura ng mga kalahok at kawalan ng malalim na kaalaman ukol dito. Kaugnay nito, mahalagang maisaalang-alang ng bawat kalahok ang kultura ng bawat isa. Bukod sa nangangahulugang ito ng pag-alam sa kultura ng kausap, nangangahulugan ding ito ng pagiging sensitibo sa lahat ng pagkakataon sa tuwing nakikipag-usap.

Para sa mas malinaw na kaugnayan ng kultura at wika sa komunikasyon, inuri ni Edward Hall (1959; sa libro nina Bernales et. al, 2019), ang kutura ay may dalawang kategorya batay sa pamamaraan sa pagpapadala ng mensahe. Ito ay *ang low-context culture* at ang *high-context culture*. Ayon sa kaniya ang naunang kategorya ay ginagamit ang wika nang direkta upang maipahayag ang ideya, nararamdaman, saloobin at opinyon ng isang indibidwal at ang ikalawa naman ay ang pagpapakahulugan sa mga salitang ginagamit ng isang indibidwal na kabilang sa isang lipunan.

**Sintesis**

Ang wika ay mahalagang kasangkapan ng tao para sa pakikipagtalastasan, subalit marami rin itong hadlang upang hindi magkaunawaan ang mga tao sa kanilang pakikipagkapwa. Kasangkapan din ang wika sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto ng mag-aaral at Malaki ang nagiging tulong nito upang maging epektibo ang nasabing proseso. Sinuri ng mananaliksik ang pagkakapareho at pagkakaiba sa pagitan ng pag-aaral ng ibang mananaliksik at sap ag-aaral ng mananaliksik sa kanyang pag-aaral.

Sina Branum – Martin et al. (2018), Garcia (2019), Pencho (2023), ay nagsaliksik tungkol sa pagpapayabong at paggamit ng wikang dayalekto at ng wikang Pambansa. Ayon sa kanila malaki ang epekto ng panahon sa pagpapayabong wikang Pambansa at dayalekto. Ang panahon ay maaaring magdulot ng pag-unlad o pagkawala ng mga diyalekto at wika sa iba't ibang rehiyon. Maaaring ang pagbabago ng panahon, tulad ng urbanisasyon o migrasyon, ay magdulot ng pagkawala ng mga lokal na wika at pagdami ng mga wikang pangunahin tulad ng Filipino o Ingles. Sa kabilang banda, maaaring magkaroon din ng pag-unlad at pagpapahalaga sa mga lokal na wika bilang isang pagsusulong ng kultural na identidad at pagpapahalaga sa pagkakaiba-iba ng mga wika. Ang mananaliksik ay natuklasan sa pag-aaral na mayroong epekto ang panahon sa paggamit ng wika at ito ay nakatuon sa kolokyal at balbal na salita. Sa bawat panahon ay kani-kaniyang mga wika at ito ang nagsisilbing patunay na ang wika ay nabubuhay sapagkat ito ay nagbabago.

Ang pananaliksik ni Cuidad (2019) ay mayroong pagkakapareho sa pag-aaral ng mananaliksik. Nakatuon ang kay Cuidad (2019) sa mga buhay na karanasan ng mga guro sa wikang Ingles sa paggamit ng mga internet slang words samantalang ang pag-aaral ng mananaliksik ay tungkol naman sa balbal at kolokyal sa kadalasang nagagamit ng kabuuan sa loob at labas ng silid-aralan.

Nakatala sa ginawang pag-aaral ni Beatris (2018), natuklasan ni Sayas (2001) ang kadalasang pag-iwas sa pagsasalita ng mga salitang puke at titi ay nagiging dahilan sa pagbubuo ng mga balbal na salita, sapagkat ang mga salitang nabanggit ay bastos. Ayon sa kanilang pag-aaral walang salitang bastos kaya't normal lamang na banggitin ng mga tao ang salitang puke at titi. Lumabas din sa natuklasan ng mananaliksik sa pag-aaral na ito na ang mga respondente ng pag-aaral ay mayroong mentalidad na tulad ng mga natuklasan sa naunang pag-aaral.

Sa ginawang pag-aaral naman ni Vinegas (2018), nakatala ang natuklasan ni Nelde (1997) na mayroong malaking ugnayan ang hindi pagkakaunawaan ng mga etnikong grupo na mayroong magkaibang wika. Madalas itong humahantong sa payapa at panatag na pamamaraan. Kadalasan ay mayroong namumuong tensyon o alitan na nagiging daan sa hindi pagkakaunawaan. Katulad ng pag-aaral ng mananaliksik na mayroong dalawang henerasyon ang kabilang sa kaniyang pag-aaral. Ang mga guro at kaniyang mag-aaral na kapwa mayroon magkaibang wikang nagagamit sa komukasyon sa silid-aralan at humahantong din sa paminsan-minsang di pagkakaunawaan sa pagitan ng mag-aaral at guro.

## Kabanata 3

## PAMAMARAAN NG PAG-AARAL

Ang kabanatang ito ay nagbibigay ng impormasyon sa pamamaraang ginamit ng mananaliksik sa pagkalap ng mga entri sa pag-aaral na ito. Kaugnay nito ang disenyo ng pag-aaral, ang lugar na pinagkalapan ng mananaliksik. Ang mga datos, ang bilang ng populasyon ng pag-aaral, mga instrumento, at ang proseso ng pagkalap ng mga datos.

**Disenyo ng Pag-aaral**

Ang papel na ito ay gumamit ng kwalitatibong disenyong pampananaliksik na may pamamaraang penomolohikal na dulog. Ang dulog na ito ay ginagamit kapag ang nais ng mananaliksik ay mabigyan ng linaw ang kahulugan ng isang phenomena, Merriam (2009), Ciudad (2017). Dagdag pa ni Creswell (2007) na nakatala sa pag-aaral ni Ciudad (2017) ang dulog pananaliksik na ito ay isang pamamaraang pagtuklas ay hindi nagbibigay ng paunang pagtukoy dahil ang mga baryabol ay hindi kayang imanipula; bagkus ang mga datos ay kusang lilitaw sa nasabing disenyo. Ang mga datos na nakakalap ay may posibilidad na mabago batay sa mga nagaganap na pagkalap ng mga impormasyon at pasaklaw na pagsusuri sa mga datos.

Dagdag pa ni Overgaard (2017), ang penomolohikal na pag-aaral o pananaliksik ay isang uri ng pagsusuri o pag-aaral na nakapokus sa pag-unawa sa mga karanasan at pananaw ng mga tao sa isang partikular na sitwasyon. Ito ay nakatuon sa pagtukoy at pagsusuri ng mga esensyal at katangian ng mga karanasan, pag-uugali, at sitwasyon na walang bias o kinikilingang konsepto at hindi dinidiktahan ng mga teorya o ideolohiya.

Sa ganitong uri ng pananaliksik, ang pakikitungo sa mga datos ay batay sa mga personal na karanasan ng mga taong nakatutok sa isang partikular na isyu o katanungan. Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, ang mananaliksik ay nakatuklas ng mga karanasan at pananaw na baka hindi pa naiintindihan o nalalaman ng mga tao.

Ang isang kwalitatibong pag-aaral ay kinikilala rin bilang isang pangangalap ng datos batay sa buhay na karanasan ng tao na nakabase sa isang natural o normal na sitwasyon ng isang mananaliksik kung saan siya mismo ang pangunahing instrumento sa pangangalap ng iba't ibang panggagalingang datos o impormasyon. Ang

pagsasagawa ng pasaklaw na pagsusuri sa mga datos at ang pagsusulat at/o pagtatala ng mga buhay na karanasan ng mga kalahok ay isa sa pinakamahalagang kahulugan o katuturan sa isang penomena.

Ang dulog pananaliksik na ito ay akma sa isinasagawang pag-aaral ng mananaliksik sa buhay na karanasan ng mga guro sa disiplinang Filipino sa kanilang pamamaraan sa pagwawasto sa kanilang mag-aaral na gumagamit ng pasadya o kundi inaakala sa kolokyal at balbal na salita isang proseso ng pagtuturo at pagkatuto sa pamamaraan ng pagsulat at pagsasalita.

**Populasyon at Sampling**

Ang pangunahing pokus ng pag-aaral na ito ay ang mga guro sa disiplinang Filipino sapagkat sila ang nakararanas sa kanilang pagtuturo ng pinapaksa ng pag-aaral na ito. Mayroong limang (5) na paaralan sa Dibisyon ng Tanauan at sa bawat pampublikong paaralang napili ng mananaliksik. Ang isang guro sa bawat paaralan kaya ito ay binubuo ng limang guro naging kalahok sa pag-aaral na ito.

Sa kadahilanang kwalitatibo na pananaliksik at penomolohikal na dulog ang pag-aaral na ito, ang mananaliksik ay gumamit ng homogeneous purposeful sampling. Nakatala sa ginawang pag-aaral nina Duan N. et al. (2022), ang homogeneous purposeful sampling ay isang pamamaraan na malawakang ginagamit sa qualitative research para sa pagtukoy at pagpili ng mga kalahok na mayroong mayaman sa impormasyon para sa pinakamabisang paggamit ng limitadong mapagkukunan, Nikolopoulo (2022).

**Kalahok sa Pag-aaral**

| Kalahok | Taon ng Pagtuturo sa Asignaturang Filipino | Paaralan |
|---|---|---|
| Guro A | 5 | Bernardo Lirio National High School |
| Guro B | 8 | Tanauan City Integrated High School |
| Guro C | 9 | Balele National High School |
| Guro D | 11 | Boot National High School |
| Guro E | 7 | Bernardo Lirio National High School |

Mayroong kabuuang limang (5) guro sa disiplinang Filipino na kasalukuyang guro ng Kagawaran ng Edukasyon sa Dibisyon ng Tanauan. Kabilang sa apat (4) na pampublikong paaralan ay ang sumusunod: (i) Tanauan Integrated High School;(ii) Bernardo Lirio National High School; (ii) Boot National High School; at (iv) Natatas National High School. Sila ang sasailalim at pagkukuhanan ng mananaliksik ng mga datos sa gagawing pasaklaw na pagsusuri at interpretasyon sa pagpapatunay ng nasabing pag-aaral.

Pagkatapos ng pagsasagawa ng personal na panayam sa mga kalahok, ang mananaliksik ay magsasagawa ng traskripsyon, pagtatala at pasaklaw na pagsusuri sa mga kasagutan / datos upang magkaroon at matukoy ang kaisahan ng paksa batay sa kasagutan ng mga respondente.

**Lokal ng Pag-aaral**

Ang bawat datos na makakalap sa limang (5) kalahok sa apat na malalaking pampublikong paaralan sa Dibisyon ng Lungsod ng Tanauan ay sasailalim sa pasaklaw na pagsusuri tungo sa isang panukalang glosaryo ng kolokyal at balbal na salita na nagagamit o nagamit ng mag-aaral sa isang proseso ng pagtuturo at pagkatuto sa paraan ng pagsalita at pagsulat.

**Instrumento ng Pag-aaral**

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong mabigyang kasagutan ang mga nakatala sa paglalahad ng suliranin, kung kaya't bumuo ng isang likhang instrument na naglalaman ng mga gabay na tanong upang magkaroon ng isang matatag na konklusyon sa mga resultang nakalap mula sa masaklaw na pagsusuri sa mga datos mula sa panayam at obserbasyon ng mananaliksik. Layunin ng naturang pamamaraan na makalap ang impormasyon at obserbasyon ng mga guro sa disiplinang Filipino sa paggamit ng mag-aaral sa kolokyal at balbal na salita sa isang proseso ng pagtuturo at pagkatuto.

Ang mananaliksik ay gagamit sa sariling likhang instrumento sa gagawing panayam sa mga kalahok o partisipante o respondente. Sa bawat pangangalap ng mahahalagang impormasyon ay gagabayan ang mananaliksik ng mga katanungan na gagamitin sa panayam para sa mga guro sa displinang Filipino. Magsisimula ang panayam sa Oktubre 4 at matatapos sa Oktubre 24 taong 2022.

Ang sumusunod na katanungang gagamitin sa panayam ay ang mga:

1. Bilang isang guro maaari mo bang ilahad at ipaliwanag kung paano nakaaapekto ang lugar na pinagmulan ng mag-aaral sa pakikipag-usap sa loob ng klase?
2. Bilang isang guro, ano ang iyong ginagawa upang makilala ang iyong mag-aaral batay sa kanilang pangkat na kanilang kinabibilangan?
3. Anong kadalasang paksa ang inyong pinag-uusapan ng iyong mag-aaral sa tuwing (i) nasa loob ng klase ; (ii) nasa bakanteng oras; (iii) nasa labas ng paaralan
4. Bilang isang guro sa anong sitwasyon ka gumagamit ng mga eupimistikong salita habang kausap ang iyong mag-aaral?
5. Bilang isang guro, anong sitwasyon ang iyong naranasan sa loob ng klase na na ikaw ay nagbigay ng iyong pagwawasto sa antas ng wikang ginamit ng iyong mag-aaral?
6. Bilang isang guro, paano mo isinagawa ang pagwawasto sa antas ng wikang ginamit ng iyong mag-aaral?
7. Ano ang iyong ginagawa kapag nararanasan mo sa loob ng silid-aralan na nagagamit ng iyong mag-aaral ang kolokyal at balbal na salita sa isang gawaing-pampaaralan tulad ng: Pagsusulat; at Pagsasalita?
8. Paano mo ipinapakita ang iyong reaskyon tuwing makararanas sa iyong mag-aaral na nakagagamit ng di pormal na antas ng wika gaya ng kolokyal at balbal na salita sa loob ng silid-aralan?
9. Bilang guro, paano ka magiging bukas sa pakikipag-usap sa iyong mag-aaral tungkol sa mga sensitibong usapin?
10. Paano mo binibigyan ng puna ang iyong mag-aaral batay sa kanilang naging pamamaraan ng kanilang pagpapahayag ideya o impormasyon?
11. Anong sitwasyon sa loob ng klase ang nagkaroon ka ng pagkakataong iwasto ang hindi angkop na paggamit ng *genre* sa pagpapahayag ng opinyon?
12. Paano mo binigyang-pansin ang mga paggamit ng kolkoyal at balbal na salita ng iyong mag-aaral?

Pagkatapos makalap ng mananaliksik ang mga datos sa panayam ay isasagawa na ang transkripsyon sa mga kasagutan ng mga respondente. Kasunod nito ang pagtatala ng mga datos na nakalap at ito ang magsisilbing basehan sa pasaklaw na pagsusuri upang matukoy ang kaisahang tema ng mga datos.

**Balidasyon sa Instrumento ng Pag-aaral**

Ang talatanungan ay sumailalim sa balidasyon ng mga nilalaman. Ipinasuri ng mananaliksik ang talatanungan sa piling propesor sa wika at ilang direktor ng pananaliksik, bago man ito gamitin sa pagkuha ng mga datos.

Sa balidasyon ng mga katanungang ginamit ng mananaliksik ay ang sumusunod na propesor sa Laguna College of Business and Arts – School of Graduate Studies: (i) Dr. Ma. Lorena M. Tagala; (ii) Dr. Diosdado M. Melanio; (iii) Dr. Alicia V. Llamas; (iv) at Prof. Gerlie S. Sonoron; at (v) Dr. Anacleta M. Cabigao.

**Pamamaraan sa Pangngalap ng Datos**

Ang pamamaraan sa pangangalap ng datos ay nahahati sa dalawang bahagi. Una, ang pangangasiwa ng mga kagamitan sa pananaliksik at ikalawa ang pangangalaga ng mga datos na nakalap.

Ang paghingi ng permiso sa kinauukulan ang pangunahing ginawa ng mananaliksik upang maisagawa nang matiwasay ang pananaliksik. Nang mabigyan ng permiso ang mananaliksik sa apat na mataas na paaralan ay kagyat nitong isinagawa ang pagkalap ng datos sa mga piling kalahok.

Ang bawat datos na makakalap ng mananaliksik ay esensyal upang makamit ang pangunahing layunin ng pananaliksik na ito. Ang bawat datos ay pananatilihing kompidensyal para sa kaligtasan ng mga impormante.

**Konsiderasyong Etika**

Sinunod ng mananaliksik ang alituntuning etikal na nakatala sa Manwal ng Pananaliksik ng Laguna College of Business and Arts. Ang mga respondente ay kusang nakilahok sa pananaliksik pagkatapos humingi ng pahintulot sa pangangalap ng datos. Ipinaliwanag nang buong husay ng mananaliksik sa bawat respondente ang kahalagahan at katuturan ng layunin ng pag-aaral. Ang mga datos at impormasyong nakalap ay mananatiling kompidensyal. Higit ding pinagtuunan ng mananaliksik ang pagbibigay ng pagkilala sa bawat pahayag ng ibang mga awtor na nagsilbing pagpapatibay sa pag-aaral na ito.

**Pagsusuri sa Kwalitatibong Datos**

Matapos makalap ang lahat ng datos na nagmumula sa mga isinagawang panayam, berbatim na itatala ng mananaliksik ang mga datos. Kasunod nito, kukuhanin ng mananaliksik ang mga tema na tugon ng mga respondente, ikakategorya ang mga ito ayon sa tema, koda at klaster. Ang mga matutukoy na makakatulad na tema o paksa na tugon ng mga respondente sa berbatim na pagtatala ay magsisilbing mahalagang datos upang matugunan ang layunin ng pag-aaral. Ang prosesong ito ay tinatawag na *Interpretative phenomenological analysis (IPA).*

Ang dulog ng pananaliksik na ito ay ayon sa pag-aaral ni Creweel (2018). Ang mga makatuturang hakbangin sa *interpretative phenomenological analysis* (IPA) ang sumusunod: (i) preparasyon ng mga datos; (ii) pagsusuri ng mga datos; (iii) pag-uulat ng mga natuklasan; (iv) pagbibigay interpretasyon sa mga natuklasan; (v) pagtukoy ng mga tema batay sa natuklasan.

## Kabanata 4

## PRESENTASYON, PAGSUSURI at INTERPRETASYON NG MGA DATOS

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng pagsusuri at interpretasyon ng mga datos na nakalap sa pag-aaral na ito. Ang layunin ng phenomenological na pag-aaral na ito ay tingnan ang karanasan ng mga guro tungkol sa paggamit ng balbal at kolokyal na salita ng mag-aaral. Ang mga pamamaraan ng pagtatanong ay kinabibilangan ng kislap-diwang penomonolohikal sa mga datos na nakuha sa pamamagitan ng pagsisiyasat ng mga karanasan ng mga guro at pagsisiyasat sa ibinigay na penomenon sa akademikong seting. Dahil dito, ang pananaliksik na ito ay ginagabayan ng sumusunod na pangunahing katanungan:

**Ano ang kahalagahan ng karanasan ng mga guro sa disiplinang Filipino sa mga pagsubok na nararanasan sa pagwawasto sa paggamit ng mag-aaral sa kolokyal at balbal na salita sa isang pormal na edukasyon sa paaralan?**

Samantala, ang mga kaakibat na tanong ay nasagot na sa mga talahanayang ibinigay.

Kaakibat na tanong bilang 1: **Paano mailalarawan ng mga guro sa disiplinang Filipino sa kanilang mga karanasan may kinalaman sa ginagamit na salita?**

Ibinigay sa mga sumusunod na talahanayan ang mga sagot sa labindalawa (12) tanong sa panayam na nakalap mula sa limang (5) guro sa City Schools Division ng Tanauan.

**Tanong sa panayam bilang 1: Bilang isang guro, maaari mo bang ilahad at ipaliwanag kung paano nakakapapekto ang lugar pinagmulan ng mag-aaral sa pakikipag-usap sa loob ng klase?**

Ang talahanayan 1 ay nagpapakita ng mga patotoo ng mga kalahok tungkol sa paano nakaaapekto ang lugar na pinagmulan ng mag-aaral sa pakikipag-usap sa loob ng klase at ang mga obserbasyon ng mananaliksik sa kalahok sa panahon ng pakikipanayam:

**Talahanayan Bilang 1**

*Hulwarang Anotasyon sa Epekto ng Lugar na Pinagmulan ng mag-aaral sa Pakikipag-usap sa Loob ng Klase*

| KALAHOK | MGA TUGON | OBSERBASYON NG MANANALIKSIK |
|---|---|---|
| Guro A | *"Ang lugar na pinagmulan o kinalakihan ng mag-aaral ay may malaking ambag o epekto sa pamamaraan ng kanilang pakikipag-usap.* | Mabilis na sinagot ni Guro A ang tanong at kitang-kita sa kaniyang reaksyon habang sinasagot ang tanong, binibigyan niya ng oras upang tinganan ang sitwasyon sa loob ng silid-aralan. |

Makikita sa talahanayan bilang 1 ang tugon ni Guro A tungkol sa epekto ng lugar na pinagmulan ng mag-aaral sa pakikipag-usap sa loob ng klase. Kinakitaan ng tagapanayam ang kalahok ng kabilisan ng pagsagot sa tanong subalit maingat nitong inilahad ang impormasyon na nakabatay sa totoong sitwasyon na nangyayari sa loob ng silid-aralan.

Batay sa kasagutan ni Guro A malaki ang epekto ng pinagmulan ng mag-aaral sa pamamaraan ng kaniyang pakikipagtalastasan sa kanyang mga kamag-aral. Dagdag pa niya, "*Madalas ay nahihirapan silang makitungo o makipagkomunikasyon sa kapwa mag-aaral sapagkat may malaking barrier pagdating sa wika.*"

Sa inilahad ng kalahok, maituturing na pinakamalaking salik sa hindi maayos ang takbo ng komunikasyon ang lugar na kinalakihan o pinagmulan ng isang indibidwal sa kaniyang pakikisalamuha sa ibang tao. Nagkakaroon ng hadlang sa pang-unawa at hindi pakikiisa sa klase na maaaaring humantong sa mababang kalidad ng pagkatuto sa loob ng paaralan.

Nakatala sa libro nina Bernales et. al (2019), ang komunikasyon ay isang pangangailangang makisalamuha o makihalubilo ang indibidwal sa kanyang kapwa. Walang malinaw na relasyong mabubuo ang dalawang indibidwal kung walang komunikasyong nagaganap sa pagitan nila. Imposible ring magkaroon ng matagumpay na buhay ang isang indibidwal na hindi man lang marunong makihalubilo sa kanyang kapwa.

Sa ganitong punto, mapatutunayan na ang walang matinong komunikasyon ay wala ring matinong pakikipagkapwa. Isa sa dahilan ng kawalan ng matinong komunikasyon ang dalawang indibidwal ay ang pagkakaiba ng kanilang kulturang kinalakihan. At kaugnay ng kultura ay ang kanilang wikang ginagamit sa pakikipagtalastasan. Ang pagkakaroon ng ganitong hadlang ay kawalan din ng espasyo sa pagkatuto sa silid-aralan.

Pinatunayan ito ni Edward Tylor (1871; sa Panopio at Santico-Rolda, 1992; sa Bernales et. al 2019) na isa sa sagabal sa mabuting komunikasyon ay kultural na sagabal. Dagdag pa ni Tylor, ang kultura ay tumutukoy sa isang masalimuot na kabuuang binubuo ng karunungan, mga paniniwala, sining, batas, moral, mga kaugalian at iba pang mga kakayahan at mga ugaling nakamit ng tao bilang isang myembro ng lipunan. Sa proseso ng komunikasyon, malaki ang kinalaman ng kultura upang maging matagumpay ito. Dahil sa pagiging malawak at masalimuot ng kahulugan ng kultura, kung ang isang kalahok sa proseso ng komunikasyon ay kulang sa lawak at lalim sa mga bagay na ito, tiyak na magaganap ang hindi pagkakaunawaan. Sa kaunayan, marami nang komunikasyon ang hindi nagtatagumpay bunga ng pagkakaiba ng kultura ng mga kalahok at kawalan ng malalim na kaalaman ukol dito. Kaugnay nito, mahalagang maisaalang-alang ng bawat kalahok ang kultura ng bawat isa. Bukod sa nangangahulugan ito ng pag-alam sa kultura ng kausap, nangangahulugan din ito ng pagiging sensitibo sa lahat ng pagkakataon sa tuwing nakikipag-usap.

Para sa mas malinaw na kaugnayan ng kultura at wika sa komunikasyon, inuri ni Edward Hall (1959; sa libro nina Bernales et. al, 2019), ang kutura ay may dalawang kategorya batay sa pamamaraan sa pagpapadala ng mensahe. Ito ay ang *low-context culture* at ang *high-context culture*. Ayon sa kaniya ang naunang kategorya ay ginagamit ang wika nang direkta upang maipahayag ang ideya, nararamdaman, saloobin at opinyon ng isang indibidwal at ang ikalawa naman ay ang pagpapakahulugan sa mga salitang ginagamit ng isang indibidwal na kabilang sa isang lipunan.

Kung pagbabatayan ang kanilang mga punto, malinaw na malaki ang epekto ng pinagmulang lugar ng isang mag-aaral upang makabuo ng isang epektibong komunikasyon lalo't higit kung ang kaniyang kinalakihang kultura at wika ay kaiba sa kaniyang kinabibilangang lipunan. Mapatutunayan na ang pahayag ni Guro A ay lubos na umaayon sa mga pag-aaral at mga pahayag ng mga dalubhasa sa wika.

**Tanong sa panayam bilang 2: Bilang isang guro, ano ang iyong ginagawa upang makilala ang iyong mag-aaral batay sa pangkat na kanilang kinabibilangan?**

Ang talahanayan 2 ay nagpapakita ng mga patotoo ng mga kalahok tungkol sa ginagawa ng guro upang makilala ang kani-kaniyang mag-aaral batay sa pangkat na kanilang kinabibilangang grupo o pangkat at ang mga obserbasyon ng mananaliksik sa kalahok sa panahon ng pakikipanayam:

Habang sinasagot ni Guro E ang katanungan ay kinakitaan siya ng kritikal na pag-iisip sa kaniyang pagbibigay ng espisipikong kasagutan sa tanong. Sinabi niya na mayroon siyang gawaing pampaaralan na kung saan malayang makapagbigay ang kaniyang mag-aaral ng mga impormasyong ukol sa kanilang identidad. Sa ganitong gawain ay maiiwasan ang hindi pagkakaunawaan ng bawat isa sa loob ng silid-aralan.

Ang mga gawaing pampaaralan ay malaki ang naitutulong sa pagbubukas ng oportunidad sa bawat mag-aaral upang matuto sa kabila ng kanilang mga pinagmulang lugar at kinalakihang kultura. Bilang isang guro na tagapagdaloy ng isang positibong pagkatuto ay napakahalagang maunawaan ang kulturang kinakihan ng isang mag-aaral upang magkaroon ng isang mabisang pagtuturo at maipakita ang pagrespeto sa kinalakihang tradisyon at paniniwala ng bawat mag-aaral.

**Talahanayan Bilang 2**

*Hulwarang Anotasyon sa ginagawa ng guro upang makilala ang mag-aaral batay sa pangkat na kanilang kinabibilangan*

| KALAHOK | MGA TUGON | OBSERBASYON NG MANANALIKSIK |
|---|---|---|
| Guro E | *"Isa sa ginagawa ko sa unang pasukan ng School Year eh may pa-activity ako." Para siyang getting to know each other." Ayun yung ganoong activity ay isa sa pwedeng maging Gawain para sa una pa laang eh makilala o malaman moa gad kung saan galing ang mga bata at kung magkakaroon ng cultural barrier sa paggamit nila ng wika na kanilang nakalakihan."* | Matagal na sinagot ni Guro E ang tanong. Subalit kritikal nyang sinagot dahil ispesipiko niyang inilahad yung ginagawa nya upang makilala ang mag-aaral. |

Habang sinasagot ni Guro E ang katanungan ay kinakitaan siya ng kritikal na pag-iisip sa kaniyang pagbibigay ng espisipikong kasagutan sa tanong. Sinabi niya na mayroon siyang gawain pampaaralan na kung saan malayang makapagbigay ang kaniyang mag-aaral ng mga impormasyon ukol sa kanilang identidad. Sa ganitong gawain ay maiiwasan ang di pagkakaunawaan ng bawat isa sa loob ng silid-aralan.

Ang mga gawaing pampaaralan ay malaki ang naitutulong sa pagbubukas ng oportunidad sa bawat mag-aaral upang matuto sa kabila ng kanilang mga pinagmulang lugar at kinalakihang kultura. Bilang isang guro na tagapagdaloy ng isang positibong pagkatuto ay napakahalagang maunawaan ang kulturang kinalakihan ng isang mag-aaral upang magkaroon ng isang mabisang pagtuturo at maipakita ang pagrespeto sa kinalakihang tradisyon at paniniwala ng bawat mag-aaral.

Ayon sa *Ebook* na pinamagatang *Boosting Executive Skills in the Classroom a Practical Guide for Educator* Cooper-Khan at Fooster (1955; sa UP Tuklas Ejournal, 2023) na ang isa sa gawain ng guro sa loob ng klase ay ang pagtatanong sa loob ng klase tungkol sa mga paniniwala, karanasan, tradisyon, kung anumang may kaugnayan sa kultura ng mag-aaral ay isang epektibong gawain ng isang guro upang maunawaan at magkaroon ng matibay na pundasyon upang irespeto ng guro ang mga inilahad ng mag-aaral sa loob ng klase.

Malaki rin ang naitutulong ng makabagong istratehiya sa pagtuturo tulad ng mga nakatala sa 21st Century Learning Activities, at ang mga ganitong uri ng mga gawaing pampaaralan ay malayang niyakap ng Kagawaran ng Edukasyon sa Pilipinas at ang bawat guro ay kinakailangan isagawa ang ganitong mga gawain upang ang pagkatuto at pagtuturo ay maging positibo sa pagitan ng guro at mag-aaral. Ang isa sa halimbawa sa ganitong awain ay tinatawag na diffirentiatied instructional activity na naglalayong magkaroon ang lahat ng mag-aaral ng pagkakataon sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto.

Batay sa ginawang Learning Action Cell sa Tanauan City Integrated High School (TCIHS) inilahad ni Mendoza (2023) na ang differentiated instructional activities ay Nagbibigay ng mas mataas na antas ng pagkakataon sa lahat ng mag-aaral. Sa paggamit ng differentiated instructional activity, ang lahat ng mag-aaral ay mayroong pantay na pagkakataon na matuto, lumago at magtagumpay. Ito ay nagbibigay ng mas mataas na antas ng pagkakataon sa mag-aaral na mayroong magkaibang antas ng kakayahan, interes at pangangailangan.

Nakatutulong sa pagpapalawak ng kaalaman ang paggamit ng iba't ibang uri ng pagtuturo at gawain ay nagbibigay ng mas malawak na kaalaman sa mag-aaral. Ito ay nakatutulong sa kanila na maunawaan ang mga konsepto at ideya sa iba't ibang paraan at maiugnay ito sa kanilang sariling karanasan.

Nakatutulong sa pagbuo ng magandang relasyon sa pagitan ng guro at mag-aaral. Sa pamamagitan ng paggamit ng differentiated instructional activity, ang guro ay nakapagbibigay ng pansin sa bawat mag-aaral at mapalapit sa kanila. Ito ay nagbibigay ng mas magandang ugnayan sa pagitan ng guro at mag-aaral at nakapagpapataas sa mas lalong mabisang pagtuturo.

Nakatutulong sa pagpapabuti ng mga kasanayan sa pag-aaral sa pamamagitan ng differentiated instructional activity, ang mag-aaral ay nagkakaroon ng pagkakataon na magamit at palawakin ang kanilang mga kasanayan sa pag-aaral, tulad ng pag-unawa, pagsasalita at pagsusulat.

Sa kabuuan, ang differentiated instructional activity ay mahalaga sa loob ng paaralan dahil ito ay nagbibigay ng pantay na pagkakataon sa lahat ng mag-aaral na matuto at magtagumpay sa kanilang pag-aaral, at nakatutulong sa pagbuo ng magandang relasyon sa pagitan ng guro at mag-aaral.

**Tanong sa panayam bilang 3: Anong kadalasang paksa ang inyong pinag-uusapan ng iyong mag-aaral sa tuwing (i) nasa loob ng klase ; (ii) nasa bakanteng oras; (iii) nasa labas ng paaralan?**

Ang Talahanayan 3 ay nagpapakita ng mga patotoo ng mga kalahok tungkol sa kadalasang paksang pinag-uusapan ng mag-aaral sa loob ng klase, sa bakanteng oras at gayundin naman sa labas ng paaralan at ang mga obserbasyon ng mananaliksik sa kalahok sa panahon ng pakikipanayam:

**Talahanayan Bilang 3**

*Hulwarang Anotasyon sa Kadalasang Paksa na Pinag-uusapan ng mga Guro at mag-aaral sa Tuwing (i) nasa loob ng klase ; (ii) nasa bakanteng oras; (iii) nasa labas ng paaralan*

| KALAHOK | MGA TUGON | OBSERBASYON NG MANANALIKSIK |
|---|---|---|
| Guro C | *"Tungkol sa mga asignatura namin Tungkol sa pamilya at sa mga naisin nila sa buhay Tungkol sa pag-aaral, pamilya lalo't higit sa pangarap nila"* | Mayroong ilang Segundo na nag-isip ang Guro C bago niya nasagot ang tanong. |

Mahalaga na magkaroon ng isang talakayan sa pagitan ng guro at mag-aaral ukol sa kanilang buhay. Sa asignaturang Filipino, itinuturo ang esensya ng buhay at ito ay makikita sa pagtuturo ng panitikan. Makikita sa Talahanayan Bilang 3 ang tugon ni Guro C tungkol sa kadalasang paksa ng pinag-uusapan ng guro at mag-aaral sa loob at labas ng silid-aralan. Kapansin-pansin na ang guro ay iisa lamang ang kasagutan sa tanong ng mananaliksik maging ito ay sa labas at loob ng silid-aralan. Ito ay patunay lamang na ang relasyon ng guro sa kaniyang mag-aaral ay kakikitaan ng maayos na relasyon. Ayon kay guro C tanging patungkol lamang sa pag-aaral, pamilya at pangarap lamang ang pinapaksa sa tuwing sila ay nagkakaroon ng pag-uusap.

**Tanong sa panayam bilang 4: Bilang isang guro sa anong sitwasyon ka gumagamit ng mga eupemismong salita habang kausap ang iyong mag-aaral?**

Ang talahanayan 4 ay nagpapakita naman ng mga patotoo ng mga kalahok tungkol sa sitwasyong gumagamit ng eupemismong salita habang kausap ang mag-aaral at gayundin naman sa labas ng paaralan at ang mga obserbasyon ng mananaliksik sa kalahok sa panahon ng pakikipanayam:

Malinaw na nakita sa sagot ni Guro B ang pagiging hulwarang guro habang ipinaliliwanag niya sa kanyang mag-aaral ang dapat at wastong pagtrato at pakikipag-usap sa kaniyang mag-aaral. Binibigyan niya ng pagrespeto ang bawat indibidwal sa loob ng silid-aralan at iniingatang ‘di masaktan ang kanilang mga damdamin upang ang kawilihan ng mag-aaral sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto.

Dagdag pa niya, “ *bilang isang guro kailangan gagamit ako ng pampalubag loob sa kanila para kapag kausap ko sila mawili rin sila sa akin hindi alam mo yun puro pagalit ka, kailangan gagamit ka rin ng mga salita gumagamit ako nun it depends kasi on the situation na halimbawa pagkatapos ko silang pagalitan kumbaga gagamit ka ng mga salitang pampalubag loob para maibsan yung naranasan nilang paggalit galing sayo.”* Sa ganitong pahayag magkaroon man ng ‘di pagkakaunawaan ay agad ginagamot ni Guro B ang sitwasyon kapag siya ay nagalit dahil sa ‘di wastong kilos ng kaniyang mag-aaral.

**Talahanayan Bilang 4**

*Hulwarang Anotasyon sa Sitwasyong Gumagamit ang mga Guro ng mga Eupimismong Salita Habang Kausap ang mag-aaral*

| KALAHOK | MGA TUGON | OBSERBASYON NG MANANALIKSIK |
|---|---|---|
| Guro B | *“Syempre unang una pipili ka o pipili ako ng salita na aayon dun sa usap hindi pwedeng bibigla na lamang ako na hindi naman alam ang salita ng estudyante, unang una gaya nga ng sabi ko kanina maaaring agad sila ay ma offend sa sasabihin mo kaya bilang isang guro bilang isang guro kailangan gagamit ako ng pampalubag loob sa kanila para kapag kausap ko sila mawili rin sila sa akin hindi alam mo yun puro pagalit ka, kailangan gagamit ka rin ng mga salita gumagamit ako nun it depends kasi on the situation na halimbawa pagkatapos ko silang pagalitan kumbaga gagamit ka ng mga salitang pampalubag loob para maibsan yung naranasan nilang paggalit galling sayo.”* | Nagpapakita si Guro B ng isang huwarang guro habang ipinapaliwanag niya kung paano niya itinatrato ang kaniyang mag-aaral. |

Batay sa kasagutan ni Guro B, Napakahalaga ang paggamit ng eupemismong pahayag kapag ikaw ay isang guro. Dahil ito ang susi upang maging Maganda ang relasyon ng guro sa kaniyang mag-aaral.

Gaya ng inilahad ni Butch Brinas (2021) sa ginanap na seminar sa Division ng Tanauan City noong panahon ng pandemic at pinamagatang Child Protection Policy and Positive Discipline in Everyday Teaching, ang positibong pagtuturo ay isang paraan ng pagtuturo na naglalayong magbigay ng magandang karanasan sa mag-aaral. Ito ay nagbibigay ng masayang karanasan sa pag-aaral, nagbibigay ng kumpiyansa sa mag-aaral, at nagpapakita ng positibong pananaw sa kanilang pagkatuto. Narito ang ilang halimbawa ng positibong pagtuturo: (i) Pagbibigay ng pagkilala sa mag-aaral kapag nagtagumpay sila sa kanilang pag-aaral; (ii) Pagpapakita ng pagpapahalaga sa mag-aaral at pagbibigay ng pagkakataon upang maipakita nila ang kanilang kakayahan; (iii) Pagpapakita ng pasasalamat sa mag-aaral at pagbibigay ng *feedback* na naglalayong mapabuti ang kanilang pagkatuto; (iv) Pagtitiyak na ang pagtuturo ay naglalayong mapabuti ang kakayahan ng mag-aaral; (v) Pagbibigay ng mga halimbawa at karanasan upang maipakita ang kahalagahan ng pag-aaral; (vi) Pagpapakita ng malasakit sa mag-aaral at pagtitiyak na sila ay naiintindihan at naaalagaan.

Sa pangkalahatan, ang positibong pagtuturo ay naglalayong magbigay ng magandang karanasan sa pag-aaral at mapabuti ang kakayahan ng mag-aaral sa pamamagitan ng pagbibigay ng positibong tugon at tiwala.

**Tanong sa panayam bilang 5: Bilang isang guro, anong sitwasyon ang iyong nararanasan sa loob ng klase na ikaw ay nagbigay ng iyong pagwawasto sa antas ng wikang ginamit ng iyong mag-aaral?**

Ang Talahanayan 5 ay nagpakita ng mga patotoo na ang mga kalahok tungkol sa sitwasyong nararanasan sa loob ng klase at pagwawasto sa antas ng wikang ginamit ng mag-aaral at ang mga obserbasyon ng mananaliksik:

Ang sitwasyong nararanasan ng guro sa loob ng klase sa tuwng magwawasto sa antas ng wikang ginagamit ng mag-aaral ay makikita sa Talahanayan Bilang 5. Sinagot ni Guro E ang tanong na mayroong kasiguraduhan sa kaniyang paglalahad ng impormasyon. Nakitang mayroong maayos na pamamahala ang guro sa loob ng klase tuwing nagwawasto ng mga gawain ng kaniyang mag-aaral.

Ang pagwawasto sa proseso ng pagtuturo-pagkatuto ay isa sa pinakamahalagang gawain ng isang guro upang mabigyan ng wastong interpretasyon ang bawat datos namula sa kaniyang mag-aaral. Maraming uri ng pagwawasto o pagbibigay ng puna sa mga gawain lalo’t higit kung ang pagtutuunan ng pansin ay ang gramatika.

Sa gramatika ay kasama ang paggamit ng antas ng wika. At isa sa antas ng wika ay ang kolokyal at balbal na mga salita.

**Talahanayan Bilang 5**

*Hulwarang Anotasyon sa Sitwasyong Naranasan ng Guro sa Loob ng Klase sa Pagwawasto sa Antas ng Wikang Ginamit ng mag-aaral*

| KALAHOK | MGA TUGON | OBSERBASYON NG MANANALIKSIK |
|---|---|---|
| Guro E | *"Madalas ko ginagawa kapag nakaka-*encounter *ako eh binibilugan ko tapos inilalagay ko yung tamang salita. Minsan kasi yung pagsusulat ng talata o sanaysay eh di na siguro namamalayan ng mga student ko na parang chat o text yung kanilang ginagawa. Di naman natin mawawala sa kanila yun kasi basic na yun sa buhay nil ana kung saan parang ikakamatay na nila ang kawalan ng technology. Basta maam kapag nakakita o nakabasa ako binibilugan ko tapos isinusulat ko din yung tama. Madalas jan yung malayang pagkakaltas na dapat ay "niya" na nagiging "nya". Pero may ilan lang naman na jejemon na yung hindi nawawala yung letter H"* | Binibigyan ni Guro E ang paggamit ng mag-aaral na gumamit ng mga salitang di pormal. Kinakitaan ng maayos na pamamahala ang guro sa paggamit ng wika. |

Si Guro E, ay naglahad ng kanyang istratehiya sa pagwawasto ng mga salitang nagagamit ng mag-aaral sa gawaing pampaaralan. Ang mga gawaing pampaaralan tulad ng pagsasalita at pagsusulat ay mahalaga para sa pag-unlad ng kaalaman, kakayahan, at kasanayan ng mag-aaral. Subalit, makikita sa sagot ni Guro E na hindi niya binabawasan ng marka ang mga paggamit ng mag-aaral sa mga salitang kolokyal at balbal. Ang ganitong gawain o pagbibigay-puna sa gawain ng mag-aaral ay maituturing na positibong pagbibigay-puna, at hinahayaan ng guro na kusang matutunan ng mag-aaral ang kani-kanilang pagkakamali batay sa mga punang ibinigay, inilahad at isinulat ng guro. Ang mga ganitong pagbibigay-puna ay kabilang sa tinatawag na stealth assessment na kung saan hinahayaan ang mag-aaral na matuklasan ang kanilang mga pagkakamali at malayang matutunan ang kawastuhan ng kanilang mga ginagawa batay sa karanasan.

Ayon kay Bantog (2022), sa kanyang pag-aaral tungkol sa *Stealth Assessment* sa Disiplinang Filipino - Sa kalagitnaan ng ika-20 siglo na ang bawat indibidwal na marunong sumulat, bumasa, at magbilang ay sapat upang makasama sa bilang ng mga maaring magtrabaho. Sa paghahanda ng mag-aaral sa ika-21 na siglo ay masasabing nangnagailangan ng makabagong paraan ng pag-iisip tungkol sa kaalaman at kakayahan (compentencies) na itinuturo sa ating bansa. Ang sistema ng edukasyon sa kasalukuyan ay kailangang bumuo ng katanggap-tangap na pagtataya sa pagsukat ng mga kaalaman at kakayahan ng isang mag-aaral (competencies) na tuwirang maiuugnay at magagamit sa pang araw-araw na buhay ng tao.

Isa sa pangunahing paraan sa pagtataya ng pagkatuto ng mag-aaral ay sa pamamagitan ng mga pagtatasa. Malaking hamon at palaisipan na dapat matugunan ng mga guro ay tungkol sa epektibong pagsukat sa kaalaman at natutunan ng mag-aaral sa loob ng paaralan. Ayon kay Bridgett Michelle Lawrence (2010; sa Bantog 2022), "Classroom assessment is one of the most important tools guros can use to understand the needs of the students." Pinahihiwatig sa pahayag na ito na malaking ang tungkuling ginagampanan ng "assessment" bilang panukat ng natamong kaalaman ng mag-aaral upang malaman ang kahinaan at kalakasan ng isang indibidwal.

Kaya't ayon kay Guro E ay ang tanging ginagawa lang niya ay binibilugan lamang ang mga salitang kolokyal at balbal sapagkat ang pagtataya ay isa lamang batayan sa kung ano ang kahinaan at kalakasan ng isang indibidwal.

Ang mga guro ng wika ay alam ang kahalagahan ng *feedback* sa pagtuturo ng Wika upang agarang maitama ang pagkakamali ng mag-aaral at makakatulong na magkaroon oportunidad na matuto sa kaniyang sarili. Ayon pa kay Dianne Todd (2009; sa Bantog 2022), "Traditionally, schools educate students by downloading information from the guro's mouth to the students' brains." Ayon naman ni Petro Feketa (2009; sa Bantog 2022), "Knowledge must be expressed to be assessed."Ipinahihiwatig na ang impormasyon na natatanggap ng mag-aaral ay nagmumula sa guro sa tradisyunal na paaran. Nagsisilbing patunay na marami sa mag-aaral ang hindi umaangat ang antas ng pagkatuto sapagkat nalilimitahan ang mga impormasyon na kanilang nalalaman.

**Tanong sa panayam bilang 6: Bilang isang guro, paano mo isinagawa ang pagwawasto sa antas ng wikang ginamit ng iyong mag-aaral?**

Ang Talahanayan 6 ay nagpapakita ng mga patotoo ng mga kalahok tungkol sa paano isinasagawa ang pagwawasto sa antas ng wikang ginamit ng mag-aaral at ang mga obserbasyon ng mananaliksik sa kalahok sa panahon ng pakikipanayam:

**Talahanayan Bilang 6**

*Hulwarang Anotasyon sa Paraan ng pagwawasto sa antas ng wikang ginamit ng mag-aaral*

| KALAHOK | MGA TUGON | OBSERBASYON NG MANANALIKSIK |
|---|---|---|
| Guro B | *"Agad kong sinasabi sa kanila kung ano yung mga maling salita na nagagamit nila. Hindi kasi pwede na ipagpapaliban mo yung pagkakataon na sila ay maitama.."* | Makikita sa sagot ni Guro B ang sipag sa pagwawasto ng mga impormal na salitang nagagamit ng kanyang mag-aaral. |

Ipinamalas ni Guro B ang kaseryosohan sa pagsagot sa tanong tungkol sa pamamaraan sa pagwawasto sa antas ng wikang ginagamit ng mag-aaral. Mahihinuhang mahalaga kay Guro B ang gramatika upang maging mahusay ang isang mag-aaral sa pagsulat at pagsasalita. Dagdag pa rito mapabubuti ng mag-aaral ang paggamit ng wastong istruktura sa gramatikang Filipino. Ang pagwawasto ay ginagawa upang maiwasan ang pagkakamali sa gramatika, pagkakamali sa pagkakabuo ng mga pangungusap, at iba pang mga paraan sng paggamit nito.

Bukod pa rito, mahalagang magkaroon din ng pagsasanay sa pagsasalita at pagsusulat upang mapabuti ang kakayahan sa wika. Maaari itong gawin sa pamamagitan ng pagpapalitan ng mga salita at paglikha ng mga pangungusap upang maipakita ang tamang gamit ng bawat salita.

Higit sa lahat, ang pinakamahalaga ay ang pagsisikap at pagkakaroon ng interes sa pagpapabuti ng antas ng wika. Ito ay magbibigay-daan sa patuloy na pag-unlad at pagpapabuti ng kakayahan sa pagsasalita at pagsusulat.

Nakatala sa artikulo ni Ki (2020), mahalaga ang kawastuhan sa paggamit ng wika o antas ng wika sapagkat Ginagamit ang wika sa pakikipagkalakalan, diplomatikong pamamaraan ng bawat pamahalaan at pakikipagpalitan

ng kaalaman sa agham, industriya at teknolohiya. Bukod dito, bilang pakikipagtalastasan ito ay ating nagagamit sa pagtungo, sa ating hanapbuhay at paninirahan sa ibang bansa.

Pinagtibay ito ni Bernales (2019), ang wastong gamit ng wika ay nagbibigay ng pagpapahalaga sa wika bilang isang mahalagang bahagi ng ating kultura at kasaysayan. Sa pamamagitan ng pagwawasto sa gramatika, nagbibigay tayo ng respeto at pagpapahalaga sa wika bilang isang instrumento ng komunikasyon at pagpapahayag ng mga ideya.

Dagdag pa ni Albruiz (2020), Ang kawastuhan ng gamit sa wika ay napakalahaga sa proseso ng komunikasyon. Maaaring magkaroon ng hadlang sa pang-unawa ang isang tao kung hindi wasto ang gamit ng kausap sa wikang ginanagamit. Ayon pa sa kaniya ang konsepto ng balbal na wika ay nagiging malaking hadlang sa isang matiwasay na proseso ng komunikasyon. Sapagkat aniya ang balbal na wika ang may pinakamabilis na pagbabago at pagdaragdag kumpara sa ibang antas ng wika.

**Tanong sa panayam bilang 7: Ano ang iyong ginagawa kapag nararanasan mo sa loob ng silid-aralan na nagagamit ng iyong mag-aaral ang kolokyal at balbal na salita sa isang gawaing pampaaralan tulad ng: (i) Pagsusulat; at (ii) Pagsasalita?**

Ang talahanayan 7 ay nagpakita ng mga patotoo ng mga kalahok tungkol sa ginawa kapag nararanasan sa loob ng silid-aralan ang paggamit ng mag-aaral ng kolokyal at balbal sa salita sa isang gawaing pampaaralan tulad ng pagsulat at pagsasalitagayundin naman ang mga obserbasyon ng mananaliksik sa kalahok sa panahon ng pakikipanayam:

**Talahanayan Bilang 7**

*Hulwarang Anotasyon sa naranasan ng Guro sa loob ng silid-aralan kapag nagagamit ng mag-aaral ang kolokyal at balbal na salita sa isang gawaing pampaaralan tulad ng Pagsusulat at Pagsasalita*

| KALAHOK | MGA TUGON | OBSERBASYON NG MANANALIKSIK |
|---|---|---|
| Guro C | *"Ayan ito napaka laking problema ko ito noon nung ako'y nagtuturo ng pagsulat at pagbasa kasi ang ginagamit na nila halimbawa ako ay may pasanaysay ang ginagamit na nila ay mga maling balbal halimbawa gumagamit na sila ng mga beking salita at bilang guro ang hirap i-correct niya kasi iyon ang nakasanayan pero syempre itutuwid pa rin sa pagsusulat sa writing mahirap iyon kasi yun ang kinasanayan nila dahil dun sila nabuhay sa kolokyal na salita lalo na sa pagsasalita, the way nilang kausapin ang isang tao so napaka ganda nararanasan ko ito everyday sa loob ng paaralan syempre kino-correct ko ang aking mag aaral, talagang sinasabihan ko sila na mali yung paggamit, dapat hindi ginagamit ang mga kolokyal at balbal sa klase, pwede naman siya, ang balbal at kolokyal ay kasama yan sa antas ng wika di pwedeng alisin yan dahil yan na ang modernism, hindi mo maaalis pero dapat ginagabayan yan para alam ng bata kung ano na ang kanilang gagamitin sa pagsulat at kanilang pagsasalita.""* | Maingat na sinagot ni Guro C ang tanong. Kinakikitaan rin siya ang kahusayan sa kaniyang pamamaraan sa kaniyang pagwawasto sa impormal na salita na ginagamit ng kaniyang mag-aaral. |

Inilahad ni Guro C ang kaniyang karanasan sa pagwawasto ng balbal at kolokyal na salita na madalas na nagagamit ng mag-aaral sa loob ng silid-aralan. Lalo't higit sa mga gawaing pampaaralan sa paraan ng pagsulat at pagsasalita. Batay sa sagot ni Guro C, siya ay nahihirapan sa sitwasyon sa tuwing nagtuturo siya ng kasanayan sa pagsulat. Dagdag pa nya na hindi naiiwasan ng mag-aaral ang paggamit ng balbal at kolokyal na salita sa bawat gawaing pagsusulat. Sa ganitong punto, ang paggamit ng balbal na salita sa paaralan ay hindi magandang halimbawa para sa mag-aaral, at maaaring magdulot ng hindi magandang epekto sa kabataan at sa lipunan.

Tinukoy din ni Ocampo (2013; sa Estanislao 2019) na ang salitang balbal ay nagiging parte na ng bokabularyo ngFilipino upang maibigay ang wikang kinakailangaan ng lipunan. Itinuturing ito na Personal naPakikipag Komunikasyon sa lahat ng uri ng pamumuhay sa isang lipunan. Ito rin ay kilala sa tawag na "salitang kalye".

Ang paggamit ng balbal na salita sa paaralan ay may malawakang epekto sa kalidad ng edukasyon, komunikasyon, imahe, impluwensiya, at pag-aaral ng mag-aaral. Kailangan ng disiplina at pagpapakita ng respeto sa kapwa sa pagpapahayag ng kaisipan at pagsasalita sa paaralan.

Isinaad ni Habijan (2018), na malaki talaga ang epekto sa pormal na edukasyon ang paggamit ng salitang balbal. Mapanood din sa video sa youtube ang pahayag ni Javier (2017; sa GMA news online 2023), na likas sa kabataan ang pagbubuo ng salitang balbal subalit malaki ang epekto nito sa hugis ng wika at sa pagiging pormalidad nito bilang isang sagisag ng isang bansa.

**Tanong sa panayam bilang 8: Paano mo ipinapakita ang iyong reaskyon tuwing makakaranas sa iyong mag-aaral na nakagagamit ng di pormal na antas ng wika gaya ng kolokyal at balbal na salita sa loob ng silid-aralan?**

Ang Talahanayan 8 ay nagpapakita ng mga patotoo ng mga kalahok tungkol sa ipinapakitang reaksiyon sa tuwing makakaranas sa mag-aaral na nakagamit ng ‘di pormal na antas ng wika gaya ng kolokyal at balbal na salita sa loob ng silid-aralan, gayundin naman ang mga obserbasyon ng mananaliksik sa kalahok sa panahon ng pakikipanayam:

Sa Talahanayan bilang 8 makikita ang positibong kasagutan ni Guro sa tanong tungkol sa dapat maging reaksiyon ng isang guro kapag ang mag-aaral ay nakagagamit ng balbal at kolokyal na salita sa loob ng klase.

Makikita na si Guro E may may malawak na kaalaman sa pagbibigay-puna at paglalahad ng kaniyang ‘di berbal na tugon sa mga pagkakamali ng kaniyang mag-aara. Aniya, “. *so no negative reaction na kung saan na pi-feel ng bata na yung mga salitang ginagamit nya eh nasa konsepto talaga ng mali*.” Sa kanyang pahayag, mapatutunayan na malaki ang impluwensya ng isang guro sa isang mag-aaral sa kanyang aspektong pandamdamin at pang-intelektwal. Maaaring mawala o mabawasan ang kumpyansa sa sarili ng isang mag-aaral kung ang ipapalit ng guro sa kanyang pagkakamali ay galit o pagkadismaya sa kanyang kasagutan.

**Talahanayan Bilang 8**

*Hulwarang Anotasyon sa reaskyon ng Guro sa tuwing nakagagamit ang mag-aaral na ng di pormal na antas ng wika gaya ng kolokyal at balbal na salita sa loob ng silid-aralan*

| KALAHOK | MGA TUGON | OBSERBASYON NG MANANALIKSIK |
|---|---|---|
| Guro E | *"wala. I mean wala dapat makitang dismayadong reactions. Bawal yun. Lalo na sa school naming na may Posotive Discipline in Everday Teaching. May Child Protection Policy pa ngayon. so no negative reaction na kung saan na pi-feel ng bata na yung mga salitang ginagamit nya eh nasa konsepto talaga ng mali. Dapat gawin positibo ang reaksiyon at yun ang napakahalaga. Ulitin ko ulit ang sagot ko. Di naman dapat maging mali ang tingin sa mga kolokyal at balbal na salita. At kung bibigyan ito ng reaksyon dahil nagagamit sa classroom eh dapat positibo pa rin ang reaksyon. Like me, nakasmile lang ako kapag nakarinig ako ng paggamit ng kolkyal at balbal na salita. Dapat nakasmile ako dahil guro ako ng wika."* | Detalyadong sinagot ni Guro E ang kaniyang nagiging reaksiyon. Galak-na galak siyang ibahagi ang kaniyang kahusayan sa pagtuturo habang inilalapat ang polisiya ng kagawaran ng edukasyon. |

Ang positibong reaksiyon sa pagkakamali ng isang mag-aaral ay maaaring magpakita ng pagkakaroon ng pag-unawa, pagtanggap at pagpapahalaga sa proseso ng pagkakamali bilang bahagi ng pagkatuto. Sa halip na magalit o mabigat na parusahan ang mag-aaral sa kanyang pagkakamali, magbigay ng konstruktibong pagwawasto upang matulungan siyang maiwasan ang pagkakamaling iyon sa susunod na pagkakataon.

Bigyan ng pagkakataon ang mag-aaral na maipakita ang kanyang kakayahan upang mapalakas ang kanyang tiwala sa sarili, upang magkaroon ng pagkakataon na patunayan ang kaniyang kakahayan sa mga bagay-bagay. Hindi na akma ang tradisyunal na pagtuturo na kung saan ay mayroong corporal punishment. Ang pagkatuto ay sa pagitan ng willingness at fearless, Brinas (2023).

*Self-efficacy is a well-known psychological resource, being positively associated with increased performance. Furthermore, results from field studies suggest a positive impact of self-efficacy on flow experience, which has not yet been tested experimentally. In this study, we manipulated self-efficacy by means of positive feedback and investigated whether self-efficacy serves as a mediator in the relationship between positive feedback and flow and in the relationship between positive feedback and performance. Our sample consisted of 102 participants (63 female, 39 male). The experimental group received positive feedback after completing 5 min of mental arithmetic tasks on a computer, whereas the control group received no feedback. A second session of a mental arithmetic task was then completed for 5 min. Mediation analyses confirmed that specific self-efficacy mediated a positive effect of positive feedback on flow as well as on both performance measures (quality and quantity) in a subsequent task.*

*However, direct effects of feedback on flow and on performance were not significant, which suggests the presence of other mechanisms that remain to be investigated, Aust (2020).*

Batay sa nakalap na datos sa pag-aaral na ginawa nina Aust et. al (2020), may malaking epekto sa pagkatuto ng isang mag-aaral ang pagbibigay ng positibong puna ang guro sa bawat ikinikilos ng isang mag-aaral sa loob ng silid-aralan.

**Tanong sa panayam bilang 9: Bilang guro, paano ka magiging bukas sa pakikipag-usap sa iyong mag-aaral tungkol sa mga sensitibong usapin?**

**Talahanayan Bilang 9**

*Hulwarang Anotasyon sa Bukas na pakikipag-usap sa mag-aaral tungkol sa mga sensitibong usapin*

| KALAHOK | MGA TUGON | OBSERBASYON NG MANANALIKSIK |
|---|---|---|
| Guro B | "*Ako naniniwala ako ang mga guro ay talaga naming bukas sa pakikipag usap yan man ay sensitibong usapin kasi unang una ikaw ang iintindi sa kanila kailangan bukas ng isip mo sa pakikipagusap sa iyong mag aaral kaya ako natutuwa ako sa mga guro na di marunong gumamit ng mga kolokyal at balbal na salita diba nakakatuwaa pero at the same time maiisip mo na yun nga kawawa din kasi salat sila sa usapin kasi part yan talaga ng usapin part yan ng wika yang kolokyal at balbal kaya dapat alam din natin bukod sa ito ay trending ay napapanahon ngayon ang salita bilang isang guro kailangan bukas rin ang isipan na i-adapt mo yung salitang iyon para syempre kung sakaling ikaw naman ang pumunta sa isang lugar kaya mong makibagay kaya mong umakto kaya mong kumbaga umakma sa salita nila*" | Masayang isinalaysay ni Guro B ang sitwasyon sa tuwing nagbubukas ng usapan sa pagitan niya ng kanyang mag-aaral. |

Ang Talahanayan 9 ay nagpapakita ng mga patotoo ng mga kalahok tungkol sa paano magiging bukas sa pakikipag-usap sa mag-aaral tungkol sa mga sensitibong usapin, gayundin naman ang mga obserbasyon ng mananaliksik sa kalahok sa panahon ng pakikipanayam.

Masayang naisalaysay ni Guro B ang kaniyang karanasan patungol sa usaping sensitibo sa loob ng paaralan. Makikita sa talahayan bilang 9 ang kanyang kasagutan. Ang kalahok sap ag-aaral ay bukas sa usaping sensitibo. Dagdag pa niya, bilang guro kinakailangan maging bukas sa ganitong usapin dahil ang mga salitang sensitibo ay bahagi pa rin ng wika.

Walang bastos na wika at walang wikang bastos, Sayas (2001 sa Beatris 2018). Sa pag-aaral na ginawa si Beatris (2018) tungkol sa wikang Filipino, hindi maaaring gamitin ang salitang "bulaklak" bilang pamalit sa salitang "puke" o salitang "batotoy" kapalit naman ng salitang "titi". Aniya, ang mga salitang "bulaklak" at "batotoy" ay bahagi ng salitang balbal. Lumabas sa kaniyang pag-aaral na nahihiya ang mga kalahok na sabihin ng deretso ang "titi" at "puke" kaya't gumagamit sila ng ibang salita na malapit sa konsepto ng totoong salita.

Sa intelektwal na mundo hindi katanggap-tanggap ang ganitong pangyayari, sapagkat kinakailangan na ang guro sa paaralan ang magturo ng wastong salita na dapat ginagamit ng mag-aaral. Nagkakaroon ng maling pagtuturo kung mismong guro ang hindi kayang magsalita o gamitin ang wastong salita na nasa konsepto ng sensitibo.

Dagdag pa ni Beatris (2018), Sa pag-uusap tungkol sa mga sensitibong usapin sa paaralan, maaaring magkaroon ng mas malalim na pang-unawa at pagpapahalaga sa pagkakaiba-iba ng mga tao. Maaari rin itong magbigay ng pagkakataon para sa mag-aaral na matuto tungkol sa mga isyu na may kaugnayan sa lipunan at magkaroon ng kritikal na pag-iisip at pagsusuri sa mga ito.

Ang pag-uusap tungkol sa mga sensitibong usapin ay maaaring magbigay ng pagkakataon para sa mag-aaral na magbahagi ng kanilang mga opinyon at karanasan sa iba pang mag-aaral at guro, na maaaring magdulot ng mas malalim na ugnayan at pakikipagkaisa sa loob ng paaralan.

"*Sabi ng propesor ko sa Filipino, "kinukulong natin ang wikang Filipino." Sa tuwing ang isang salitang Filipino ay iniuugnay daw natin sa malisya at kabastusan, ito araw ay kinukulong natin. Matagal ko nang napagtanto ang kanyang sinabi. Bakit nga ba sa tuwing gagamitin natin ang wikang Filipino, ang tingin natin dito'y mababang klaseng wika at ika nga'y hindi sosyal?*

*Ang hinalimbawa ng aking propesor ay ang paggamit natin ng mga salitang Ingles kahit may katumbas naman ito sa ating sariling wika. Para bang gamitin mo na ang ibang wika 'wag lang ang 'yong Wikang Pambansa. Halimbawa, bakit sa tuwing babanggitin ang ari o private part ng mga tao, ginagamitan pa ng salitang Ingles imbes na Filipino? Nagiging bastos ba ito kung sa Filipino? Bakit ayos lang gamitin ang 'vagina' at bastos kung 'pekpek'? Bakit ayos lang gamitin ang 'penis' at bastos kung 'titi'? Bakit bastos din ang mga salitang 'bayag', 'salsal', 'libog', 'suso' o 'bulbul' ngunit kung sa Ingles ay tinatanggap naman natin?*" (Villanueva, 2018).

**Tanong sa panayam bilang 10: Paano mo binibigyan ng puna ang iyong mag-aaral batay sa kanilang naging pamamaraan ng kanilang pagpapahayag ideya o impormasyon?**

Ang Talahanayan 10 ay nagpapakita ng mga patotoo ng mga kalahok tungkol sa pagbibigay-puna sa mag-aaral batay sa nagging pammaraan ng pagpapahayag ng ideya o impormasyon, gayundin naman ang mga obserbasyon ng mananaliksik sa kalahok sa panahon ng pakikipanayam:

Malinaw at may kompyansa ang pagsagot ni Guro A sa tanong tungkol sa pagbibigay ng puna ng guro sa mag-aaral batay sa nagging pamamaraan sa kanilang pagpapahayag ng ideya o impormasyon. Aniya, kinakailangang isailalim sa matinding pag-aanalisa ang mag diskurso ng mag-aaral upang matimbang ng maayos at maingat na makapagbigay ng akmang suhestyon at komento. Kinakailangan din na walang malalampasang detalye sa bawat pagbabahagi sa silid-arala at mga gawaing itinakda ng guro.

**Talahanayan Bilang 10**

*Hulwarang Anotasyon sa pagbibigay ng puna ng guro sa mag-aaral batay sa naging pamamaraan ng kanilang pagpapahayag ng ideya o impormasyon*

| KALAHOK | MGA TUGON | OBSERBASYON NG MANANALIKSIK |
|---|---|---|
| Guro A | "*Isinasailalim ko ito sa matinding pag-aanalisa ng kanilang diskurso upang mas maging matimbang, maingat at walang malalampasan na maliliit na detalye sa kanilang isinagawang pagbabahagi sa klase.*" | Naipamalas ni Guro A ang kaniyang kompiyansa sa pagsagot sa tanong. Kapansin-pansin sa kaniya ang kanyang paghihimay-himay sa mga detalye tuwing nagbibigay ng impormasyon sa kaniyang mag-aaral. |

Ang pagpapahayag ng damdamin ng mag-aaral ay mahalaga upang matugunan ang kanilang mga pangangailangan at magbigay ng tamang suporta sa kanila. Ang pagkuha ng opinyon at saloobin ng mag-aaral ay mahalaga dahil ito ay magbibigay ng mas mabuting pagkakataon para sa mga guro na mapabuti ang kanilang mga pamamaraan sa pagtuturo at makipag-ugnayan sa kanilang mag-aaral, at magpapakita ng halaga at respeto sa mag-aaral bilang mga indibidwal na may sariling karanasan at pananaw sa buhay.

Ang pagkalap ng guro sa mga impormasyong mula sa mag-aaral ay esensyal sa mundo ng pagtuturo at pagkatuto. Dahil dito nabubuo ang magandang daloy ng pagkatuto ng isang tao. Subalit kaakibat nito ang pagsusuri sa mga pagpapahayag ng mag-aaral dahil hindi lahat ng impormasyon ay akma o wastong sa pinag-uusapan. Ayon nga kina Bernales et. al (2020), Ang pagwawasto sa pagbibigay ng opinyon ay mahalaga dahil ito ay nagpapakita ng pagiging maingat at responsable sa pagpapahayag ng sariling pananaw sa mga pangyayari o sitwasyon, at isa sa magandang daluyan ng pagpapahayag ay ang pelikula.

**Tanong sa panayam bilang 11: Anong sitwasyon sa loob ng klase ang nagkaroon ka ng pagkakataon iwasto ang hindi angkop na paggamit ng genre sa pagpapahayag ng opinyon?**

Ang Talahanayan 11 ay nagpapakita ng mga patotoo ng mga kalahok tungkol sa sitwasyon sa loob ng klase na nagkakaroon ng pagkakataon na maiwasto ang hindi angkop na paggamit ng gerne sa pagpapahayag ng opinyon, gayundin naman ang mga obserbasyon ng mananaliksik sa kalahok sa panahon ng pakikipanayam:

Napakahalaga ng pagwawasto sa pagbibigay ng opinyon ng mag-aaral sa loob ng klase. Makikita sa talahanayan 11 ang kasagutan ni Guro E na kung saan makikitaan ng pagmamalaki sa kaniyang gingawang aktibidad sa loob ng silid-aralan sa usaping pagpapahayag ng opinyon. Aniya sa pamamaraang debate madalas magkaroon ng paglalahad ng mga opinyon ang kaniyang mag-aaral at dito naipapamalas ng kaniyang mag-aaral sa pakikipagtalo o argumento ukol sa isang usapin.

**Talahanayan Bilang 11**

*Hulwarang Anotasyon sa sitwasyon sa loob ng klase sa Pagkaroon ng pagkakataon na iwasto ang hindi angkop na paggamit ng genre sa pagpapahayag ng opinyon*

| KALAHOK | MGA TUGON | OBSERBASYON NG MANANALIKSIK |
|---|---|---|
| Guro E | *"kapag may debate sa loob ng klase. May mga pagkakataon na hindi planado ang debate maam as in kahit wala sa loob ng lesson plan ay magkakaroon ng pagtatalo ng kanilang mga ipinaglalaban ukol sa isyu. Halimbawa sa grade 10 kasi na-i-integrate ko palagi ang araling panlipunan sa klase ko. sa isang panitikan tulad na lamang nun kay Dilma Rouseff, habang tinatalakay namin ito ay nagkaroon ng isang isyu ukol sa inflation sakto ang pangulo ngayon ng bansa ay may mga isyu gaya din ni dilma rouseff. sa ganoong pagkakataon at nakagagamit ang mga student ko ng tinatawag na maling mga salita ay kagya't ko itong iwinawasto subalit syempre pagkatapos ng palitan ng argumento. mpalagi kasi akong may hawak na papel at doon ko sinusulat lahat ng aking mga puna sa klase as in lahat maam."* | Ipinagmamalaki ni Guro E ang kaniyang ginagawa sa klase at sa kaniyang pamamaraan sa pagwawasto sa mga salita. |

Sa ganitong gawain sa paaralan ay nabubuhay ang intelektwal na aspekto ng mag-aaral subalit sap ag-usad ng palitan ng mga kuro-kuro ay nagigig normal na rin ang paggamit ng wika. Kaya't hindi maiiwasang makagamit ang mag-aaral ng 'di wastong salita tulad ng balbal at kolkyal habang isinasagawa ang Gawain sa pagpapalitan ng argumento.

Sa paggamit ng mag-aaral sa mga 'di wastong salita ay nagkakaroon ng hindi maayos na daloy ng argumento. Maaaring hindi magkaunawaan ang mga kalahok dahil hindi naiintindihan o nauunawaan ng isang panig.

Gaya ng tinuran sa libro nina Bernales et. al (2019), Ang pagpapahayag ng opinyon ay mahalaga dahil ito ay isa sa mga paraan upang maipahayag ang sariling pananaw o pagtingin tungkol sa isang bagay o pangyayari. Ngunit, kung hindi tama o hindi wasto ang pagkakapahayag ng opinyon, maaaring magdulot ito ng maling pagkakaintindi o hindi pagkakaunawaan sa pagitan ng nagsasalita at ng kanyang mga tagapakinig.

Kaya naman, mahalagang iwasto ang salita sa pagpapahayag ng opinyon upang mas maintindihan ng mga nakikinig ang tunay na mensahe na nais iparating ng nagsasalita. Narito ang ilang mga dahilan kung bakit mahalagang iwasto ang salita sa pagpapahayag ng opinyon: (i) Maiiwasan ang maling interpretasyon, Kapag hindi tama ang pagkakapahayag ng opinyon, maaaring magdulot ito ng maling interpretasyon o hindi tamang pag-unawa sa kahulugan ng sinasabi ng nagsasalita. Kaya't mahalaga na iwasto ang salita upang maiwasan ito; (ii) Mas magiging epektibo ang mensahe, Kung tama at wasto ang pagkakapahayag ng opinyon, mas magiging epektibo ang mensahe dahil mas maiintindihan ito ng mga nakikinig at mas magkakaroon ng magandang resulta o pagtugon sa hinihinging pananaw; (iii) Naiiwasan ang mga hindi magandang konsekwensiya, Kung hindi tama ang pagkakapahayag ng opinyon, maaaring magdulot ito ng hindi magandang konsekwensiya sa mga nagsasalita at sa kanilang relasyon sa iba. Kaya't mahalagang iwasto ang salita upang maiwasan ito.

Sa pangkalahatan, ang wastong pagpapahayag ng opinyon ay nagpapakita ng maingat at propesyonal na pag-uugali ng isang tao sa pakikipagkomunikasyon sa iba. Mahalaga ito upang maiwasan ang hindi pagkakaunawaan, maling interpretasyon, at iba pang hindi magandang konsekwensiya sa mga nagsasalita at sa kanilang relasyon sa iba.

**Tanong sa panayam bilang 12: Paano mo binigyang-pansin ang mga paggamit ng kolokyal at balbal na salita ng iyong mag-aaral?**

Ang Talahanayan 12 ay nagpapakita ng mga patotoo ng mga kalahok tungkol sa Paano binigyang-pansin ang mga paggamit ng kolokyal at balbal na salita ng mag-aaral, gayundin naman ang mga obserbasyon ng mananaliksik sa kalahok sa panahon ng pakikipanayam:

Seryosong sinagot ni Guro D ang tanong tungkol sa pagbibigay-pansin sa mga paggamit ng kolokyal at balbal na saita ng mag-aaral. Batay sa tugon sa talahanayan bilang 12, pinapayagan niya ang paggamit ng balbal at kolokyal na salita sa loob ng silid-aralan, subalit nagkakaroon ng maling interpretasyon ang guro at mag-aaral kung hanggang saan ba gagamitin ang balbal at kolokyal a mga salita, gayong ang mag-aaral ay nakasanayan na ang paggamit nito sa kahit saang lugar.

**Talahanayan Bilang 12**

*Hulwarang Anotasyon sa pagbibigay-pansin sa mga paggamit ng kolokyal at balbal na salita ng mag-aaral*

| KALAHOK | MGA TUGON | OBSERBASYON NG MANANALIKSIK |
|---|---|---|
| Guro D | *"Ahh… yun nga, ay itinatama ko or ikinaklaro ko yung salitang mga ginamit nila na..itong balbal na ito at kolokyal ay puwede naman nating siya gamitin ang problema lang ay yung paraan kung saan ba siya dapat gamitin at kapag ba ginamit natin ito sa ibang lugar ay makakasakit tayo ng damdamin, pangit ba ang tingin… mawawalan ba ng respeto sa isang salita or kaya ay may maling epekto ba sayo yun yung kalimitang ginagawa so dapat itong mga antas talaga ng wika…dapat talaga ay alam ng mag-aaral kasi kung hindi mo alam yung paraan kung saan ba dapat gagamitin yung mgasalita, maaring magkaroon ng misinterpretasyon at maling pagunawa doon sa salita na iyong ginagamit sa pakikipag komunikasyon. Sa paraang may matututunan sila."* | Seryosong sinagot ni Guro D ang tanong. May bahagya pagmumuni-muni sa kung paano niya dinetalye ang kanyang paraan sa kung paano binibigyang-pansin ang kaniyang mag-aaral. |

Nasisira ng mga wikang balbal ang imahe ng wikang Filipino, bas nadami pa ito at pinagyayaman kaysa sa sariling wika. Hindi ito magandang pakingan kagaya ng mga salitang ermat, erpat at abnoy. Sa resultang ito, papatunayan na ang pahayag ni Balazo(2000; sa Pecho 2023)na ang balbal ay tinatawag na slang sa ingles na masagwang pakinggan sa pandinig ng iba ay mga salitang nakababastos sa halip na ang itawag ay tatay, nanay at hindi normal ang itawag.

Pinatunayan ito s pag-aaral na ginawa ni Noval (2021), na Malaki ang epekto ng magpagamit ng mga balbal na salita o slang words sa English. Dahil sa modernisasyon hindi mapigilan ang pag-usbong at paglaganap ng paggamit ng balbal na salita ng mga tao. Dahil dito nagkakaroon ng malaking epekto sa pakikisalamuha at pakikipagtalastasan ang mga tao sa kaniyang kapwa.

*This study analyzed the structure and the reasons as to how slang language emerged at present time. This also sought to find out the influences which have big impact to the emergence of slang as modern language in this generation. The data were gathered through interviewing thirteen (13) participants and interpreted through descriptive phenomenological method of research. The study revealed that the most common structure in the formation of slang words is through combination. With this, slang words were used for entertainment, self-expression and personal identity, to be in trend and for socialization. It can also be seen from the study that technology, gadget, social media, peers and friends and the artists being idolized have a big impact in the emergence of slang words. As a conclusion, the emergence of slang words in the modern generation is related to the language situation existing in a society and as to how its speakers embrace and accept the language.*

Kaya't mahalaga na matukoy at malaman ng mga tao ang akmang lugar kung kailan lamang dapat ginagamit ang wikang balbal at kolokyal. Hindi kailanman dapat gamitin ang mga salitang ito sa isang pormal na edukasyon. Kinakailangan na ang gurong tagapagdaloy ng pagkatuto ay kinakailangan na magkaroon ng sapat na kakayahan na iwasto ang kaniyang mag-aaral sa tuwing nakagagamit ng balbal na salita sa loob ng silid-aralan.

Gaya na lamang na tinuran ni Pecho (2021), sila ay nagkakaroon ng OBF (Oras ng Bokabularyong Filipino) sa loob ng silid-aralan. Ang tanging layunin ng gawaing ito ay hindi malimutan ng kaniyang mag-aaral ang wikang Filipino o wikang Pambansa. Itong ganitong Gawain ay nagiging daan upang mabuhay ang mga wika o salitang tinatawag na malalim na tagalog o salitang Filipino. Aniya, ang mga Pinoy pa mismo ang mukhang nagiging bagong tagapagsalita ng kanilang sariling wika dahil ang mga matatagal ng salita ay hindi na nauunawaan ng mga kabataan.

*"Ang bayan mismo ang nagsasagawa ng paglikha, panghiram, pagbuhay sa lumang salita o pagbaluktot sa Wikang Filipino. Kaya sino pa din ang kaylangan para maiwasan o mabawasan ngunit tayo din naman. Upang masolusyonan ang problemang ito naisip naming gumawa ng paraan para mabawasan o mabalanse ang wikang Filipino sa papagitan ng pagtuturo ng tamang wika na tatawaging OBF. Para maisagawa ang amin layunin na bawasan ang wikang balbal ay nais namin na magkaroon ng oras sa paaralan para ituro ang bokabularyong Filipino sa tulong ng mga guro dito ay tatalakayin ang mga salita natin nakalimutan na upang pagyamanin. Kaylangan din naming ng tulong ng mga estudyante. Bilang estudyante ay ituturo natin ang ating natutunan tungkol sa paggamit ng wika sa mga kabataan na nakakalimutan ang tamang wika, ito ay para mabawasan ang paggamit ng salitang balbal at mapagyaman ang sariling wika at sa aming pagtuturo sasabihin din namin ang iba't ibang epekto ng wikang balbal sa atin hihikayatin naming silang huwag gumamit ng wikang balbal. Hindi dapat kalimutan na ang wika ay kasangkapan para sa lahat ng mamamayang gumagamit nito. Lahat? Kaya kaylangan wikang Filipino, kasangkapan para sa lahat upang magkaintindiha, magkaunawaan at magkaisa. Oras, para mapayaman ang wikang Filipino at mabawasan ang wikang balbal."*

**Kaakibat na Katanungan sa Bilang 2: Ano ano ang tema nangingibabaw mula sa mga testimonya ng mga guro sa disiplinang Filipino?**

Sa penomonolohikal na pag-aaral ng hamong nararasanasan ng mga Guro sa Filipino sa pagwawasto sa paggamit ng mag-aaral ng wikang kolokyal at balbal sa bagong kadawyan, mayroong (12) paksang nabuo.

Ito ay ang mga ***Mahirap na Pakikipagkomunikasyon at Pakikitungo sa Kapwa Mag-aaral, Interbyu, Mga Aktibidad at Background Check, Tungkol sa Paksang Tinatalakay at Kanya-Kanyang Buhay Pamilya at Pag-ibig, Kapag Nahihirapan sa Oras ng Klase at Nakakagawa ng Kamalian, Mga Sitwasyong Bahagi ng Kanilang Pag-aaral, Agarang Pagwawasto ng Mali sa Iba't ibang Paraan, Itinatama ang mga Mali sa Iba't Ibang Paraan, Positibo at Negatibong Reaksyon, Pagbibigay ng Disclaimer, Pagtanggap, at Pagpapaliwanag, Iba't Ibang***

***Paraan sa Pagbibigay Puna, Debate, Pagbibiruan, at Pagbibigay Karanasan, Napapanahong Paglalahad ng mga Puna*.**

Ang mga tema / paksang nabuo sap ag-aaral na ito ay pinagsama-sama sa tulong ng isang larawan. Ipinahahayag ng larawan / imahe ang isang pakikipagtalastasan ng bawat indibidwal sa larangan ng pagtuturo at pagkatuto. Sa larangang ito ay kabilang ang mag-aaral at ang gurong tagapagdaloy ng kaalaman sa loob at labas ng silid-aralan.

Kapansin-pansin ang mga iba’t ibang uri ng mag-aaral sa larawan na kumakatawan sa mag-aaral na mula sa iba’t ibang lugar na mayroong iba’t ibang kultura at wikang kinalakihan na nagiging sanhi ng pagkakaroon ng hadlang sa pakikipagtalastasan sa kaniyang kapwa mag-aaral at sa kaniyang guro.

Ginamit ng mananaliksik ang ganitong larawan na kakikitaan ng mga salik na makikita sa loob ng isang grapikong presentasyon na karaniwang ginagamit sa kombersasyon sa isang komiks. Sa bawat bubble na makikita ay ang mga tema o pasang nabuo mula sa mga tugon ng mga kalahok. Ang mga tugon ay masusing sinuri at inilahad sap ag-aaral na ito.




*Figura Bilang 2: Mga Nabuong Tema / Paksa*

**Tanong sa Panayam Bilang 1: Bilang isang guro maaari mo bang ilahad at ipaliwanag kung paano nakakapapekto ang lugar pinagmulan ng mag-aaral sa pakikipag-usap sa loob ng klase?**

Mayroong nabuong tema na Mahirap na Pakikipagkomunikasyon at Pakikitungo sa Kapwa Mag-aaral, ang lahat ng kalahok sa pag-aaral ay tumugon ng napakalaking epekto ng pinagmulang lugar ng mag-aaral sa pakikipag-usap sa loob ng klase. Ito ang nagiging dahilan kung bakit hindi nagiging maayos ang daloy ng komunikasyon at pakikitungo ng bawat isa sa loob ng klase.

**Tematikong Tsart A**

*Mahirap na Pakikipagkomunikasyon at Pakikitungo sa Kapwa Mag-aaral*

| KALAHOK | MGA TUGON | |
|---|---|---|
| Guro A | *"Madalas ay nahihirapan silang makitungo o makipagkomunikasyon sa kapwa mag-aaral .... Nagiging mitsa rin ito ng hindi pagkakaunawaan o kaya ay miscomuunication sa dalawang panig."* | *Mahirap na Pakikipagkomunikasyon, Mitsa ng di Pagkakaunawaan* |
| Guro E | *"...kapag tinanong ko sa recitation ang bata ay may ilang salita siyang nahihirapan sabihin...* | |
| Guro B | *"... kailangan makibagay ka sa kanila… "* | *Pakikibagay* |
| Guro C | *"Ang madalas ko lamang nakikita sa mga estudyante ko ay nahihiya silang makihalubilo sa kanilang kapwa mag-aaral…".* | *Nahihiyang Makihalubilo* |
| Guro D | *".... Naroon nga ang minsang e hiyang hiya silang magsalita o sumagot sa aking mga tanong ..."* | *Nahihiyang Magsalita* |

Ayon kay Guro A, ang pagkakaroon ng iba-ibang lugar na pinagmulan ng mag-aaral ang sanhi ng hindi pagkakaunawan sa pakikipagtalastasan ng kaniyang mag-aaral sapagkat ito raw ang hadlang sa paggamit ng wika ng mag-aaral. Gaya rin ng sinabi ni Guro E na nagkakaroon ng hindi pagkakaunawaan ang mag-aaral gayundin naman sa guro. Sapagkat may pagkakataon na nagagamit ng mag-aaral yung punto sa kanilang mga pinagmulang lugar. May mga pagkakataon din naman na biglaang nagagamit ng mag-aaral ang terminolohiya na kaniyang kinalakihan, at dahil doon ay nagkakaroon ng hiya ang mag-aaral para makipagtalastasan sa kanilang kapwa mag-aaral.

Ang mga taong nagmumula sa iba't ibang mga lugar ay maaaring magkaroon ng mga kaibahan sa wika, kultura at pananaw sa buhay. Ang pagkakaroon ng magkaibang mga wika at kultura ay maaaring magdulot ng hindi pagkakaintindihan sa pagpapaliwanag ng mga bagay-bagay, Ciudad ( 2017).

Dagdag pa ni Nelde (1997; sa Vinegas 2018) na ang ugnayan ng dalawang etnikong grupo na mayroong magkaibang wika ay madalas na hindi humahantong sa payapa at panatag na pamamaraan. Kadalasan ay mayroong namumuong tension o alitan na nagiging daan sa hindi pagkakaunawaan.

**Tanong sa Panayam Bilang 2: Bilang isang guro, ano ang iyong ginagawa upang makilala ang iyong mag-aaral batay sa kanilang pangkat na kanilang kinabibilangan?**

Ang lahat ng respondente ay nagsabing may kani-kaniyang paunang gawain upang makilala nila ang kanilang mag-aaral batay sa kanilang pangkat na kanilang kinabibilangan. Bagamat mayroong gawain ang bawat respondente ay hindi pa rin madaling makilala ang mag-aaral. Ayon kay Guro E, matagal-tagal kilalanin ang bawat mag-aaral kung saang pangkat sila nabibilang.

**Timatikong Tsart B**

*Interbyu, Mga Aktibidad at Background Check*

| KALAHOK | MGA TUGON | |
|---|---|---|
| Guro A | *"Sinisimulan ko ito sa simpleng interbyu sa oras at pagkatapos ng klase …."* | *Interbyu* |
| Guro B | *"Ayan napaka gandang katanungan Ma'am. ang ginagawa ko dito nagbibigay ako ng mga assessments, nagbibigay ako ng mga aktibidad na talaga n aman aakma kung paano ko makikilala ang aking mga estudyante..."* | *Pagbibigay ng Assessments at mga Aktibidad* |
| Guro E | *"Isa sa ginagawa ko sa unang pasukan ng School Year eh may pa-activity ako." Para siyang getting to know each other." …."* | |
| Guro C | *… hinihikayat ko po silang mag bahagi ng mga kwento na may kaugnayan po ahhh sa mga pangyayari sa kanilang buhay …pinakikitunguhan ko po silang lahat ng may pantay – pantay na respeto at …* | *Paghikayat na Magbahagi ng mga Kwento* |
| Guro D | *"Ako kasi ay isang adviser, nakikita ko na agad ang kanilang mga detailed lalo na ang personal info nila. Kahit papaano nagkakaroon na akong background check sa kanila… Halimbawa, mayroon kakaiba sa suot o kaya pananamit ng iyong estudyante, mayroon agad akong immediate survey doon pero in a good way naman o kaya pasimpleng pagtatanong. ..."* | *Background Check/Survey* |

Natuklasan ng mananaliksik sa tugon ng mga kalahok ng pag-aaral ay Interbyu, Mga Aktibidad at Background Check. Ginagawa ng mga kalahok sa unang pasukan ng taong panuruan ay kilalanin ang bawat mag-aaral. Mahalaga ito sa larangan ng pagtuturo dahil ito ang nagsisilbing daan upang makilala ang mag-aaral. Napakahalaga rin ang gawaing ito sa simula ng proseso ng pagtuturo at pagkatuto bukod sa pagkilala sa mag-aaral ay nagsisilbi rin itong hudyat kung paano mo pakitutunguhan ang iba't ibang klase ng mag-aaral sa loob ng silid-aralan.

*Getting to know who your students are as individuals can help you to provide an inclusive, respectful and accepting classroom environment. This will not only help to keep your students highly engaged in learning, but will also provide a safe space for them when navigating tough times that will encourage them to open up and seek support when needed.*

*Some students may feel too shy to speak up in classroom discussions, and may not enjoy large-group tasks or volunteering to deliver presentations as much as another student might. Instead, these students could feel more comfortable expressing their views through online forums, one-on-one conversations or via suggestion boxes. Allowing for these differences by using a variety of teaching strategies can help all students experience success while developing their confidence in other areas, Heath (2019).*

Mahalaga na kilalanin ang mag-aaral dahil ito ay magbibigay ng malawak na kaalaman sa mga guro at iba pang kawani ng paaralan tungkol sa mga pangangailangan, kakayahan, at mga interes ng bawat mag-aaral. Sa pamamagitan ng pagkakaroon ng malalim na pang-unawa sa bawat mag-aaral, mas magiging epektibo ang pagtuturo at mas magiging produktibo ang bawat klase.

Sa pagkakakilala sa bawat mag-aaral, magkakaroon din ng pagkakataon para matukoy kung may mga estudyante na nangangailangan ng dagdag na suporta, kagaya ng mag-aaral na may mga *special needs* o mayroong mga personal na mga isyu na kailangan ng tulong mula sa kanilang mga guro at ibang mga kawani ng paaralan.

Bukod pa rito, ang pagkakakilala sa bawat mag-aaral ay magbibigay ng mga impormasyon sa mga guro upang maabot ang lahat ng mag-aaral sa klase. Ito ay magbibigay ng pagkakataon para maiaayon ang mga guro ang kanilang pagtuturo at makatugon sa mga pangangailangan at kagustuhan ng bawat mag-aaral.

**Tanong sa Panayam Bilang 3: Anong kadalasang paksa ang inyong pinag-uusapan ng iyong mag-aaral sa tuwing (i) nasa loob ng klase ; (ii) nasa bakanteng oras; (iii) nasa labas ng paaralan?**

Sa temang Tungkol sa Paksang Tinatalakay at Kanya-Kanyang Buhay Pamilya at Pag-ibig, ang lahat ng kalahok sap ag-aaral ay tumugon sa kadalasang paksa na pinag-uusapan sa pagitan ng guro at mag-aaral ay tungkol sa paksang nalaang ituro sa isang araw. Ang lahat ng respondate ay nagsabi na ganito ang palaging paksa nila sa loob ng silid-aralan.

Gayundin naman ang paksa na pinag-uusapan ng mag-aaral at guro sa labas ng klase at ito ay ang sumusunod: (i) pamilya; (ii) pangarap ng mag-aaral; (iii) ang pangkaraniwang problema ng mag-aaral; (iv) at love life ng mag-aaral.

Makikita na ang pinapaksa sa loob at labas ng silid-aralan sa pagitan ng guro at mag-aaral ay makabuluhan. Makabuluhan sapagkat ang lahat ay patungkol sa buhay ng bawat isa, sa kanilang mga pangarap, sa karaniwang suliraning kinahaharap ng isang indibidwal na bahagi ng isang lipunan.

Mabuting paksain sa loob ng paaralan ang tungkol sa kani-kanilang buhay lalo't higit ang pag-usapan ang mga pangarap ng bahagi nito. Nagkakaroon ng maayos na daloy ng pang-unawa sa pagkakaiba-iba at sa pagiging matatag ng isang mag-aaral na harapin ang buhay. Ang ganitong uri ng pakikipag-ugnayan at pagiging bukas ng sarili ay nagiging daan sa pagkakaroon ng matatag na personalidad.

**Tematikong Tsart C**

*Tungkol sa Paksang Tinatalakay at Kanya-Kanyang Buhay Pamilya at Pag-ibig*

| KALAHOK | MGA TUGON |
|---|---|
| Guro A | *" Sa oras ng klase ay ang mga paksang aming tinatalakay. Sa bakanteng oras ay madalas ang mga kulang nilang awtput sa klase. Sa labas ng paaralan ay bibihira ko lamang silang makausap ngunit kung may pagkakataon ay madalas maikling kumustahan."* |
| Guro B | *"Una pag nasa loob ng klase syempre yung aming diniduskusyon, yung aming content, yung aming topic.. Pag naman nasa bakanteng oras mga naririnig ko sa kanila kung ano ano syempre mga lovelife pinag uusapan nila…,Sa labas naman ng paaralan siguro yung mga tungkol na rin sa bahay nauungkat na lahat ng problems sharing ayan..."* |
| Guro C | *" Tungkol sa mga asignatura namin Tungkol sa pamilya at sa mga naisin nila sa buhay Tungkol sa pag-aaral, pamilya lalo't higit sa pangarap nila"* |
| Guro D | *" Tungkol sa mga aralin, minsan naman ay tungkol sa kanilang mga karanasang makatutulong sa pagpapalalim ng aming mga paksang tinatalakay…sumbong nang sumbong ng kung ano ano..."* |
| Guro E | *" Kapag nasa loob ng klse syempre more on lesson talaga. Yung mga akdang pampanitikan at wika. Yun ang usual na topic." "Kapag naman nasa labas ng klase o kaya break time ay tungkol sa kung ano-ano. Like about their dreams, pangarap sa buhay." Pero may mga pagkakataon na tungkol mismo sa buhay nila ano yung nagiging usual na problema nila. …"* |

Ang pahayag ni Beltran et. al (2022), patungkol sa Edukasyon sa Pagpapakatao na ang pag-uusap tungkol sa pangarap at buhay ay mahalaga sa loob ng paaralan dahil ito ay nagbibigay ng mas malalim na kahulugan sa pag-aaral. Sa pamamagitan ng pagtalakay sa mga pangarap at layunin ng mag-aaral, nagbibigay ito ng kahulugan sa kanilang mga gawain sa loob at labas ng paaralan. Ito ay nagbibigay ng inspirasyon at motibasyon upang magpatuloy sa kanilang mga pag-aaral.

Dagdag pa niya, Sa pag-uusap tungkol sa buhay, nagiging bukas ang pagtalakay tungkol sa mga hamon at karanasan sa buhay ng mag-aaral. Ito ay nakatutulong sa pagpapalawak ng kanilang kaalaman at pag-unawa sa mga tunay na hamon ng buhay. Bukod pa rito, ito ay nakatutulong sa pagbuo ng kahusayan sa pagpapasya at paglutas ng mga suliranin na maaaring harapin sa kanilang mga buhay.

Sa pangkalahatan, ang pag-uusap tungkol sa pangarap at buhay ay nakatutulong sa pagbuo ng pagkakakilanlan ng mag-aaral sa loob ng paaralan. Ito ay nagpapalakas sa kanilang kahandaan upang harapin ang mga hamon sa buhay, magbigay ng kahalagahan sa mga pagsubok na kanilang hinarap, at magbigay ng inspirasyon para sa kanilang kinabukasan.

**Tanong sa Panayam Bilang 4: Bilang isang guro sa anong sitwasyon ka gumagamit ng mga eupemismong salita habang kausap ang iyong mag-aaral?**

Sa temang *Kapag Nahihirapan sa Oras ng Klase at Nakakagawa ng Kamalian* ang mga respondente ay lahat ng tugon ay ang pagpili ng mga salitang hindi magkakaroon ng sama ng loob ang mag-aaral. Iniiwasan ng mga guro na gumamit ng mga salitang nakasasakit ng damdamin. Subalit ayon kay Guro E ang maseselang salita o terminolohiya ay tahasan niyang binabanggit sa loob ng klase upang hindi magkaroon ng negatibong pananaw ang mag-aaral sa mga salitang filipino na ang katumbas sa ibang wika ay nasa konsepto ng maselan.

Ayon naman kay Guro D, di naiiwasan niyang makapagsalita ng negatibong salita sa mag-aaral kapag nagkakamali ang mga ito ngunit ipinapaliwanag naman niya ang kanyang mga nasabi sa buong klase.

**Tematikong Tsart D**

*Kapag Nahihirapan sa Oras ng Klase at Nakakagawa ng Kamalian*

| KALAHOK | MGA TUGON | |
|---|---|---|
| Guro A | *"Ginagamit ko ang mga eupimismong salita sa mga pagkakataon na kailangang aluin ang damdamin ng mag-aaral na labis na nahihirapan sa oras ng klase."* | Kapag Nahihirapan ang mag-aaral sa Klase |
| Guro B | *"… situation na halimbawa pagkatapos ko silang pagalitan kumbaga gagamit ka ng mga salitang pampalubag loob para maibsan yung naranasan nilang paggalit galling sayo."* | Pagkatapos Pagalitan |
| Guro C | *"Kapag nakagagawa sila ng kamalian, Pinagsasabihan ko sila at pinauunawaan ang mga bagay bagay."* | Kapag Nakakagawa ng Kamalian |

| | |
|---|---|
| Guro D | *"… may pagkakataon talaga na nauubos ang aking pasensya, halimbawa na lamang ay ang mga takdang aralin o mga gawaing hindi tinatapos. …"* |
| Guro E | *"… halimbawa na lamang ay ang mga takdang aralin o mga gawaing hindi tinatapos. Sa nais kong maiparamdam na ako'y galit at hindi natutuwa sa kanilang inasal dito ko lubos na nagagamit ang mga eupimismong salita at paraan upang ipaliwanag at ipaalala ang gampanin nilang bilang mag-aaral. …"* |

Napakahalaga sa isang pormal na edukasyon ang pagtrato sa mag-aaral ng may pagkakapantay-pantay at pagkakaroon ng paggalang mula sa kanilang mga guro. Dito nagkakaroon ng maayos na relasyon ang guro at mag-aaral. Ang pagpili ng mga salitang bibitawan ng guro sa kaniyang mag-aaral ay isang magandang Gawain upang maiwasan ang hindi maayos na Samahan sa pagitan ng guro at mag-aaral.

Ang ganitong gawain ng isang guro ay nagbibigay ito ng ligtas na kapaligiran para sa mag-aaral. Sa pamamagitan ng pagpapakita ng respeto sa kanilang mga pangangailangan at pagkakaroon ng patas na mga patakaran, ang mag-aaral ay nakakaramdam ng ligtas na kapaligiran na nagtutulungan upang matuto.

*Remember that the students need to feel respected, understood, and safe. Dsicipline is not about punishment. It is not always easy to respond constructively in challenging situations. Positive Discipline takes through practice.*

*Positive Discipline can guide all guros' interactions with their students, not just as challenging ones. It also can guide their teaching of academic skills, not just social and behavioral skills. It is important to think ahead and plan a response,* Durant (2020).

Ang positive discipline ay isang paraan ng pagtuturo at pagpapalaki na nakapokus sa pagtutulungan ng guro at mag-aaral upang magkaroon ng maayos na pakikitungo sa isa't isa. Sa halip na gumamit ng mga parusang pisikal o emotional para sa mga kamalian ng mag-aaral, ang positive discipline ay nagbibigay ng mga kasanayan sa pagpapakita ng pagmamahal, pagpapakita ng respeto, pagbibigay ng pagkakataon sa mag-aaral na magpakita ng kanilang kakayahan, at pagbibigay ng patas at makatwirang mga patakaran. Kaya't ang simpleng pagpili ng mga salitang bibitawan sa harapan ng mag-aaral ay maituturing na isang huwarang gawain ng isang guro.

Dagdag pa ni Durant (2020), nakatutulong ito sa pagbuo ng mag-aaral ng positibong pag-uugali at kasanayan sa pakikipagkapwa-tao. Sa halip na maging agresibo o pasaway, natututo ang mag-aaral na magpakita ng paggalang at pagmamahal sa kanilang kapwa, at magpakita ng pagiging mabuti sa iba.

Gayundin naman, nakatutulong pa rin sa pagpapabuti ng mag-aaral sa pag-aaral at sa kanilang buong pagkatao. Sa pamamagitan ng pagtitiyak na mayroon silang ligtas at maayos na kapaligiran, at sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga pagkakataon upang ipakita ang kanilang kakayahan, nakatutulong ang positive discipline sa pagpapabuti ng mag-aaral sa pag-aaral at sa pagpapabuti ng kanilang mga kasanayan sa pakikipagkapwa-tao.

**Tanong sa Panayam Bilang 5: Bilang isang guro, anong sitwasyon ang iyong nararanasan sa loob ng klase na ikaw ay nagbigay ng iyong pagwawasto sa antas ng wikang ginamit ng iyong mag-aaral?**

**Tematikong Tsart E**

*Mga Sitwasyong Bahagi ng Kanilang Pag-aaral*

| KALAHOK | MGA TUGON | |
|---|---|---|
| Guro A | *"May mga pagkakataon na sa oras ng pagbabahagi o pagkatapos ng pagbabahagi ay nagbibigay komento at suhestiyon ako sa mag-aaral hinggil sa salita na ginamit niya na maaari magdulot ng kalituhan sa kapwa mag-aaral. …."* | Pagkatapos ng Talakayan. |
| Guro B | *"Lagi naman eh sa lahat ng sitwasyon …"* | Sa Lahat ng Pagkakataon |
| Guro C | *"Sa kanilang pagsasalita at pagsulat ng mga gramatika, kalimitan ay duon ang pagwawasto"* | Sa Kanilang Pagsasalita at Pagsulat ng mga Gramatika |
| Guro E | *"… Minsan kasi yung pagsusulat ng talata o sanaysay eh di na siguro namamalayan ng mga student ko na parang chat o text yung kanilang ginagawa. …"* | |
| Guro D | *"Maraming beses na rin actually may mga bata kasi talaga dala ng uso e at social media panay ang gamit mga balbal na salita. Tulad nga nung may presentation kami…"* | Kapag may Presentasyon |

Sa temang *Mga Sitwasyong Bahagi ng Kanilang Pag-aaral*, ang lahat ng mga respondente ay nagsabi na iwinawasto nila ang paggamit ng mag-aaral ng iba-ibang antas ng wika ay mismong sa loob ng silid-aralan. Iba-iba man ang kanilang pamamaraan sa pagwawasto sa paraan ng pagsulat at pagssalita ay nananatiling sa loob ng klase ito ginagawa. Partikular sa pagsasalita ng mag-aaral, kagyat nilang iwinawasto ito sa oras ng klase partikular sa huling bahagi ng diskusyon o pagkatapos ng gawain ng mag-aaral.

Sa paraan naman ng pagsulat isa sa mga respondate ang nagsabi na binibilugan niya ang mga salitang wala sa konsepto ng pormal na salita at inilalagay nito ang mga wastong salita na dapat ay ginagamit ng mag-aaral.

Ayon naman kay Guro C, sa kahit anong sitwasyon ay iniwawasto niya ang kaniyang mag-aaral maging iro ay pag-uulat o pagsusulit. Mahalaga para sa kaniya na maiwasto ang maling gamit ng salita ng mag-aaral.

Si GuroE naman ay gumagamit ng *rubrics* sa pagwawasto ng mga gawain at isa sa pamantayan sa nasabing *rubrics* ay ang wastong gamit ng gramatika kalakip nito ang maayos na pagpili ng mga salitang nasa konsepto ng pormal na salita. Si Guro E ang nagbibilog ng mga salitang nagagamit ng mag-aaral na nasa konsepto ng impormal na salita subalit hindi niya masyadong ibinabawas ang marka dahil ayon sa kaniya kasama na ng henerasyon ngayon ang teknolohiya at hindi naiiwasang makagamit ang mag-aaral ng mga terminolohiyang impormal. Mas higit maliwanag kay Guro E na itama o iwasto ang mga ito sa paraan ng paglalagay ng wastong salita sa bawat impormal na salitang ginagamit ng mag-aaral sa paraan ng pagsulat o sa mga gawaing pagsulat. Ibig sabihin ang pagwawasto ay isang gawain sa loob ng paaralan upang maging maayos at mabuti ang dapat matutunan ng mag-aaral.

*The news online article of Martin (2023) entitled "Texting slang creeps into students' writing" published by News Journal, about two-thirds of the middle and high school guros surveyed in the Pew study said that digital tools make students more likely to take shortcuts in their writing and nearly half said these tools make students more likely to "write too fast and be careless." The guros also met for small focus group sessions, with many reporting "an increasingly ambiguous line between 'formal' and 'informal' writing" and the use of informal language and style in formal writing assignments. Local guros and others say they see this trend, too. These reports concluded that guros were aware of how internet slangs were formed by the students using shortcuts and abbreviations.*

Hindi naiiwasan ng mag-aaral na gumamit ng maling salita o hindi wastong gamit ng salita sa loob ng paaralan dahil sa kapaligirang kinalakihan ng mag-aaral. Gayundin ang hindi maayos na dulot ng teknolohiya. Natututo ang mag-aaral ng mga pagpapakling salita na hindi naiiwasang magamit ng mga ito sa gawain sa paaralan sa kasanayang pagsalita at pagsulat.

*As supported by the Pew Reports in 2013 in which there were five thousand guros who were involved in the study, forty (40) percent of these guros believed that "social media has hurt their students' writing skills."*

Sinuportahan naman ni Pew (2013) na *social media* ang may malaking impluwensya sa pagkatuto ng mag-aaral sa mga salitang balbal at kolokyal na salita. Lumabas sa isang pag-aaral na may 40% ng mga guro ay naniniwala na ang teknolohiya ang sanhi ng mga hindi maiwasang magpagamit ng mag-aaral sa mga balbal at kolokyal na salita.

**Tanong sa Panayam Bilang 6: Bilang isang guro, paano mo isinagawa ang pagwawasto sa antas ng wikang ginamit ng iyong mag-aaral?**

**Tematikong Tsart F**

*Agarang Pagwawasto ng Mali sa Iba't ibang Paraan*

| KALAHOK | MGA TUGON | |
|---|---|---|
| Guro A | *"Ginagawa ko ito sa pamamagitan ng pagsasabi ng deretsahan kaysa magpaligoy ligoy pa …."* | *Pagsasabi ng Deretsahan* |
| Guro B | *"Agad kong sinasabi sa kanila kung ano yung mga maling salita na nagagamit nila. Hindi kasi pwede na ipagpapaliban mo yung pagkakataon na sila ay maitama.."* | *Agarang Pagsasabi ng Mali* |
| Guro C | *"Binabasa ang kanilang mga katha. Kapag may nakita akong mali iwinawasto ko ito."* | |
| Guro D | *"Um.. minsan ginagawa ko Ako pagkaganoon para mas maiiintindihan ang antas wika meron kaming ginagamit mga tawag doon talasalitaan ….."* | *Paggamit ng Talasalitaan* |
| Guro E | *"actually maam wala. Siguro dun na lang sa pagbibilog ko sa papel nila eh dun na lang malalaman na di yun pwede gamitin. …"* | *Pagbibilog ng Mali* |

Sa temang Agarang Pagwawasto ng Mali sa Iba't ibang Paraan, ang lahat ng kalahok ay tumugon na iniwasto nilang lahat ang mga wikang ginagamit ng kanilang mag-aaral sa iba't ibang mga pamamaraan. Si Guro A ay agarang pagsasabi sa kaniyang mag-aaral ang mga dapat na gamiting salita sa tuwing ang mga ito ay nakakagamit ng mga maling salita. Gayundin naman sina Guro B at C na agad nilang sinasabi sa kanilang mag-aaral ang kanilang mga pagkakamali at agad din naman itong iniwawasto.

Subalit iba ang pamamaran ni Guro D at E sapagkat ginagamitan nila ng talasalitaan upang mas higit na maunawaan ng kanilang mag-aaral ang wastong gamit ng mga salita. Si Guro E naman ay sa paraan ng pagsulat na kung saan ay binibilugan niya ito upang makita ng mag-aaral na ang kanilang paggamit ng mga salitang wala sa kawastuhan ay hindi katanggap-tanggap sa isang pormal na sulatin.

Sa kabuuan ng mga tugon, mahalaga na maituro sa mag-aaral ang wastong gamit ng mga salita sa kasanayan sa pagsulat at pagsasalita.

Nakatala sa inilathalang aklat nina Bernales et. al (2018), ang pagwawasto ng gramatika ay mahalaga dahil ito ang nagpapakita ng tamang paggamit ng mga salita at kung paano ito magtatagpo upang magbuo ng maayos na

pangungusap. Sa pagkakaroon ng tamang gramatika, mas madaling maiintindihan ang mensahe ng isang teksto, talata, o sulat.

Dagdag pa niya, ang pagkakaroon ng tamang gramatika ay nagpapakita rin ng pagiging propesyonal at organisado ng isang tao. Sa mga akademikong sulatin o propesyunal na sulatin, kadalasan ay kinakailangan ang tamang paggamit ng gramatika upang masiguro na malinaw at tama ang mensahe na nais iparating. Higit sa lahat, ang pagwawasto ng gramatika ay nagpapakita rin ng respeto sa sarili at sa mga taong babasa o makakausap ng isang tao. Ito ay dahil hindi nagpapakita ng kawalang-interes sa pag-unlad ng sarili, sa sariling kaalaman, at sa pagiging maayos sa pakikipag-usap sa kapwa. Sa madaling salita, ang pagwawasto ng gramatika ay isang paraan upang ipakita ang respeto at pagpapahalaga sa sarili at sa mga taong nakapaligid sa atin.

**Tanong sa Panayam Bilang 7: Ano ang iyong ginagawa kapag nararanasan mo sa loob ng silid-aralan na nagagamit ng iyong mag-aaral ang kolokyal at balbal na salita sa isang gawaing pampaaralan tulad ng: (i) Pagsusulat; at (ii) Pagsasalita?**

Ang lahat ng respondente ay nahihirapan sa pagwawasto sa mag-aaral tuwing nakagagamit ng mga impormal na salita tulad ng kolokyal at balbal na terminolohiya. Subalit agad nila itong iniwawasto sa iba't ibang pamamaraan.

**Tematikong Tsart G**

*Itinatama ang mga Mali sa Iba't Ibang Paraan*

| KALAHOK | MGA TUGON |
|---|---|
| Guro A | "*Ang aking ginagawa sa oras na nagkahalo ang dalawang salita ay nagbibigay agad ako ng disclaimer upang maiwasto ang mga ganitong uri ng pagkakamali na sa aking palagay ay maituturing na hindi sinasadya.*" |
| Guro B | *"… syempre kino-*correct *ko ang aking mag aaral, talagang sinasabihan ko sila na mali yung paggamit, …"* |
| Guro C | *"Itanatama ko ito, minsan hindi maiiwasan ng mga bata kaya palagi mo silang papaalalahanan."* |
| Guro D | *"Ang ginagawa ko as a guro, yon kinokorek ko then pinapaintindi ko na naman kung ano ang dapat kong gawin…"* |
| Guro E | *"madalas kong pinapansin. May pagkakataong hindi ko na nabibigyan ng oras kasi may hinahabol akong oras at lesson na dapat tapusin…"* |

Batay sa kanilang salaysay nahihirapan sila sa pagwawasto dahil ang kanilang mag-aaral ay nakasanayan na ang paggamit mng mga kolokyal at balbal na salita. Kaya't ang bawat isa ay hindi nagsasawang magsulat ng kani-kanilang komento sa mga ginawa ng mag-aaral at hindi nagsasawang paalalahanan. Gayundin naman ang pagpapaliwanag na kahit limitadong oras ay-mailahad sa mga ito ang wastong mga terminolohiya na dapat ay gamitin sa mga gawaing pampaaralan tulad ng pagsasalita at pagsusulat.

Sa pagsulat binibulugan ni Guro E ang bawat terminolohiyang nagagamit ng mag-aaral na nasa konsepto ng impormal na salita. Nilalagyan din niya ito ng mga wastong salita na dapat ay ginagamit ng mag-aaral.

Sa ganitong punto, hindi talaga maaaring gamitin ang balbal at kolokyal na mga salita sa isang pormal na sitwasyon lalo't higit sa edukasyon. Ang balbal at kolokyal na salita ay dapat ginagamit lamang sa isang normal na usapan ng tao sa tao o kaya sa madaling salita ay sa isang kaswal na usapan lamang.

Ang balbal ay hindi dapat ginagamit sa paaralan. Ito ay dahil ang balbal ay isang uri ng wika na hindi opisyal at hindi kasama sa mga naitakdang patakaran at regulasyon ng isang wika. Ito ay karaniwang ginagamit sa mga pribadong lugar o sa mga grupo ng tao na mayroong kani-kanilang pananalita. Sa paaralan, kadalasang itinuturo ang mga opisyal na wika na mayroong mga tamang gramatika, baybayin at pagkakasulat. Ang paggamit ng balbal ay maaaring makasama sa edukasyon at maaaring magdulot ng hindi magandang impluwensiya sa pag-aaral ng mag-aaral. Ang tamang paggamit ng wika ay mahalaga sa pagpapahayag ng kaisipan at pakikipag-ugnayan sa mga taong nasa paligid, Bernales et. al (2018).

**Tanong sa Panayam Bilang 8: Paano mo ipinapakita ang iyong reaskyon tuwing makakaranas sa iyong mag-aaral na nakagagamit ng di pormal na antas ng wika gaya ng kolokyal at balbal na salita sa loob ng silid-aralan?**

**Tematikong Tsart H**

*Positibo at Negatibong Reaksyon*

| KALAHOK | MGA TUGON | |
|---|---|---|
| Guro A | *"Sa oras ng pormal na sesyon ay nagkakaroon tayo ng pagtatama subalit may mga pagkakataon na kinakailangang hindi ikulong sa iisang kahon ng mga wika ang isang silid-aralan sa oras ng pagkatuto kung kaya't normal na reaksyon lamang ang aking ipinapakita."* | Normal na reaksiyon. |
| Guro B | *"Syempre bilang isang guro hindi naman kaagad ako magagalit, hindi ko naman para sila pagalitan dahil gumamit sila ng ganung salita, syempre ikaw ang mag-guiguide i-cocorrect mo sila pinapakita ko yung reaction ko in a good way naman na hindi dapat yan ang tamang paggamit..."* | Maayos na naipapakita ag reaksiyon. |
| Guro C | | |
| Guro D | *"Nalaki ang aking mga mata na alam na nila ang ibig sabihin. Nagsosori na agad sila, doon pa lang alam na nilang mali iyon."* | Nalaki ang Mata |
| Guro E | *..., nakasmile lang ako kapag nakarinig ako ng paggamit ng kolkyal at balbal na salita. Dapat nakasmile ako dahil guro ako ng wika."* | Nakangiti |

Sa temang Positibo at Negatibong Reaksyon, makikita na ang apat na kalahok sa pag-aaral ay pare-pareho ang tugon. Positibong reaksiyon ang kanilang ipinapakita sa mag-aaral. Apat sa limang respondente ang nagsabi nang maayos na reaksyon ang kanilang ipinapakita sa tuwing nakagagamit ang mag-aaral ng kolokyal at balbal na salita sa loob ng klase. Kinakailangan sa mag-aaral ang positibong reaksyon sa kabila ng kanilang pagkakamali sa pagsasalita at pagsusulat.

Ayon kay Guro E, *"wala. I mean wala dapat makitang dismayadong reactions. Bawal yun. Lalo na sa school naming na may Posotive Discipline in Everday Teaching. May Child Protection Policy pa ngayon. so no negative reaction na kung saan na pi-feel ng bata na yung mga salitang ginagamit nya eh nasa konsepto talaga ng mali.*

*Dapat gawin positibo ang reaksiyon at yun ang napakahalaga. Ulitin ko ulit ang sagot ko. Di naman dapat maging mali ang tingin sa mga kolokyal at balbal na salita. At kung bibigyan ito ng reaksyon dahil nagagamit sa classroom eh dapat positibo pa rin ang reaksyon. Like me, nakasmile lang ako kapag nakarinig ako ng paggamit ng kolkyal at balbal na salita. Dapat nakasmile ako dahil guro ako ng wika."*

Ang positibong reaksiyon sa pagkakamali ng isang mag-aaral ay maaaring magpakita ng pagkakaroon ng pag-unawa, pagtanggap, at pagpapahalaga sa proseso ng pagkakamali bilang bahagi ng pagkatuto. Sa halip na magalit o mabigat na parusahan ang mag-aaral sa kanyang pagkakamali, magbigay ng konstruktibong *feedback* upang matulungan siyang maiwasan ang pagkakamaling iyon sa susunod na pagkakataon.

Bigyang-pagkakataon ang mag-aaral na maipakita ang kanyang kakayahan upang mapalakas ang kanyang kumpiyansa sa sarili, upang magkaroon ng oportunidad na patunayan ang kaniyang kakahayan sa mga bagay-bagay. Hindi na akma ang tradisyunal na pagtuturo na kung saan ay mayroong *corporal punishment*. Ang pagkatuto ay sa pagitan ng willingness at fearless, Brinas (2023).

*Self-efficacy is a well-known psychological resource, being positively associated with increased performance. Furthermore, results from field studies suggest a positive impact of self-efficacy on flow experience, which has not yet been tested experimentally. In this study, we manipulated self-efficacy by means of positive feedback and investigated whether self-efficacy serves as a mediator in the relationship between positive feedback and flow and in the relationship between positive feedback and performance. Our sample consisted of 102 participants (63 female, 39 male). The experimental group received positive feedback after completing 5 min of mental arithmetic tasks on a computer, whereas the control group received no feedback. A second session of a mental arithmetic task was then completed for 5 min. Mediation analyses confirmed that specific self-efficacy mediated a positive effect of positive feedback on flow as well as on both performance measures (quality and quantity) in a subsequent task. However, direct effects of feedback on flow and on performance were not significant, which suggests the presence of other mechanisms that remain to be investigated, Aust (2020).*

Batay sa nakalap na datos sa pag-aaral na ginawa nina Aust et. al, may malaking epekto sa pagkatuto ng isang mag-aaral ang pagbibigay ng positibong puna ang guro sa bawat ikinikilos ng isang mag-aaral sa loob ng silid-aralan.

Subalit kabaligtaran ang reaksyong ipinapakita ni Guro D sa lahat ng respondente sapagkat ayon sa kaniyang sagot ay pinanlalakihan niya ng mata ang mag-aaral tuwing nakagagamit ang mga ito ng salitang kolokyal at balbal sa loob ng klase. At sa ganoong gawain ay nalalaman ng mag-aaral na hindi dapat gamitin ang mga terminolohiyang ito sa loob ng klase. Kahit pa mayroong mga programa na ipinatutupad ang Kagawaran ng Edukasyon sa Pilipinas ay mayroon pa ring mga guro ang nasa makalumang pamamalakad sa pagtuturo na makikita kay Guro D.

Sinabi rin ni Brinas (2023), hindi maganda ang pagtitig ng guro sa silid-aralan ng mag-aaral. Ang ganitong uri ng pagtingin ay maaaring magdulot ng pagkakaroon ng maling impression o pagkakaintindi sa mag-aaral. Ito ay maaaring makaramdam ng pagkakaroon ng masamang loob at pagkakaroon ng mababang tingin sa kanilang kakayahan.

Dagdag pa niya, sa halip na pagtitigan ng masama ang silid-aralan ng mag-aaral, dapat ay maging positibo ang pananaw ng guro sa kanilang mag-aaral. Dapat nilang bigyang-pansin ang bawat mag-aaral at maging mapagmatyag sa kanilang mga pangangailangan upang mapabuti ang kanilang pagkatuto.

Higit sa lahat, kung mayroon mang mga suliranin sa pag-aaral, dapat itong masolusyunan sa paraang hindi nakakadagdag ng pagkakaroon ng mababang tingin sa mag-aaral. Ang tamang pagtutulungan ng guro at mag-aaral ay magbibigay ng magandang resulta sa pagkatuto at pagpapabuti ng kanilang mga kakayahan.

**Tanong sa Panayam Bilang 9: Bilang guro, paano ka magiging bukas sa pakikipag-usap sa iyong mag-aaral tungkol sa mga sensitibong usapin?**

**Tematikong Tsart I**

*Pagbibigay ng Disclaimer, Pagtanggap, at Pagpapaliwanag*

| KALAHOK | MGA TUGON |
|---|---|
| Guro A | *“Kinakailangan magbigay ng maikling disclaimer upang maging malinaw sa klase ang pagiging sensitibo ng isang paksa.”* |
| Guro B | *“… na i-adopt mo yung salitang iyon para syempre kung sakaling ikaw naman ang pumunta sa isang lugar kaya mong makibagay kaya mong umakto kaya mong kumbaga umakma sa salita nila”* |
| Guro D | *“… kapag ka ganon ang ginagawa ko pinapaliwanag ko muna yung mga bawat salita, pagkatapos sa kanya chaka ko pag dudugtong dugtong para maintindihan nya yung sitwasyon na ay mali pala ito, ay sensitibo pala ito.* |
| Guro E | *“Sa ganyang pagkakataon, talagang ipinaliliwanag ko sa mag-aaral.* |

Batay sa lahat ng isinagot nagkaroon ng temang Pagbibigay ng Disclaimer, Pagtanggap, at Pagpapaliwanag**,** ang lahat ng mga respondente sila ay bukas na bukas sa usaping sensitibo sa loob ng klase. Subalit kinakailangan pa rin na maipaliwanag sa mag-aaral na ang mga sensitibong salita ay hindi masasabing bastos na paksa sa loob ng silid-aralan.

Mayroon sa respondente na sa una pa lang na maipakilala ang paksa ay nagkakaroon agad siya ng babala na mayroon mga sensitibong bahagi ang paksa na tatalakayin.

Subalit iba ang kasagutan ni Guro E dahil ayon sa kaniya kinakailangan maituro sa mag-aaral na walang wikang bastos at ang tanging bastos lamang ay ang pag-iisip ng mga nakikinig dito. Sa ganitong sitwasyon magkakaroon ng kamalayan ang mag-aaral na hindi nagiging bastos ang mga sensitibong salita tulad ng bulbol at puke.

Ayon kay Rosienie (2021), mahalaga na ituro ang mga sensitibong usapan sa paaralan upang magkaroon ng malawakang pag-unawa at kaalaman ang mag-aaral tungkol sa mga sensitibong isyu at kung paano ito dapat malutas. Ito ay maaari ring magbigay ng tamang kaalaman at kasanayan sa pagtugon sa mga sitwasyon ng diskriminasyon, pang-aabuso, at iba pang mga uri ng hindi magandang pagtrato sa loob ng paaralan.

Dagdag pa niya, mahalaga ring tandaan na ang pagtuturo ng mga sensitibong usapan ay dapat gawin sa tamang konteksto at gamit ang tamang mga salita at sitwasyon. Ang mga guro at iba pang mga tagapagturo ay dapat magbigay ng sapat na kaalaman at pag-unawa sa mag-aaral tungkol sa mga sensitibong usapan upang maprotektahan ang kanilang mga damdamin at pangangatawan mula sa posibleng epekto ng usapin.

**Tanong sa Panayam Bilang 10: Paano mo binibigyan ng puna ang iyong mag-aaral batay sa kanilang naging pamamaraan ng kanilang pagpapahayag ideya o impormasyon?**

Ang bawat respondente ay tumugon na silang lahat ay nagbibigay ng puna sa bawat mag-aaral kapag nagpapahayag ng kani-kanilang opinyon o impormasyon sa loob ng klase. Mayroon ang bawat isa ng kani-kaniyang pamamaraan sa pagbibigay ng puna sa mag-aaral.

**Tematikong Tsart J**

*Iba't Ibang Paraan sa Pagbibigay Puna*

| KALAHOK | MGA TUGON | |
|---|---|---|
| Guro A | *"Isinasailalim ko ito sa matinding pag-aanalisa ng kanilang diskurso ..."* | Sinusuri ang diskurso ng mag-aaral. |
| Guro D | *"... Makita mo, ipasuri mong Mabuti, na ayy.. tama ba ang impormasyon na iyong binibiga, tama ba yung mga inilahad mo na.. so doon masusuri dapat.* | |

| | | |
|---|---|---|
| Guro B | *"Sa totoo lang hindi ako nagbibigay ng puna sa dun …."* | Hindi Nagbibigay ng Puna |
| Guro C | *"Gamit ang piling mga salita, iyon ang paraan ng aking pagbibigay ng puna."* | Paggamit ng mga Piling Salita |
| Guro E | *"… bigyan mo sila ng feedback o puna sa kanilang mga pamamaraan sa paglalahad ng opinyon maging ito ay pagsulat at pagsasalita."* | Pagbibigay ng *Feedback* |

Si Guro A ay masusing sinuri ang diskurso ng mag-aaral, si Guro B, C at D ay iginagalang ang opinyon ng kanilang mag-aaral subalit kailangan pa rin nilang iwasto ang mga opinyon ng bawat isa. Iniiwasan rin ng mga respondate na gumamit ng mga salitang makapagpapasama ng damdamin ng mag-aaral kaya't ayon kay Guro D ay pinipili niya ang mga salitang gagamitin nya sa pagbibigay ng opinyon.

Mahalaga na igalang ng bawat isang tao ang opinyon ng kanyang kapwa. ang wastong pagpapahayag ng opinyon ay nagpapakita ng maingat at propesyonal na pag-uugali ng isang tao sa pakikipag-ugnayan sa iba. Mahalaga ito upang maiwasan ang hindi pagkakaunawaan, maling interpretasyon, at iba pang hindi magandang resulta sa mga nagsasalita at sa kanilang relasyon sa iba.

Ayon kay Clamor (2023), maging bukas ang bawat isa sa mga opinyon ng iba, ngunit kailangan muna nating suriin kung ito ay makabubuti o makasasama hindi lamang para sa sarili kundi para sa lahat. Kung may pagkakataong hindi nagustuhan ang naibigay na opinyon sa iyo, maging mahinahon sa pakikipag-usap, huwag agad magagalit o magsasalita nang hindi maganda, palaging isaalang-alang ay ang mararamdaman ng taong nagbigay nito.

Dagdag pa niya, iwasang magbigay ng mga mungkahi o opinyon na makakasakit ng damdamin ng ibang tao. At higit sa lahat, Kung may isang paksang tinatalakay o pinag-uusapan, hingin muna ang opinyon o saloobin ng lahat, pagkatapos ay pagsama-samahin ang lahat ng ito, timbangin ang mga maaring gawin at hindi gawin at saka magkaroon ng konklusyon.

Ayon naman kay Guro E siya ay gumagamit pa rin ng *rubrics* tuwing mayroong gawain na ang mag-aaral ay nagbibigay ng opinyon o pananaw ukol sa isang bagay. Ang paggamit ng *rubrics* sa pagbibigay ng opinyon ng mag-aaral ay isang mahusay na paraan upang masiguro na ang mga opinyon ay nagpapakita ng mahusay na pag-unawa sa paksa at angkop sa mga layunin ng gawain.

Sa ginawang pag-aaral nina Cruzat et. al (2022), mahalaga na isang guro ay gumagamit ng *rubrics* sa mga gawaing pagsusulat at pagsasalita sa loob ng silid-aralan. Lumabas sa mga datos ng kanilang pag-aaral na ang isang rubric ay isang organisadong lista ng mga kategorya o aspekto ng isang gawain na mag-aaral ang dapat suriin at isaad ang mga pamantayan kung saan magiging basehan ng ebalwasyon. Halimbawa, sa pagbibigay ng opinyon, ang mga kategorya o aspektong pwede nating suriin ay ang pagkakaroon ng sapat na datos, kahusayan sa pagbibigay ng paliwanag, angkop na pagsusuri at interpretasyon, at kaayusan ng pagkakalahad.

Dagdag pa nila, sa bawat kategorya o aspekto, magkakaroon ng mga pamantayan na dapat sundin ng mag-aaral upang makamit ang mataas na antas ng kagalingan. Sa paggamit ng rubric, mas madaling magpasya ang mga guro sa antas ng kakayahan ng mag-aaral at magbigay ng detalyadong *feedback* sa kanilang performance.

Higt sa lahat, sa pagtitiyak ng kahusayan ng mag-aaral sa pagbibigay ng opinyon, ang paggamit ng rubric ay nagbibigay din ng malinaw na gabay sa pag-unawa ng mag-aaral sa mga pamantayan ng pagsusuri ng kanilang mga gawain, kaya magiging mas madali sa kanila na mapahusay sa kanilang pagganap sa hinaharap.

**Tanong sa Panayam Bilang 11: Anong sitwasyon sa loob ng klase ang nagkaroon ka ng pagkakataon iwasto ang hindi angkop na paggamit ng genre sa pagpapahayag ng opinyon?**

**Tematikong Tsart K**

*Debate, Pagbibiruan, at Pagbibigay-Karanasan*

| KALAHOK | MGA TUGON | |
|---|---|---|
| Guro A | *"Naisagawa ko ito noong nagkaroon kami ng argumento bilang isa sa kanilang performans task sa klase. Iwinasto ko ang datos na inilahad ng mag-aaral na maaaring magdulot ng kalituhan gayundin ang terminolohiyang ginamit."* | Debate |
| Guro E | *"kapag may debate sa loob ng klase. …."* | |
| Guro B | *"Debate.* | |
| Guro C | *"Kapag sila ay nagbibiruan, nakakalampas na sila sa mga salitang kanilang mga ginagamit kaya't duon ako pumapasok upang maiwasto sila."* | Pagbibiruan |
| Guro D | *"Siguro ay ako, kapag ka kasi nagbibigay yung sariling karanasan yung mag-aaral …."* | Pagbibigay Karanasan |

Sa temang Debate, Pagbibiruan, at Pagbibigay Karanasan, ang mga kalahok ay tugon na may iba't ibang karanasan sa sitwasyong nangyayari sa loob ng silid-aralan sa tuwing nagwawasto ng hindi angkop na paggamit ng genre sa pagpapahayag ng opinyon. Sina Guro A, E at B ay tumugon na sa gawaing pagdedebate o argumentasyon sa gawaing pampaaralan sila nagwawasto sa mga maling genre na nagagamit ng mag-aaral.

Ang debate ay may estrukturang pagtatalo na kung saan ang dalawang panig o pangkat ay naglalahad ng magkasalungat na ideya o pangangatwiran ukol sa napagkaisahang paksa. Ang kadalasang paksa sa debate ay mga kontrobersyal o napapanahong isyu. Ang panig na sumasang-ayon sa paksa ay tinatawag na proposisyon, samantalang ang oposisyon naman ang panig na sumasalungat.

Isinasagawa ang debate upang maipakita at maipahayag ang iba't ibang posisyon at argumento ukol sa isang paksa nang sa gayon ay maabot ang konklusyon. Layunin ng debate na makapanghikayat na panigan o paniwalaan ang inihahayag ng kalahok base sa pangangatwiran nito. Sa debate, nalilinang ng kalahok o bawat panig ang kakayahan sa pagsasalita, mag- isip nang mabilis at wasto o may kabuluhan, maging ang paghasa sa kakayahang mangatwiran. Sa isang pormal na debate, ang mga kalahok ay may pantay na oras o pagkakataon upang mailahad ang kanilang pangangatwiran at pagpapabulaan o *rebuttal.* Upang masigurado na sumusunod sa nakalaang oras ang mga kalahok ay may nakatalagang *timekeeper* para sa pagtatalo, Lupig (2021).

Tinuran ni Villagonzalo (2020), ang pagbibigay ng opinyon ay isang mahalagang aspekto ng pakikipagtalastasan. Ito ay isang paraan ng pagpapahayag ng ating mga saloobin at mga pananaw tungkol sa isang paksang pinag-uusapan. Hindi maiiwasan na magkaroon ng debate o pagtatalo sa pagbibigay ng opinyon dahil maaaring magkaiba ang pananaw ng bawat isa.

Dagdag pa niya, ang pagtatalo o debate ay isang proseso kung saan nagbabahagi ng kanilang opinyon ang mga kalahok at nagpapahayag ng kanilang mga argumento. Sa pamamagitan nito, maaaring mas malinaw na maipaliwanag ang mga punto at magkaroon ng mas matalinong desisyon. Mahalaga na sa pagtatalo o debate, dapat ay may respeto at pag-unawa sa bawat isa upang maiwasan ang mga hindi magandang karanasan sa pakikipagtalastasan. Sa pagbibigay ng opinyon, mahalaga rin ang pagiging bukas sa mga bagong ideya at pananaw. Hindi lahat ng ating mga pananaw ay tama o sapat, kaya't mahalagang makinig sa mga kritisismo at puna ng iba.

Sa pamamagitan nito, maaaring magkaroon ng mas malawak na pag-unawa sa isang paksang pinag-uusapan. Samakatuwid, ang pagbibigay ng opinyon ay isang mahalagang bahagi ng ating pakikipagtalastasan. Sa pamamagitan nito, maaaring malinaw na mailahad ang ating mga saloobin at pananaw tungkol sa isang paksang pinag-uusapan. Ang debate ay maaaring maging isang magandang paraan upang mas malinaw na maipaliwanag ang mga argumento at magkaroon ng mas matalinong desisyon.

Samantalang si Guro C ay tanging nakakaranas ng paggamit ng mag-aaral ay sa tuwing nagbibiruan lamang sila. Ibig sabihin ang karanasan ni Guro C ay di katulad ng ibang kalahok na guro. Marahil ang kaniyang mag-aaral ay may wastong kaalaman ukol sa wastong gamit ng mga salita at nasusunod ang wastong gramatika sa pormal na edukasyon.

Iba rin ang kasagutan ni Guro D, sa tuwing nagbibigay ng karanasan ang mag-aaral sa pagtuturo marahil ng panitikan. Mahalaga na mailapat ng mag-aaral ang kanilang sariling karanasan sa paksang tinatalakay ng kanilang guro.

Sa ginawang pag-aaral nina Javier (2022), natuklasan nila na mas epektibong paraan sa pagtuturo ng panitikan sa Junior High School ay ang paglalapat ng mga sariling karanasan ng mag-aaral batay sa pangyayari sa mga tauhan sa akdang tinatalakay. Nagiging makabuluhan ang awput ng pagkatuto at nagiging natural ang pagbubukas ng mag-aaral sa kanilang mga karanasan. Ito ay maituturing na authentic learning outcome.

Ayon kay Rentoria (2018; sa Javier 2022), ang authentic learning ay isang pang-edukasyong pamamaraan na nagbibigay-diin sa mga praktikal at real-world na aplikasyon ng kaalaman at kasanayan. Layunin nitong matulungan ang mag-aaral na magkaroon ng mas malalim na pag-unawa sa isang paksa sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok at paggamit ng kaalaman sa isang makabuluhan at praktikal na paraan.

Sa authentic learning, hinahamon ang mag-aaral na pag-aralan ang mga paksa na may kinalaman sa kanilang mga personal na interes at buhay. Binibigyan sila ng pagkakataon na magtulungan, gumawa ng mga komplikadong proyekto, at malutas ang mga real-world na problema. Ang layunin ay magkaroon ng kasanayan at kaalaman na maaaring magamit sa iba't ibang mga setting, hindi lamang sa pagmemorize ng impormasyon para sa pagsusulit.

**Tanong sa Panayam Bilang 12: Paano mo binigyang-pansin ang mga paggamit ng kolokyal at balbal na salita ng iyong mag-aaral?**

Ang lahat ng respondente ay madalas nilang binibigyang-pansin ang mga paggamit ng kolokyal at balbal sa terminolohiya ng mag-aaral sa loob ng klase. Sa bawat paggamit ng tahasan o hindi sinasadyang sitwasyon ay ipinapaliwanag ng mga respondente sa kaniyang mag-aaral ang mga salitang kolokyal at balbal ay saan lamang dapat gamitin at hindi maaari sa pormal na edukasyon.

**Tematikong Tsart L**

*Napapanahong Paglalahad ng mga Puna*

| KALAHOK | MGA TUGON | |
|---|---|---|
| Guro A | *"Binibigyang-pansin ko ito sa pamamagitan ng pagwawasto at pag-aangkop sa talakayin sa klase.."* | Pagwawasto at Pag-aangkop |
| Guro B | *"… kinakausap ko sila nagbibigay ako ng ilang mga halimbawa …."* | Pagkausap at Pagbibigay ng Halimbawa |
| Guro D | *"Ahh… yun nga, ay itinatama ko or ikinaklaro ko yung salitang mga ginamit nila na..* | |
| Guro C | *"Sa paraan ng pagtatanong kung anong uri ng salita ang kanilang ginagamit at duon papasok ang maugong na diskusyon."* | Pagtatanong |
| Guro E | *"…kinakailangan ora mismo ay maibigay mo iyon sa kanila at dapat malaman ng mag-aaral kung wasto o mali ang kanilang mga ginawa.* | Agarang Pagbibigay Puna |

Ayon kay Guro A, binibigyan niya ng pansin ang pagwawasto sa paggamit ng mag-aaral ng kolokyal at balbal at binibigyan din niya ng sapat na oras sa pag-aangkop nito sa talakayan sa klase. Samantalang sina Guro B at D naman ay nagbibigay ng halimbawa at kinakausap ang mag-aaral na madalas gumagamit ng balbal at kolokyal na salita.

Iba naman ang paraan ni Guro C, sapagkat ang kaniyang pamamaraan sa pagwawasto ng balbal at kolokyal na salita ay sa paraan ng pagtatanong. Samantalang si Guro E naman ay agaran niyang binibigyan ng puna ang mag-aaral na hindi maiwasang gumamit ng balbal at kolokyal na salita sa mga gawaing pampaaralan.

Sa kabuuan ng mga tugon ay ang mga gurong kalahok sa pag-aaral na ito ay nagbibigay ng paraan upang maiwasto ang kani-kanilang mag-aarala na nakakagamit ng balbal at kolokyal na salita sa mga gawaing pampaaralan.

Malinaw na sa paksang Napapanahong Paglalahad ng mga Puna**,** Ang paggamit ng balbal at kolokyal na salita ay maaaring magdulot ng kakulangan sa pag-unawa ng pormal na wika. Ito ay dahil ang mag-aaral ay mas nagpapahalaga sa paggamit ng mga salitang nakatutuwa o nakaliligaya kaysa sa paggamit ng mga tama at pormal na salita.

Ang paggamit ng balbal at kolokyal na salita sa paaralan ay mayroong magandang at hindi magandang epekto. Ang mahalaga ay matuto ang mag-aaral na maayos sa paggamit ng wika sa mga tamang sitwasyon at hindi gumamit ng mga salitang hindi naaangkop sa kanilang konteksto, Cruzat et. al (2022).

Hindi naiiwasan ng mag-aaral na makagamit ng balbal at kolokyal na salita sa paraan ng pagsulat at pagsasalita. Ang pagiging bukas ng kanilang mga karanasan ang nagiging daluyan ng maling impormasyon sa wastong gamit ng gramatika.

*Crystal (2008; sa Ciudad 2017) sees the positivity of Internet slang expressions in extending the range of the language, the expressiveness of the language, and the richness of the language, and he even believes that William Shakespeare would love that (National Public Radio, 2006). While Crystal is not very concerned about significant changes which might result from the influence of the Internet on language, Lee (2013; sa Ciudad 2017) believes that Internet language will further impact the conventional language, will become accepted, and will initiate a revolution in language education as well. Language educators can only wait and see what the future brings. However, Lee (2013; sa Ciudad 2017) makes a good point when he argues that since the fusion of Internet language and daily language is unavoidable, we should rather address the question of how to mediate the conflicts between Internet language and conventional language than to continue with the meaningless debate whether the Internet benefits or damages the existing language. This is certainly an issue which should be addressed in future linguistic debates.*

Batay sa inilahad nina Crytal at Lee mayroong positibong awput ang pagkatuto ng mag-aaral sa balbal at kolokyal na salita dahil madali nilang mailahad ang kanilang mga saloobin at damdamin sa isang partikular na paksang tinatalakay ng mga guro sa wika.

**Kaakibat na tanong bilang 3: Batay sa natuklasan sa pag-aaral, ano anong kagamitan ang ipinapanukala ang makatutulong sa mga guro sa displinang Filipino?**

Matapos mabuo ang mga tema, iminungkahi ng mananaliksik ang isang glosaryo ng piling balbal at kolokyal na salita na madalas nagagamit ng mag-aaralsa paraan ng pagsulat at pagsasalita sa mga gawaing pampaaralan upang mabigyan ang mga tagapagturo wika at mag-aaral ng mapagkukuhanang materyal na maaaring gawing pamilyar sa kanila ang likas na katangian ng balbal at kolokyal na terminolohiya. Ang nasabing glosaryong ito ay nagbibigay ng mga sagot sa mga karaniwang termino sa milnyel na terminolohiya. Gayunpaman, dahil ang glosaryo ng piling balbal at kookyal na terminoohiya na ito ay isang madaling gamitin, ang mga sagot ay ibinibigay nang walang anumang tulong ng internet at teknolohiya. Ang mga terminolohiya ay makikita sa sumusunod na tala ng Dahong Dagdag E.

## Kabanata 5

## MGA NATUKLASAN, PAGNINILAY, AT REKOMENDASYON

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng mga natuklasan, pagninilay, at rekomendasyon ng mananaliksik batay sa mga datos ng kwalitatibong hango sa semi-structured na panayam sa mga gurong kalahok sa pinagsama-samang bahagi nito.

### Pinagsama-samang Natuklasan at Pagninilay

Ito ay ang mga *Mahirap na Pakikipagkomunikasyon at Pakikitungo sa Kapwa Mag-aaral; Interbyu; Mga Aktibidad at Background Check; Tungkol sa Paksang Tinatalakay at Kanya-Kanyang Buhay Pamilya at Pag-ibi; Kapag Nahihirapan sa Oras ng Klase at Nakakagawa ng Kamalian; Mga Sitwasyong Bahagi ng Kanilang Pag-aaral; Agarang Pagwawasto ng Mali sa Iba't ibang Paraan; Itinatama ang mga Mali sa Iba't Ibang Paraan; Positibo at Negatibong Reaksyon; Pagbibigay ng Disclaimer; Pagtanggap, at Pagpapaliwanag; Iba't Ibang Paraan sa Pagbibigay Puna; Debate; Pagbibiruan, at Pagbibigay Karanasan; Napapanahong Paglalahad ng mga Puna.*

Para sa unang paksa o tema ang lahat ng kalahok sa pag-aaral ay tumugon ng napakalaking epekto ng pinagmulang lugar ng mag-aaral sa pakikipag-usap sa loob ng klase. Ito ang nagiging dahilan kung bakit hindi nagiging maayos ang daloy ng komunikasyon at pakikitungo ng bawat isa sa loob ng klase.

Sa ikalawang paksa o tema naman ay mahalaga na kilalanin ang mag-aaral dahil ito ay magbibigay ng malawak na kaalaman sa mga guro at iba pang kawani ng paaralan tungkol sa mga pangangailangan, kakayahan, at mga interes ng bawat mag-aaral. Sa pamamagitan ng pagkakaroon ng malalim na pang-unawa sa bawat mag-aaral, mas magiging epektibo ang pagtuturo at mas magiging produktibo ang bawat klase. Sa pagkakakilala sa bawat mag-aaral, magkakaroon din ng oportunidad para matukoy kung may mag-aaral na nangangailangan ng dagdag na suporta, kagaya ng mga estudyante na may mga *special needs* o mayroong mga personal na mga isyu na kailangan ng tulong mula sa kanilang mga guro at ibang mga kawani ng paaralan.

Para sa ikatlong paksa o tema, ang lahat ng kalahok sa pag-aaral ay tumugon sa kadalasang paksa na pinag-uusapan sa pagitan ng guro at mag-aaral ay tungkol sa paksang inilaang ituro sa isang araw. Ang lahat ng respondate ay nagsabi na ganito ang palaging paksa nila sa loob ng silid-aralan. Mabuting paksain sa loob ng paaralan ang tungkol sa kani-kanilang buhay lalo’t higit ang pag-usapan ang mga pangarap ng bahagi nito. Nagkakaroon ng maayos na daloy ng pang-unawa sa pagkakaiba-iba at sa pagiging matatag ng isang mag-aaral na harapin ang buhay. Ang ganitong uri ng pakikipag-ugnayan at pagiging bukas ng sarili ay nagiging daan sa pagkakaroon ng matatag na personalidad.

Para sa ikaapat na paksa o tema naman ay napakahalaga sa isang pormal na edukasyon ang pagtrato sa mag-aaral ng may pagkakapantay-pantay at pagkakaroon ng paggalang mula sa kanilang mga guro. Dito nagkakaroon ng maayos na relasyon ang guro at mag-aaral. Ang pagpili ng mga salitang bibitawan ng guro sa kaniyang mag-aaral ay isang magandang gawain upang maiwasan ang hindi maayos na samahan sa pagitan ng guro at mag-aaral.

Sa ikalimang paksa o tema ay ang lahat ng mga respondente ay nagsabi na iniwawasto nila ang paggamit ng mag-aaral ng iba-ibang antas ng wika ay mismong sa loob ng silid-aralan. Iba-iba man ang kanilang pamamaraan sa pagwawasto sa paraan ng pagsulat at pagsasalita ay nananatiling sa loob ng klase ito ginagawa. Partikular sa

pagsasalita ng mag-aaral, kagyat nilang iniwawasto ito sa oras ng klase partikular sa huling bahagi ng diskusyon o pagkatapos ng gawain ng mag-aaral.

Para naman sa ikaanim na paksa o tema ay ang lahat ng kalahok ay tumugon na iniwawasto nilang lahat ang mga wikang ginagamit ng kanilang mag-aaral sa iba't ibang mga pamamaraan. Mayroong agarang pagsasabi sa kaniyang mag-aaral ang mga dapat na gamiting salita sa tuwing ang mga ito ay nakakagamit ng mga maling salita. Gayundin naman agad nilang sinasabi sa kanilang mag-aaral ang kanilang mga pagkakamali at agad din naman itong iwinawasto. Subalit mayroong kalahok na binibilugan niya ito upang makita ng mag-aaral na ang kanilang paggamit ng mga salitang wala sa kawastuhan ay hindi katanggap-tanggap sa isang pormal na sulatin. Sa kabuuan ng mga tugon, mahalaga na maituro sa mag-aaral ang wastong gamit ng mga salita sa kasanayan sa pagsulat at pagsasalita.

Para naman sa ikapitong paksa o tema, nahihirapan sila sa pagwawasto dahil ang kanilang mag-aaral ay nakasanayan na ang paggamit ng mga kolokyal at balbal na salita. Kaya't ang bawat isa ay hindi nagsasawang magsulat ng kani-kanilang komento sa mga ginawa ng mag-aaral at hindi nagsasawang paalalahanan. Gayundin naman ang pagpapaliwanag na kahit limitadong oras ay mailahad sa mga ito ang wasto mga terminolohiya na dapat ay gamitin sa mga gawaing-pampaaralan tulad ng pagsasalita at pagsusulat.

Sa ikawalo naman na paksa o tema ay positibong reaksiyon ang kanilang ipinapakita sa mag-aaral. Apat sa limang respondente ang nagsabi nang maayos na reaksyon ang kanilang ipinapakita sa tuwing nakagagamit ang mag-aaral ng kolokyal at balbal na salita sa loon ng klase. Kinakailangan ayon sa kanila na maipakita sa mag-aaral ang positibong reaksyon sa kabila ng kanilang pagkakamali sa pagsasalita at pagsusulat.

Para naman sa ikasiyam na paksa o tema, ang lahat ng mga respondente sila ay bukas na bukas sa usaping sensitibo sa loob ng klase. Subalit kinakailangan pa rin na maipaliwanag sa mag-aaral na ang mga sensitibong salita ay hindi masasabing bastos na paksa sa loob ng silid-aralan.

Sa Ikasampung paksa o tema ay ang bawat respondente ay tumugon na silang lahat ay nagbibigay ng puna sa bawat mag-aaral kapag nagpapahayag ng kani-kanilang opinyon o impormasyon sa loob ng klase. Mayroon ang bawat isa ng kani-kaniyang pamamaraan sa pagbibigay ng puna sa mag-aaral.

Sa ikalabing-isang paksa o tema, ang mga kalahok ay tugon na may iba't ibang karanasan sa sitwasyong nangyayari sa loob ng silid-aralan sa tuwing nagwawasto nang hindi angkop na paggamit ng genre sa pagpapahayag ng opinyon. Ang pagbibigay ng opinyon ay isang mahalagang bahagi ng pakikipagtalastasan. Sa pamamagitan nito, maaaring malinaw na mailahad ang mga saloobin at pananaw tungkol sa isang paksang pinag-uusapan. Ang debate ay maaaring maging isang magandang paraan upang mas malinaw na maipaliwanag ang mga argumento at magkaroon ng mas matalinong desisyon.

Para sa panghuling paksa o tema naman ay ang paggamit ng balbal at kolokyal na salita ay maaaring magdulot ng kakulangan sa pag-unawa ng pormal na wika. Ito ay dahil ang mag-aaral ay mas nagpapahalaga sa paggamit ng mga salitang nakatutuwa o nakaliligaya kaysa sa paggamit ng mga tama at pormal na salita.

**Rekomendasyon**

Batay sa mga nakalap na datos mula sa mga kalahok ang mananaliksik ay may mga rekomendasyon at ito ay ang sumusunod:

- Dapat ay tiyaking mabigyan ng wastong pagwawasto ang mga paggamit ng mag-aaral sa mga di pormal na salita tulad ng balbal at kolokyal na madalas magamit sa loob ng silid-aralan. Paigtingin ding mabuti ang paggamit ng eupemistikong pamamaraan sa pagwawasto at pagbibigay puna sa hindi inaasahan at sinasadyang paggamit ng mga balbal na salita at kolokyal na salita. Magkaroon ng mga pagbabagong pangkurikulum upang mabigyan ng tuon ang suliraning kinahaharap ng Wikang Filipino sa mundo ng Intelektwalisasyon at Modernisasyon.
- Ikalawa, kinakailangan ng bawat mag-aaral na malaman ang pagkakaroon ng limitasyon sa paggamit ng balbal at kolokyal na salita sa isang pormal na usapin tulad na lamang sa loob ng silid-aralan. Bigyan ng malawak na kamalayan sa kahalagahan ng wikang Filipino at sa kagandahan nito sa paggamit sa kasanayang pagsasalita at pagsusulat.
- Ikatlo, bigyang-pansin ang daloy ng kurikulum sa bawat paaralan. Bigyang panahon ang pagtuturo ng wika at maging ang pormalidad nito upang magkaroon ng sapat na kaalaman ang mag-aaral sa kung paano at kailan dapat ginagamit ang wikang Pambansa. Limitahan ang pagtuturo o pokus sa mga panitikan at bigyang-pansin at paglaanan ng panahon ang pagtuturo ng wika at gramatika sa loob ng silid-aralan.

- Ikaapat, para sa mga susunod na mananaliksik, minumungkahi ng mananaliksik na dagdagan pa ang mga terminolohiyang nakatala sa glosaryo ng salitang balbal at kolokyal upang mapanatiling buhay ang wikang Pambansa at matugunan ang hinihinging kaganapan bilang intelektwalisadong wika sa makabagong panahon
- Panghuli, palaganapin ng mga guro sa disiplinang Filipino ang kahalagahan ng pagkatuto sa wikang Pambansa. Magsagawa ng mga programang makatutulong sa pagpapayabong at pagpapayaman ng wika at kultura ng Pilipinas.

## TALASANGGUNIAN


Agulto, Tomas B. (2022). May 10, 2022. Personal na Panayam.

Albruiz J.B. (2020, September 17). *Wika at Komunikasyon* [Video]. ALBI. https://www.youtube.com/watch?v=69Ww7VUvDNs

Aust, F. et. al (2020). *Effects of Positive Feedback on Perceived Self-Efficacy, Flow and Performance in a Mental Arithmetic Task* (p. 1) [Article *Effects of Positive Feedback on Perceived Self-Efficacy, Flow and Performance in a Mental Arithmetic Task*]. https://www.frontiersin.org/articles/10.3389/fpsyg.2020.01008/full

Bantog L. A. (2022). *Stealth Assessment sa Disiplinang Filipino* [Master's Thesis, The National Teachers College - Manila].

Baybay KM, M (2022). Epekto ng Paggamit ng salitang Balbal sa Pag-aaral. Retrieved date: June 6, 2022 from: https://dokumen.tips/documents/epekto-ng-paggamit-ng-balbal-na-salita-ng-mga-mag.html

Beatris, J. (2018). *Kalagayan ng wikang Filipino sa Pagtuturo*. La COnsolacion College Tanauan [Thesis].

Bernales, R A. et al. (2016). Komunikasyon sa Makabagong Panahon. Mutya Publishing Huose, INC. Malabon City

Bernales, R A. et al. (2019). Komunikasyon sa makabagong Panahon: Filipino alinsunod sa K-12 Kurikulum ng Batayang Edukasyon. Mutya Publishing House, INC. Malabon City

Bernales, R.A et. al (2019). Kontektwalisadong Komunikasyon sa Filipino. Mutya Publishing House, INC. 105 Engineering Road Araneta University Village, Potrero, Malabon City.

Bernales, R. et. al (2020). *Sine ay Sosyedad* (first Edition, Vol. I) [Review of *Sine ay Sosyedad*]. Mutya Publishing Inc.

Bernales, R. A., Cordero, M. E. B., Cabanlong, A. S., Golosinda, M. L., & Mayor, G. L. (2018). *Malayuning Komunikasyon sa Lokal at Global na Konteksto* (1st ed., pp. 76-77). Mutya Publishing House INC.

Beltran, N. M. et. al (2022). *Modyul sa Edukasyon sa Pagpapkatao* (1st ed., pp. 34-36). Department of Education.

Branum-Martin, L., et al. (2018). Impact of Dialect Density on the Growth of Language and Reading in African American Children. Language, Speech, and Hearing Services in Schools. Vol. 39. Copyright 2018, American Speech-Language-Hearing Association.

Brinas, B. (2021, October 14). *Child Protection Policy and Positive Discipline in Everyday Teaching* [Seminar in Division of Tanauan City].

Ciudad N, N. (2017). PEDAGOGUS AND INTERNET SLANG AT THE CROSSROADS: DEALING WITH NEOLOGISMS IN THE 21ST CENTURY CLASSROOM. Unpublish Thesis. Laguna College of Business and Arts.

Clamor, P. (2020, May 10). *Paggalang sa opinyon ng iba*. Brainly.com. Retrieved April 28, 2023, from https://brainly.ph/question/895358

Cooper-Khan Joyce at Fooster Margaret (1955;2023). Boosting Executive Skills in the Classroom a Practical Guide for Educator. Published in Tuklas.edu.ph. Retrieved from: https://tuklas.up.edu.ph/Record/UP-99796217612169691

Cruzat, P. S. M. et. al (2022). *Makabuluhang Pamantayan sa kasanayang Pagsulat at Pagsasalita ng SHS sa Malvar National High School* [Thesis, Batangas State University - Malvar Campus].

Doduvakiy, J. (2022). Purposive Sampling Technique. Retrieved date: June 6, 2022 from: https://research-methodology.net/sampling-in-primary-data-collection/purposive-sampling/

Duan N. et. al (2022). Purposive Sampling: Methodology. Retrieved date: July 10, 2022 from: https://methodology.net/sampling-in-primary-data-collection/purposive-sampling-2022.pdf/

Durant, J. E. (2020). *Positive Discipline in Everyday Teaching* (1st ed., p. 3). Save the Children. https://resourcecentre.savethechildren.net/pdf/what-is-positive-discipline-in-everyday-teaching-2010.pdf/

Estanilao, J. C. et. al(2019). *EPEKTO NG SALITANG BALBAL SA PAG-AARAL NG MGA PILINGMAG AARAL SA IKALABING DALAWANG BAITANG SA STRAND NA ABM* [Thesis, Emilio Aguinaldo College - Cavite].

https://www.academia.edu/36190864/EPEKTO_NG_SALITANG_BALBAL_SA_PAG_AARAL_NG_MGA_PILING_MAG_AARAL_SA_IKALABING_DALAWANG_BAITANG_SA_STRAND_NA_ABM_PANURUANG_TAONG_2018

Garcia E, A. (2013) Panukalang Glosaryo ng Batangan-Tagalog. Unpublish Thesis. La Consolacion College Tanauan.

Garcia, E, A (2019) Balidasyon ng Bokabularyo ng Batangan-Tagalog. Unpublish Thesis. The National Teacher College – Manila.

Habijan, M. (2018, December 20). *Ika-47 Pambansang Seminar Gawaing-Kapulungan sa Filipino ng Pambansang Samahan ng mga Tagamasid at Tagapagtaguyod sa Filipino* [Regional Conference].

Heath, J. (2019, September 23). *Know your students' learning strengths*. Reach Out Australia. Retrieved April 24, 2023, from https://schools.au.reachout.com/articles/why-its-important-to-understand-student-needs-and-interests#:~:text=Understanding%20your%20students'%20interests%20will,engage%20with%20the%20learning%20process.

Javier J. (2017). BT: Millenial slang: Salita ng makabagong kabataan [Video *BT: Millenial slang: Salita ng makabagong kabataan*]. In G. NEWS (Ed.), *GMA News*. Retrieved date: (April 12, 2023) from https://www.youtube.com/watch?v=8B94ra0XiI8

Javier A. M et. al (2022). Pagtuturo ng Panitikan: Implikasyon sa pagkatuto sa panahon ng Pandemya. [Thesis, Batangas State University – Malvar Campus]

Ki, A. (2020, December 12). Antas Ng Wika At Kahalagahan Nito – Bakit Mahalaga Ang Antas Ng Wika. *Philnews*, 1. https://philnews.ph/2020/12/12/antas-ng-wika-at-kahalagahan-nito-bakit-mahalaga-ang-antas-ng-wika/

Lupig, J. C. S. (2021, June 12). *Ano ang Debate?* Pinoynewbie.com. Retrieved April 28, 2023, from https://www.pinoynewbie.com/debate-kahulugan-uri-kahalagahan/

Martin, A. (March, 17, 2023). Texting slang creeps into student writing.News Journal. Retrieved December 5, 2017 from http://www.news-journalonline.com/news/20130817/texting-slang creeps-into-student-writing

Mendoza, E. (2023, March 16). *Learnign Action Cell: Transformative Educator through Differentiated Instructions* [Lecture].

Nikolopoulo, K. S. (2022, August 11). *What is Purposive Sampling?* Scribbr.com. Retrieved April 29, 2023, from https://www.scribbr.com/methodology/purposive-sampling/

Overgaard, S. (2017). *Philosophical Methodology* (1st ed., pp. 72-73). Douquesne University. https://doi.org/ISBN: 9781107121522

Pecho, A. (2015, September 15). Balbal ay Sagabal Retrieved date: April 15, 2023[Review of *Balbal ay Sagabal*]. *Wikang Filipino Ay Gamitin*. From: https://fili2015.wordpress.com/

Preece, J. (April 25, 2023). Sociability and usability in online communities: Determining and measuring success. *Behaviour & Information Technology*. doi:10.1080/01449290110084683

Rabu D. (2020), Saligang Batas, Artikulo XIV, seksyon 6-9. Retrieved from: https://angartikulo.blogspot.com/2020/12/artikulo-xiv-seksyon-6-ng-konstitusyon.html

Rosienie (2021, October 7). *Sex Education dapat bang isulong?* Readcash.com. Retrieved April 28, 2023, from https://read.cash/@rosienne/sexual-educationdapat-na-nga-bang-isulong-dbb3bf56

Usebio (2021 Feb) Bilang ng dayalekto ng Bansang Pilipinas. Onlayn na talakayan sa asignaturang Wika at Panikan. Laguna College of Business and Arts.

Villanueva, V. (2018, September 29). ANG KABASTUSAN NG MGA PILIPINO [Review of *ANG KABASTUSAN NG MGA PILIPINO*]. *DAVINCIKNOWS - Makatang Tagahanga*. https://vinciknowws.wordpress.com/2018/09/29/ang-kabastusan-ng-mga-pilipino/

Vinegas, M. J. (2018). *Migrasyon ng Wika: Epekto ng Pandarayuhang Islam sa Lungsod ng Dasmarinas* [Thesis, Pamantasan ng Dela Salle Dasmarinas]. Retrieved date: April 23, 2023. From https://www.slideshare.net/MJVinegas/migrasyon-at-wika

Zafra Galileo S. (Enero 31, 2019) Ang pagtuturo ng wika at kulturang Filipino sa Disiplinang Filipino. Retrieved from: https://Ejournals.ateneo.edu

# APENDISES

## Appendix A

## Liham para sa Schools Division Superindented

LAGUNA COLLEGE OF BUSINESS AND ARTS
School of Graduate Studies

DEPED TANAUAN CITY
RECEIVED
JAN 27 2023
Time: 11:05 Control#:
By:

January 17, 2023

**Mr. ROGELIO F. OPULENCIA**
OIC-Schools Division Superintendent
Department of Education
Tanauan City

Dear Sir Opulencia:

The undersigned is a graduate school student of Laguna College of Business and Arts, taking up Master of Arts in Education major in Filipino and is currently working on her thesis entitled **"Hamong Nararanasan ng mga Guro sa Filipino sa Pagwawasto sa Paggamit ng mga Mag-aaral ng Wikang Kolokyal at Balbal sa Bagong Kadawyan".**

In this relation, I am humbly requesting your approval that I will be allowed to administer my interview to Filipino Teachers of our division. Your approval will be valuable in the successful conduct of this research.

Rest assured that the information given will be kept confidential.

Thank you very much for your favorable response.

Respectfully,

**MARIE CRIS M. GARCIA**
Researcher

Recommending Approval:

**DR. VIVIEN E. UNTALAN**
Thesis Adviser

**ALFREDO G. PEREZ JR., MAED**
Dean, School of Graduate Studies

09685004729 | mariecris.manaig@deped.gov.ph
TCIHS

## Appendix B

## Liham para sa mga Kalahok ng Pag-aaral

January 17, 2023

**MRS. JOSEFINE J. MAGPANTAY**
**Principal III**
**Tanauan City Integrated High school**

Dear Madam:

I am a Master of Arts in Education major in Filipino at Laguna College of Business and Arts (LCBA). I am currently conducting my research study entitled **"Hamong Nararanasan ng mga Guro sa Filipino sa Pagwawasto sa Paggamit ng mga Mag-aaral ng Wikang Kolokyal at Balbal sa Bagong Kadawyan".**

In line with this, I am humbly requesting your good office and your Filipino Teacher to respond thru an interview. Your kindest support will be valuable in the successful conduct of this research.

Rest assured that the answers will be treated with utmost confidentiality.

Thank you very much.

Respectfully,

**MARIE CRIS M. GARCIA**
Researcher

Noted:

**ALFREDO G. PEREZ JR., MAED**
Dean, School of Graduate Studies

**LAGUNA COLLEGE OF BUSINESS AND ARTS**
**School of Graduate Studies**

January 17, 2023

**MR. DANILO M. MUTIA**
**Principal I**
**Balele Integrated High School**

Dear Madam:

I am a Master of Arts in Education major in Filipino at Laguna College of Business and Arts (LCBA). I am currently conducting my research study entitled **"Hamong Nararanasan ng mga Guro sa Filipino sa Pagwawasto sa Paggamit ng mga Mag-aaral ng Wikang Kolokyal at Balbal sa Bagong Kadawyan".**

In line with this, I am humbly requesting your good office and your Filipino Teacher to respond thru an interview. Your kindest support will be valuable in the successful conduct of this research.

Rest assured that the answers will be treated with utmost confidentiality.

Thank you very much.

Respectfully,

**MARIE CRIS M. GARCIA**
Researcher

Noted:

**ALFREDO G. PEREZ JR., MAED**
Dean, School of Graduate Studies

**Appendix C**

## Tala ng mga Katanungan ginamit sa Pakikipanayam

LAGUNA COLLEGE OF BUSINESS AND ARTS
School of Graduate Studies

January 17, 2023

**Mrs. LILIBETH L. CABRERA**
**Principal III**
**Tanauan City Integrated High School**

Dear Madam:

I am a Master of Arts in Education major in Filipino at Laguna College of Business and Arts (LCBA). I am currently conducting my research study entitled **"Hamong Nararanasan ng mga Guro sa Filipino sa Pagwawasto sa Paggamit ng mga Mag-aaral ng Wikang Kolokyal at Balbal sa Bagong Kadawyan".**

In line with this, I am humbly requesting your good office and your Filipino Teacher to respond thru an interview. Your kindest support will be valuable in the successful conduct of this research.

Rest assured that the answers will be treated with utmost confidentiality.

Thank you very much.

Respectfully,

**MARIE CRIS M. GARCIA**
Researcher

Noted:

**ALFREDO G. PEREZ JR., MAED**
Dean, School of Graduate Studies

**LAGUNA COLLEGE OF BUSINESS AND ARTS**
**School of Graduate Studies**

January 17, 2023

**Mr. LAWRENCE B. ICASIANO**
**Principal I**
**Boot National High School**

Dear Madam:

I am a Master of Arts in Education major in Filipino at Laguna College of Business and Arts (LCBA). I am currently conducting my research study entitled **"Hamong Nararanasan ng mga Guro sa Filipino sa Pagwawasto sa Paggamit ng mga Mag-aaral ng Wikang Kolokyal at Balbal sa Bagong Kadawyan".**

In line with this, I am humbly requesting your good office and your Filipino Teacher to respond thru an interview. Your kindest support will be valuable in the successful conduct of this research.

Rest assured that the answers will be treated with utmost confidentiality.

Thank you very much.

Respectfully,

**MARIE CRIS M. GARCIA**
Researcher

Noted:

**ALFREDO G. PEREZ JR., MAED**
Dean, School of Graduate Studies

1. Bilang isang guro maaari mo bang ilahad at ipaliwanag kung paano nakakapapekto ang lugar pinagmulan ng mag-aaral sa pakikipag-usap sa loob ng klase?
2. Bilang isang guro, ano ang iyong ginagawa upang makilala ang iyong mag-aaral batay sa kanilang pangkat na kanilang kinabibilangan?
3. Anong kadalasang paksa ang inyong pinag-uusapan ng iyong mag-aaral sa tuwing (i) nasa loob ng klase ; (ii) nasa bakanteng oras; (iii) nasa labas ng paaralan
4. Bilang isang guro sa anong sitwasyon ka gumagamit ng mga eupimismong salita habang kausap ang iyong mag-aaral?
5. Bilang isang guro, Anong sitwasyon ang iyong naranasan sa loob ng klase na na ikaw ay nagbigay ng iyong pagwawasto sa antas ng wikang ginamit ng iyong mag-aaral?
6. Bilang isang guro, paano mo isinagawa ang pagwawasto sa antas ng wikang ginamit ng iyong mag-aaral?
7. Ano ang iyong ginagawa kapag nararanasan mo sa loob ng silid-aralan na nagagamit ng iyong mag-aaral ang kolokyal at balbal na salita sa isang gawaing pampaaralan tulad ng: Pagsusulat; at Pagsasalita?
8. Paano mo ipinapakita ang iyong reaskyon tuwing makakaranas sa iyong mag-aaral na nakagagamit ng di pormal na antas ng wika gaya ng kolokya at balbal na salita sa loob ng silid-aralan?
9. Bilang guro, paano ka magiging bukas sa pakikipag-usap sa iyong mag-aaral tungkol sa mga sensitibong usapin?
10. Paano mo binibigyan ng puna ang iyong mag-aaral batay sa kanilang naging pamamaraan ng kanilang pagpapahayag ideya o impormasyon?
11. Anong sitwasyon sa loob ng klase ang nagkaroon ka ng pagkakataon iwasto ang hindi angkop na paggamit ng genre sa pagpapahayag ng opinyon?
12. Paano mo binigyang-pansin ang mga paggamit ng kolokyal at balbal na salita ng iyong mag-aaral?

## Appendix D
## VERBATIM TRANSCRIPTION

Verbatim na Transkripsyon ng mananaliksik sa Guro A

**Tagapanayam** : Magandang araw po sir.

**Guro A** : Magandang araw din po maam.

**Tagapanayam** : Ahhh, sir bago po tayo pumunta sa pormal na panayam, eh kuhanin ko po muna ang basic information nyo po. Okay lang po ba?

**Guro A** : yes po.

**Tagapanayam** : Sir unang tanong po, kumusta na po kayo bilang Guro sa Filipino?

**Guro A** : Okay naman maam. Bali masarap na mahirap ang Guro.

**Tagapanayam** : Bali sir, ilang taon na po kayo sa teaching?

**Guro A** : I think almost four year na ata ako maam. 2019….. yah almost four years na.

**Tagapanayam** : Sir, matanong ko lang. kayo po ba ay Filipino major noong college po kayo?

**Guro A** : Opo, maam. Since high school kasi gusto ko na maging Guro. Pero dapat English major ang kaso lang puno na slot ng English major kaya nag-Filipino major ako. Ayoko naman ng Math at Mapeh kaya Filipino na kinuha ko.

**Tagapanayam** : Buti naman po ay nagustuhan nyo.

**Guro A** : Oo naman maam, masarap ituro ang Filipino lalo na ang Panitikan.

**Tagapanayam** : oo nga po sir. Ako din po gusto ko din ng Panitikan. Maiba tayo, ano pong grade level ang tinuturuan nyo?

**Guro A** : Grade 9 maam. Paikot-ikot ako. taon-taon nababago.

**Tagapanayam** : kayo po ba ay nag-aaral ngayon?

**Guro A** : Yes maam. Maed Filipino sa La Salle.

**Tagapanayam** : ilang taon na po kayo sa Masteral sir?

**Guro A** : nakakatatlong Sem na ko maam. Last sem naging topic na rin naming yan sa linguistic. Yung topic mo about sa balbal at kolokyal.

**Tagapanayam** : talaga sir! Di Maganda po at Malaki po maitutulong ng mga sagot syo sa thesis ko.

**Guro A** : try natin hehehehehehe.

**Tagapanayam** : so sir, okay lang ba na pumunta na tayo sa aking mga question?

**Guro A** : sige po maam.

**Tagapanayam** : Sir, para po sa unang tanong.

**1.Bilang isang guro maaari mo bang ilahad at ipaliwanag kung paano nakakapapekto ang lugar pinagmulan ng mag-aaral sa pakikipag-usap sa loob ng klase?**

**Guro A:** Ang lugar na pinagmulan o kinalakihan ng mag-aaral ay may malaking ambag o epekto sa pamamaraan ng kanilang pakikipag-usap. Madalas ay nahihirapan silang makitungo o makipagkomunikasyon sa kapwa mag-aaral sapagkat may malaking barrier pagdating sa wika. Nagiging mitsa rin ito ng hindi pagkakaunawaan o kaya ay miscomuunication sa dalawang panig.

**Tagapanayam:** Ikalawang tanong naman po.

**2.Bilang isang guro, ano ang iyong ginagawa upang makilala ang iyong mag-aaral batay sa kanilang pangkat na kanilang kinabibilangan?**

**Guro A:** Sinisimulan ko ito sa simpleng interbyu sa oras at pagkatapos ng klase upang maihanda ang mga nararapat na pamamaraan para sa mas mabilis na pakikitungo sa kanila. Syempre maam, ginagamit ko ang wikang mas mabilis nilang mauunawaan, ahm… upang walang mangyaring miscommunication sa huli. Sa ganitong pamamaraan ay mas nagkakaroon ng mas malawak at malalim na diskurso.

**Tagapanayam:** Paano po kapag nagkaroon ng miscommunication?

**Guro A:** Madalas nangyayari yun maam. Ill call the attention na lang yung batang involve then personal ko sya kinakausap kapag wala akong klase.

**Tagapanayam:** ahhhh. Okay po sir. Sa susunod na tanong na po tayo sir.

**3.Anong kadalasang paksa ang inyong pinag-uusapan ng iyong mag-aaral sa tuwing (i) nasa loob ng klase ; (ii) nasa bakanteng oras; (iii) nasa labas ng paaralan**

**Guro A:** Sa oras ng klase ay ang mga paksang aming tinatalakay. Sa bakanteng oras ay madalas ang mga kulang nilang awtput sa klase. Sa labas ng paaralan ay bibihira ko lamang silang makausap ngunit kung may pagkakataon ay madalas maikling kumustahan.

**Tagapanayam:** Oaky po sir, sa act sequence naman po tayong part.

**4.Bilang isang guro sa anong sitwasyon ka gumagamit ng mga eupimismong salita habang kausap ang iyong mag-aaral?**

**Guro A :** Ginagamit ko ang mga eupimismong salita sa mga pagkakataon na kailangang aluin ang damdamin ng mag-aaral na labis na nahihirapan sa oras ng klase.

**Tagapanayam :** Paanong aaluin sir?

**Guro A :** ahhh, yung tipong pagod na sila sa mga gawain. Lalo na kapag performance task. Lahat kasi ng subject may mga pagawain. Kapag napapansin ko na bakit parang hindi maayos na yung reaksiyon ng bata sa mga sinasabi ko dun ako nagbibigay ng words of wisdom na para ma-motivate sila. Kesa sumigaw ako at magalit, sinasabihan ko na lang sila ng maayos.

**Tagapanayam :** May pagkakataon po ba na one on one po kayong nakikipag-usap sa mag-aaral?

**Guro A :** wala po maam. Palaging may kasama sila. Minsan magulang, guardian o kaya magkakaibigan silang napunta. Nakikipag-usap sila tungkol sa mga kulang nila.

**Tagapanayam :** Paano po nyo ipinapaliwanag sir?

**Guro A :** Ipapakita ko sa kanila ng e class record ko, tapos saka ko sasabihin yung mga kulang at kung anong deadline ipapasa yung mga outputs.

**Tagapanayam :** ano po yung napapansin nyong mga salita yung nagagamit nyo sa ganoong sitwasyon?

**Guro A :** Normal words maam. Syempre Guro tayo dapat yung mga words na dapat sinasabi ng mga Guro. Madalas kasi yung mga sinasabi ko sa mga bata eh yung mga words of wisdom para nga ma-motivate sila.

**Tagapanayam :** sir matanong ko lang, bakit di po kayo nagagalit kapag nakikipag-usap sa kanila to the point na di sila nagpapasa?

**Guro A :** anong magagawa ng galit ko kung di sila nagpapasa. Saka maam ayoko ma-stress kaya di ko dinadaan sag alit yung mga ganoong pangyayare.

**Tagapanayam :** salamat po sir. Sa next question po tayo.

**5.Bilang isang guro, Anong sitwasyon ang iyong naranasan sa loob ng klase na na ikaw ay nagbigay ng iyong pagwawasto sa antas ng wikang ginamit ng iyong mag-aaral?**

**Guro A :**May mga pagkakataon na sa oras ng pagbabahagi o pagkatapos ng pagbabahagi ay nagbibigay komento at suhestiyon ako sa mag-aaral hinggil sa salita na ginamit niya na maaari magdulot ng kalituhan sa kapwa mag-aaral. Sa pamamagitan nito, mas Madali na nating maitatama ang mga mali na maaari pang mag-ugat sa mas malalim na pagkakamali.

**Tagapanayam :** okay po. Next question sir.

**6.Bilang isang guro, paano mo isinagawa ang pagwawasto sa antas ng wikang ginamit ng iyong mag-aaral?**

**Guro A :** Ginagawa ko ito sa pamamagitan ng pagsasabi ng deretsahan kaysa magpaligoy ligoy pa dahil mas mainam na sabihin ito ng tuwiran kaysa gumamit pa ng ibang pamamaraan.

**Tagapanayam :** paano pong deretsahan sir?

**Guro A :** yung sinasabi ko agad na bunso di yun ang tamang words. Dapat ganito. Halimbawa, sa word na “meron” sinasabi ko agad na bunso mali ang salitang “meron” dapat ay “mayroon”.

**Tagapanayam :** paano naman po kapag sa balbal sa mga salita.

**Guro A :** yung ibang alam ko lang ang itinatama ko. Kapag di ko alam yung salita itinatanong ko lang kung anong meaning. Pero minsan di ko na rin nabibigyang-pansin.

**Tagapanayam :** eh sir,

**7.Ano ang iyong ginagawa kapag nararanasan mo sa loob ng silid-aralan na nagagamit ng iyong mag-aaral ang kolokyal at balbal na salita sa isang gawaing pampaaralan tulad ng: Pagsusulat; at Pagsasalita?**

**Guro A :** Ang aking ginagawa sa oras na nagkahalo ang dalawang salita ay nagbibigay agad ako ng disclaimer upang maiwasto ang mga ganitong uri ng pagkakamali na sa aking palagay ay maituturing na hindi sinasadya.

**Tagapanayam :** kapag di sinasadya?

**Guro A:** yun nga minsan di ko na pinapansin.

**Tagapanayam :** sa pagsulat po kaya sir ano po ang ginagawa nyo?

**Guro A :** binabawasan ko ang score, kasi nasa rubrics naman yung criteria tungol sa grammar eh.

**Tagapanayam :** ok sir. Punta na po tayo sa part ng Norms. Ilang tanong na lang po ito.

**8.Paano mo ipinapakita ang iyong reaskyon tuwing makakaranas sa iyong mag-aaral na nakagagamit ng di pormal na antas ng wika gaya ng kolokya at balbal na salita sa loob ng silid-aralan?**

**Guro A :** Sa oras ng pormal na sesyon ay nagkakaroon tayo ng pagtatama subalit may mga pagkakataon na kinakailangang hindi ikulong sa iisang kahon ng mga wika ang isang silid-aralan sa oras ng pagkatuto kung kaya't normal na reaksyon lamang ang aking ipinapakita.

**Tagapanayam :** next question po ay,

**9.Bilang guro, paano ka magiging bukas sa pakikipag-usap sa iyong mag-aaral tungkol sa mga sensitibong usapin?**

**Guro A :** Kinakailangan magbigay ng maikling disclaimer upang maging malinaw sa klase ang pagiging sensitibo ng isang paksa.

**Tagapanayam :** Genre na po tayo sir. Last three question na lang po.

**10. Paano mo binibigyan ng puna ang iyong mag-aaral batay sa kanilang naging pamamaraan ng kanilang pagpapahayag ideya o impormasyon?**

**Guro A :** Isinasailalim ko ito sa matinding pag-aanalisa ng kanilang diskurso upang mas maging matimbang, maingat at walang malalampasan na maliliit na detalye sa kanilang isinagawang pagbabahagi sa klase.

**11. Anong sitwasyon sa loob ng klase ang nagkaroon ka ng pagkakataon iwasto ang hindi angkop na paggamit ng genre sa pagpapahayag ng opinyon?**

**Guro A :** Naisagawa ko ito noong nagkaroon kami ng argumento bilang isa sa kanilang performans task sa klase. Iwinasto ko ang datos na inilahad ng mag-aaral na maaaring magdulot ng kalituhan gayundin ang terminolohiyang ginamit.

**12. Paano mo binigyang-pansin ang mga paggamit ng kolokyal at balbal na salita ng iyong mag-aaral?**

**Guro A :** Binibigyang-pansin ko ito sa pamamagitan ng pagwawasto at pag-aangkop sa talakayin sa klase. May mga pagkakataon na kinakailangang gumamit ng pormal na salita subalit hindi dapat ikulong sa iisang aspekto ang barayti o ang gamit ng isang wika. Mas magiging mainam kung magiging diverse ang loob ng klase para sa mas maayos at masaganang diskurso.

Verbatim na Transkripsyon ng Mananaliksik sa Guro B

**Tagapanayam**:Bilang isang guro maaari mo bang ilahad at ipaliwanag kung paano nakakapapekto ang lugar pinagmulan ng mag-aaral sa pakikipag-usap sa loob ng klase?

**Guro B**:"Unang una syempre kung halimbawa ikaw ay pumunta sa isang lugar iba ang salita doon hindi mo naman pwedeng gamitin kung ano yung salitang pinagmulan mo so kailangan makibagay ka sa kanila, pwede mong ipaliwanag ng maayos umangkop ka kung ano yung salita na babagay halimbawa kung ang salita ay pang propesyunal, kung ang salita ay maayos, diba hindi mo kailangan sabihin yung mga balbal na salita, yung mga kantong salita sapagkat ang gagamitin mo o bagkus ang gagamitin mo ay yung mga tamang pananalita yung magegets agad ng isang tao."

**Tagapanayam** : Bilang isang guro, ano ang iyong ginagawa upang makilala ang iyong mag-aaral batay sa kanilang pangkat na kanilang kinabibilangan?

**Guro B**:"Ayan napaka gandang katanungan Ma'am. ang ginagawa ko dito nagbibigay ako ng mga assessments, nagbibigay ako ng mga aktibidad na talaga naman aakma kung paano ko makikilala ang aking mga estudyante, kung saan ba sila galing na lugar, kung ano ba ng pangkat na kanilang kinabibilangan so by doing that nalalaman ko kung ano ba yung mga salitang dapat kong piliin kasi may mga estudyanteng mabilis ma-offend, mga estudyante na kumbaga weak ang personality nila na hindi kaya na tumanggap ng joke, as a Guro syempre kailangan mo yun bagayan kailangan isaisip."

**Tagapanayam** : Anong kadalasang paksa ang inyong pinag-uusapan ng iyong mag-aaral sa tuwing (i) nasa loob ng klase ; (ii) nasa bakanteng oras; (iii) nasa labas ng paaralan

**Guro B**:"Una pag nasa loob ng klase syempre yung aming diniduskusyon, yung aming content, yung aming topic, yung paksa namin sa araw na iyon yun ang kanilang pinag uusapan." "Pag naman nasa bakanteng oras mga naririnig ko sa kanila kung ano ano syempre mga lovelife pinag uusapan nila, syempre ako siguro pag may bakanteng oras kami nag-sheshare rin naman ako sa kanila, ayan nakikibagay rin naman ako kasi syempre kailangan ang guro hindi dapat seryoso, dapat kailangan mo ding mag share ng mga tungkol sa buhay mo pero not all naman hindi naman lahat ng meron ka ay dapat ishare mo, kumbaga just a little background lang para alam nila kung ah ganito pala ang aming guro na pwede pala naming siyang biruin, an gaming palang guro ay napaka jolly ganun." Ikatlo, "Sa labas naman ng paaralan siguro yung mga tungkol na rin sa bahay nauungkat na lahat ng problems sharing ayan, pero ako as a Guro di ako kasi nakikipag socialize sa mga bata outside ng school kasi syempre guro ka ikaw mag sisislbing role model diba pwede naman ikaw maki jamming sa kanila pwede ka naman mag-hi sa kanila pero yung halimbawa yung nag iinuman kayo and you would share everything sa kainuman mo sa estudyante mo it's a big no no talaga so tama na yung kaibigan mo sila Guro mo sila sa loob ng klase dahil may bakanteng oras naman nagkakaroon pa rin naman kayo ng time to share your ideas your thoughts outside."

**Tagapanayam** :Bilang isang guro sa anong sitwasyon ka gumagamit ng mga eupimismong salita habang kausap ang iyong mag-aaral?

**Guro B** : "Syempre unang una pipili ka o pipili ako ng salita na aayon dun sa usap hindi pwedeng bibigla na lamang ako na hindi naman alam ang salita ng estudyante, unang una gaya nga ng sabi ko kanina maaaring agad sila ay ma offend sa sasabihin mo kaya bilang isang Guro bilang isang guro kailangan gagamit ako ng pampalubag loob sa kanila para kapag kausap ko sila mawili rin sila sa akin hindi alam mo yun puro pagalit ka, kailangan gagamit ka rin ng mga salita gumagamit ako nun it depends kasi on the situation na halimbawa pagkatapos ko silang pagalitan kumbaga gagamit ka ng mga salitang pampalubag loob para maibsan yung naranasan nilang paggalit galling sayo."

**Tagapanayam** : Bilang isang guro, Anong sitwasyon ang iyong naranasan sa loob ng klase na na ikaw ay nagbigay ng iyong pagwawasto sa antas ng wikang ginamit ng iyong mag-aaral?

**Guro B** : "Lagi naman eh sa lahat ng sitwasyon na pag halimbawa kasi sa klase hindi maiiwasan yung pag bribring up ng mga balbal, mga antas ng wika na mali mali naman pag nag aasaran mga estudyante ayan dun ko sila kino-correct lalo na sila'y nagbibigay ng information, nag rereport ayan that's the best explanation, pag sila'y nag rereporting sa loob ng klase, isang sitwasyon yun na kino-correct ko yung paggamit nila ng wika kasi syempre doon nag sisimula kasi pag mali yung antas ng wika na iyong gagamitin hanggang sa huli sa paggamit mop ag tumayo sa harap ng tao habang buhay magkakamali ka talaga, makakalakihan mo na yung paggamit ng antas ng wika kaya dapat bilang isang guro lagi kong kino-correct agad ang aking mga estudyante sa kahit anong sitwasyon, reporting man yan, sa eksaminasyon man yan, sa pagsusulit kailangan ko na agad silang i-correct o itama."

**Tagapanayam** :Bilang isang guro, paano mo isinagawa ang pagwawasto sa antas ng wikang ginamit ng iyong mag-aaral?

**Guro B** :"Agad kong sinasabi sa kanila kung ano yung mga maling salita na nagagamit nila. Hindi kasi pwede na ipagpapaliban mo yung pagkakataon na sila ay maitama.

**Tagapanayam** : Ano ang iyong ginagawa kapag nararanasan mo sa loob ng silid-aralan na nagagamit ng iyong mag-aaral ang kolokyal at balbal na salita sa isang gawaing pampaaralan tulad ng: Pagsusulat; at Pagsasalita?

**Guro B** : "Ayan ito napaka laking problema ko ito noon nung ako'y nagtuturo ng pagsulat at pagbasa kasi ang ginagamit na nila halimbawa ako ay may pa-sanaysay ang ginagamit na nila ay mga maling balbal halimbawa gumagamit na sila ng mga beking salita at bilang guro ang hirap i-correct niya kasi iyon ang nakasanayan pero syempre itutuwid pa rin sa pagsusulat sa writing mahirap iyon kasi yun ang kinasanayan nila dahil dun sila nabuhay sa kolokyal na salita lalo na sa pagsasalita, the way nilang kausapin ang isang tao so napaka ganda nararanasan ko ito everyday sa loob ng paaralan syempre kino-correct ko ang aking mag aaral, talagang sinasabihan ko sila na mali yung paggamit, dapat hindi ginagamit ang mga kolokyal at balbal sa klase, pwede naman siya, ang balbal at kolokyal ay kasama yan sa antas ng wika di pwedeng alisin yan dahil yan na ang modernism, hindi mo maaalis pero dapat ginagabayan yan para alam ng bata kung ano na ang kanilang gagamitin sa pagsulat at kanilang pagsasalita."

**Tagapanayam** : Paano mo ipinapakita ang iyong reaskyon tuwing makakaranas sa iyong mag-aaral na nakagagamit ng di pormal na antas ng wika gaya ng kolokya at balbal na salita sa loob ng silid-aralan?

**Guro B** : "Syempre bilang isang guro hindi naman kaagad ako magagalit, hindi ko naman para sila pagalitan dahil gumamit sila ng ganung salita, syempre ikaw ang mag-guiguide i-cocorrect mo sila pinapakita ko yung reaction ko in a good way naman na hindi dapat yan ang tamang paggamit, gaya ng sinabi ko kanina sa pagbibigay pansin, yuing reaksyon na iyon kailangan mo nang i-cut agad yung pagkakamaling yun para sa pagdating ng araw hindi na madadala ano so alam ko para din naman sa inyo yun para din naman sa mga bata ako syempre bilang isang guro gumagamit din naman ako ng kolokyal at balbal na salita pero inaangkop ko ito sa sitwasyon dahil ako ay isang professional at ako'y isang guro syempre napaka hypocrite naman kung gagamit kung ako yung nagtuturo hindi sumusunod sa tamang paggamit ng antas ng wika gaya ng kolokyal at balbal na salita sa loob ng silid aralan so pinapakita ko yung reaksyon in a good way talaga then after pagpapakita ng reaksyon doon na agad yung correction sa mga bata."

**Tagapanayam** : Bilang guro, paano ka magiging bukas sa pakikipag-usap sa iyong mag-aaral tungkol sa mga sensitibong usapin?

**Guro B** : "Ako naniniwala ako ang mga guro ay talaga naming bukas sa pakikipag usap yan man ay sensitibong usapin kasi unang una ikaw ang iintindi sa kanila kailangan bukas ng isip mo sa pakikipagusap sa iyong mag aaral kaya ako natutuwa ako sa mga guro na di marunong gumamit ng mga kolokyal at balbal na salita diba nakakatuwaa pero at the same time maiisip mo na yun nga kawawa din kasi salat sila sa usapin kasi part yan talaga ng usapin part yan ng wika yang kolokyal at balbal kaya dapat alam din natin bukod sa ito ay trending ay napapanahon ngayon ang salita bilang isang guro kailangan bukas rin ang isipan na i-adapt mo yung salitang iyon para syempre kung sakaling ikaw naman ang pumunta sa isang lugar kaya mong makibagay kaya mong umakto kaya mong kumbaga umakma sa salita nila.

**Tagapanayam** : Paano mo binibigyan ng puna ang iyong mag-aaral batay sa kanilang naging pamamaraan ng kanilang pagpapahayag ideya o impormasyon?

**Guro B** : "Sa totoo lang hindi ako nagbibigay ng puna sa dun sa halimbawa sa pagpapahayag nila ng ideya o impormasyon kung may mali dun ko sila kino-correct talaga pero yung magbibigay ako ng feedback just because taliwas yung feedback ko o puna ko sa kanila ay hindi naman talaga mali never ko yung gagawin sa aking mga estudyante it's really important na makita mo yung good idea nila yung insight yung input nila sa lahat ng impormasyon dahil hindi naman sa lahat ng pagkakataon ikaw ay tama diba may mga pagkakataon na ikaw din ay mali at tama ang estudyante sabi nga nila learning is never ending process meron kang makukuhang mga learnings sa mga students at may makukuha rin silang learnings sayo so ayun kumbaga ikot ikot lang."

**Tagapanayam** : Anong sitwasyon sa loob ng klase ang nagkaroon ka ng pagkakataon iwasto ang hindi angkop na paggamit ng genre sa pagpapahayag ng opinyon?

**Guro B** : "Debate. Ito sa palaging argumento pakikipag debatehan ng argumento pro o con talaga naman ako hindi talaga ako sumasang ayon pag alam ko ang paggamit ng genre sa pagpapahayag ng opinyon ay mali na i-cocorrect ko na, just want to share with you meron akong napatigil na debate o argumento kasi nga mali na mali na yung opinyon na ginagamit so maganda ang debate kasi doon mo makikita dun mo malalaman kung paano ba iwawasto ng mga estudyante kung paano sila magpapahayag ng ideya pero doon sa sitwasyon na iyon iniwawasto ko talaga siya hangga't kaya kong itigil yung debate ititigil ko talaga siya maganda ang debate pag tama ang opinyon pero pag halimbawa taliwas na mali na ang paggamit ng mga salita meron nang ibini bring up na situation doon mo na i-cocorrect ang bata."

**Tagapanayam** :Paano mo binigyang-pansin ang mga paggamit ng kolokyal at balbal na salita ng iyong mag-aaral?

**Guro B** : "Nung una ako'y natutuwa dahil alam nila paano yung mga salita ngunit hindi nila alam kung anong part ba yun kung ano bang antas ng wika yung sinasabi nila binibigyan ko yun ng pansin syempre kinakausap ko sila nagbibigay ako ng ilang mga halimbawa bibigay ako ng tamang halimbawa oh instead of saying balbal na salitang ganito try natin hindi pwede o hindi maaari ayan kolokyal iyon syempre in a professional way sasabihin mo na oh try natin try nating itranslate ang beki language sa tamang pagsasalit sa tamang antas ng paggamit ng wika ayun so binibigyan ko iyong pansin sa mga klase at binibigyan ko ng pansin sa pag-cocorrect sa kanila."

Verbatim na Transkripsyon ng Mananaliksik sa Guro C

**Tagapanayam** : Isang mapagpalang araw po sa inyo, ako po si Marie Cris Manaig Garcia kasalukuyang nag-aaral po at nakuha sa graduate studies sa LCBA. Nais ko lamang po nawang mahingi ang inyong oras upang ma-interview tungkol sa mga kolokyal at balbal na salita na nagagamit ng mag-aaral sa loob at labas ng klase.

**Guro C** : Good morning po maam.

**Tagapanayam** : Maam, Ilang taon na po kayo sa pagtuturo?

**Guro C** : Sa public maam, 9 years na sa public 2 years lang po.

**Tagapanayam** : Kumusta po ang pagtuturo maam?

**Guro C** : Masarap maam at mahirap. May times na enjoy pero kapag madami ng paperworks dun windang.

**Tagapanayam** : Dako na po tayo sa unang katanungan mukha pong busy po ata kayo ngayon sa inyong school?

**Guro C** : Opo maam, kasi halos lahat kami dito mga Guro 2 eh pinag-aayos ng papel para sa school ranking. Pasensya na ha.

**Tagapanayam** : Okay lang po maam. Para po sa unang tanong maam.

**Tagaoanayam : Bilang isang guro maaari mo bang ilahad at ipaliwanag kung paano nakakapapekto ang lugar pinagmulan ng mag-aaral sa pakikipag-usap sa loob ng klase?**

**Guro C** : Bilang isang guro po kung ano po yung mga ginagawa ko upang makilala ko po yung mag-aaral ko kung saan pangkat po sila ahh o anong pangkat po ang kanilang kinabibilangan ay sa paraan po na kung saan nagtatalakay po kami ng mga iba't ibang uri ng panitikan akdang pampanitikan kung saan po ay ahh hinihikayat ko po silang mag bahagi ng mga kwento na may kaugnayan po ahhh sa mga pangyayari sa kanilang buhay na maiuugnay po dun sa mga pangyayari ah nabasa namin o napakinggan po naming o napanood sa mga akdang pampanitikan na aming pong tinatalakay at kung paano ko naman po sila pinakikitunguhan o tinatanggap

batay sa kanilang pangkat at sa wikang kanilang ginagamit ay pinakikitunguhan ko po silang lahat ng may pantay – pantay na respeto at paggalang hindi lamang po sa kanila bilang isang indibidwal kundi pati rin po dun sa ahh mga paniniwala o tradisyon o kinaugalian man nung ahh pangkat o nung lugar na pinagmulan nila. Yun po ay tinuturo ko din sa aking mga estudyante at mag-aaral na panitilihin yung respeto at paggalang sa bawat isa.

**Guro C** : Maam, pasensya na po. Medyo need kolang po talaga ng oras para maayos ko lahat ng files ko. Pwede po bang tapusin natin ng mabilis ang interview?

**Tagapanayam** : opo maam. Salamat po.

**Tagapanayam : Bilang isang guro, ano ang iyong ginagawa upang makilala ang iyong mag-aaral batay sa kanilang pangkat na kanilang kinabibilangan?**

**Guro C** : Sa loob pormal naman dahil siguro sila ay nasa seksyon ng mga matatalino. Pag nasal abas naman ay ganun din minsan may pailan ilan na gumagamit ng di pormal.

**Tagapanayam : Anong kadalasang paksa ang inyong pinag-uusapan ng iyong mag-aaral sa tuwing (i) nasa loob ng klase ; (ii) nasa bakanteng oras; (iii) nasa labas ng paaralan**

Guro C : Tungkol sa mga asignatura namin Tungkol sa pamilya at sa mga naisin nila sa buhay Tungkol sa pag-aaral, pamilya lalo't higit sa pangarap nila

**Tagapanayam : Bilang isang guro sa anong sitwasyon ka gumagamit ng mga eupimismong salita habang kausap ang iyong mag-aaral?**

Guro C : Kapag nakagagawa sila ng kamalian, Pinagsasabihan ko sila at pinauunawaan ang mga bagay bagay.

**Tagapanayam : Bilang isang guro, Anong sitwasyon ang iyong naranasan sa loob ng klase na na ikaw ay nagbigay ng iyong pagwawasto sa antas ng wikang ginamit ng iyong mag-aaral?**

Guro C : Sa kanilang pagsasalita at pagsulat ng mga gramatika, kalimitan ay duon ang pagwawasto.

**Tagapanayam : Bilang isang guro, paano mo isinagawa ang pagwawasto sa antas ng wikang ginamit ng iyong mag-aaral?**

Guro C : Binabasa ang kanilang mga katha. Kapag may nakita akong mali iwinawasto ko ito.

**Tagapanayam : Ano ang iyong ginagawa kapag nararanasan mo sa loob ng silid-aralan na nagagamit ng iyong mag-aaral ang kolokyal at balbal na salita sa isang gawaing pampaaralan tulad ng: Pagsusulat; at Pagsasalita?**

Guro C : Itanatama ko it, minsan hindi maiiwasan ng mga bata kaya palagi mo silang papaalalahanan.

**Tagapanayam : Paano mo ipinapakita ang iyong reaskyon tuwing makakaranas sa iyong mag-aaral na nakagagamit ng di pormal na antas ng wika gaya ng kolokya at balbal na salita sa loob ng silid-aralan?**

Guro C : Nalaki ang aking mga mata na alam na nila ang ibig sabihin. Nagsosori na agad sila, doon pa lang alam na nilang mali iyon.

**Tagapanayam : Bilang guro, paano ka magiging bukas sa pakikipag-usap sa iyong mag-aaral tungkol sa mga sensitibong usapin?**

Guro C : Bukas na bukas ako sa mga sensitibong usapin dahil iyon ang mas nararapat. Malalaman nila ang mga bagay- bagay upang hindi sila sa huli.

**Tagapanayam : Paano mo binibigyan ng puna ang iyong mag-aaral batay sa kanilang naging pamamaraan ng kanilang pagpapahayag ideya o impormasyon?**

Guro C : Gamit ang piling mga salita, iyon ang paraan ng aking pagbibigay ng puna.

**Tagapanayam : Anong sitwasyon sa loob ng klase ang nagkaroon ka ng pagkakataon iwasto ang hindi angkop na paggamit ng genre sa pagpapahayag ng opinyon?**

Guro C : Kapag sila ay nagbibiyan, nakakalampas na sila sa mga sila sa mga salitang kanilang mga ginagamit kayat duon ako pumapasok upang maiwasto sila.

**Tagapanayam : Paano mo binigyang-pansin ang mga paggamit ng kolokyal at balbal na salita ng iyong mag-aaral?**

Guro C : Sa paraan ng pagtatanong kung anong uri ng salita ang kanilang ginagamit at duon papasok ang maugong na diskusyon.

**Tagapanayam** : Maraming salamat po sa inyong oras maam…

Verbatim na Transkripsyon ng Mananaliksik sa Guro D

**Tagapanayam :** Magandang Araw po Ma'am, Ako po si Ma'am Garcia, kasalukuyang nag-aaral ng MAED Major in Filipino sa LCBA. Kayo po ay isa sa aking napili na maging isa sa aking kapapanayamin para saaking pagsasaliksik. Ma'am maari po ba kayong magpakilala, saan po kayo nagtuturo at anong grade ng inyong tinuturuan? At subject ng tinuturuan.

**Guro D** : Magandang Araw din Ma'am. Tawagin mo na lang ako Ma'am Landicho.dito ako sa City High nagtuturo este Tanauan City Integrated High School. Hahaha. Ano pa nga?

**Tagapanayam :** Ilang years ka na mam nagtuturo, tsaka po ano po ang inyong tinuturuan?

**Guro D** : Dami pala niyan, charoot lang. Naku, tatanungin din pala ang years ng teaching. Ako e mag 9 years na sa teaching. Filipino ang tinuturo, dati handle ko ay grade 9 ngayon e 7 na.

**Tagapanayam :** sige po ma'am magsimula na po tayo.

**Tagapanayam : 1**. Bilang guro maaari mo bang ilahad at ipaliwanag kung paano nakakapapekto ang lugar pinagmulan ng mag-aaral sa pakikipag-usap sa loob ng klase?

**Guro D :** Bilang guro ng Filipino, maraming pagkakataon na nakikilala ko ang aking mag-aaral batay sa kanilang lugar na pinagmulan at malaki ang nagiging epekto nito sa kanilang araw-araw na pakikipag-usap. Naroon nga ang minsang e hiyang hiya silang magsalita o sumagot sa aking mga tanong dahil may iba nga silang tono siguro yun ay sa nakalakihan nilang lugar. Malaki kasi talaga ang epekto ng mother tongue sa mga bata. Mayroon naman ang iba ay sadyang kinatutuwaan na ang magbahagi ng iba nilang dayelekto, sympre feeling nila e relate na relate sila doon sa aming topic kapag sila yung pinag-uusapan, mayroon din namang sadyang hindi nahihiyang gamitin ang mga usong salita. At doon sila nagkakasundo -sundo.

**Tagpanayam : Bilang guro, ano ang iyong ginagawa upang makilala ang iyong mag-aaral batay sa kanilang pangkat na kanilang kinabibilangan?**

**Guro D :** Ako kasi ay isang adviser, nakikita ko na agad ang kanilang mga detailed lalo na ang personal info nila. Kahit papaano nagkakaroon na akong background check sa kanila, pero gampananin ko ri

n na alamin ang ilan sa mga impormasyon na mayroon ang bawat indibidwal na handle kong section. Halimbawa, mayroon kakaiba sa suot o kaya pananamit ng iyong estudyante, mayroon agad akong immediate survey doon pero in a good way naman o kaya pasimpleng pagtatanong. Mahirap naman na maoffend ko yung bata. Tapos yun, dun ko na malalaman na iba pala relihiyon niya o kaya taga-ibang lugar siya. Bagong lipat sila rito. lalo na nga rito sa City High andami naming muslim dito. Pag babae identify na agad namen na muslim sila kasi nga may "Hijab" sila na suot yun yung balabal na suot suot nila. Kaso pag lalaki nahihirapan ako, normal na dress code suot nila e. Nagugulat na lang ako kapag sasabihin ko, halimbawa sabi ko "ikaw magdasal ka sabihin niya muslim po ako. Yun tsaka ko lang maiidentify na muslim sila. Normally pag tungkol sa mga bata na may pinanggalingang na taga ibang lugar o indigenous naiirereport na yun sa mga subject Guro ng adviser kasi nga part na rin siya ng curriculum. O kaya kadalasan mayroon kaming mga activities for learner's interest.

**Tagapanayam : Anong kadalasang paksa ang inyong pinag-uusapan ng iyong mag-aaral sa tuwing ;**

- **nasa loob ng klase**

**Guro D :** Tungkol sa mga aralin, minsan naman ay tungkol sa kanilang mga karanasang makatutulong sa pagpapalalim ng aming mga paksang tinatalakay. O kaya minsan yung mga unfamiliar words na di nila alam kung saan dapat gamitino saan ginagamit.

- **nasa bakanteng oras**

**Guro D :** actually ganda niyan sagutin, as adviser din kasi talaga nagkakatime kami para mainterview or makausap yung mga student namen during their recess and lunch. Madalas doon sila nag oopen ng mga crush nila, mga nararanasan nila sa uhay minsan naman e sumbong nang sumbong ng kung ano ano. Masaya sila kausap lalo't may natutunan ka rin sa kanila. O kaya misnsan para mas lalo ko silang nakikilala base sa mga kwento nila.

- **nasa labas ng paaralan**

**Guro D :** Mga personal na kamustahan, may ilan kasi student d rin nakakalimutan bumati. Yung iba naalapit pa talaga. Minsan naman obviously itatanong kung saan ang lakad o kaya kung dun pa rin ako sa school na pinasukatan nila ako nagtuturo. Pero kapag pandalas or nagmamadali hi/hello na lang.

**Tagapanayam : Bilang isang guro sa anong sitwasyon ka gumagamit ng mga eupimismong salita habang kausap ang iyong mag-aaral?**

**Guro D :** Kadalasan sa tuwing mayroon kaming klase pinipili kong gumamit ng mga salitang may eupimismo upang ipakita at iparamdam sa kanila na guro ako na siyang unang uunawa sa kanilang sitwasyon ngunit may pagkakataon talaga na nauubos ang aking pasensya, halimbawa na lamang ay ang mga takdang aralin o mga gawaing hindi tinatapos. Sa nais kong maiparamdam na ako'y galit at hindi natutuwa sa kanilang inasal dito ko lubos na nagagamit ang mga eupimismong salita at paraan upang ipaliwanag at ipaalala ang gampanin nilang bilang mag-aaral. Mahirap kasi magbitaw sa kanila ng mga mabibigat na salita lao't higit kung hindi nila nauunawaan kung anong bigat o responsibilidad yung di nila nagawa. Iba iba na rin kasi ang mga bata ngayon. Higpitan mo at sabihan mo nang sabihan lalo naman natigas ang ulo. Pero kapag gamitan mo sila ng mahinahon wari'y ko e sila na ang nahihiya sa kanilang maling ginagawa.

**Tagapanayam : Bilang guro, Anong sitwasyon ang iyong naranasan sa loob ng klase na ikaw ay nagbigay ng iyong pagwawasto sa antas ng wikang ginamit ng iyong mag-aaral?**

**Guro D :** Maraming beses na rin actually may mga bata kasi talaga dala ng uso e at social media panay ang gamit mga balal na salita. Tulad nga nung may presentation kami. May part doon na may greetings muna bago magsimula ng kanilang performance, sabi ba naman nila "Hello mga ferson, andito na ang group 2", kunware ganunn. Sympre bilang pormal yung Gawain nay un inonote ko yun sa comments and suggestion ko base sa criteria na ginawa ko.At ipapaliwanag ko sa kanila nab aka masanay sila gamitin iyon sa mga gawaing pampaaralan di maganda lalo't higit kapag pormal na piid ang dadaluhan nila. Kasi feeling nila kapag nagamit nila yun nakakatawa o kaya nakakatuwa which is hindi iyon naituturo sa mga bata. Anyway, mayroon kasi kaming topic talaga sa G7 na uri ng Antas ng wika at dito tala rin lubusang nauunawaan ng mga bata na ano, saan at dapat gamitin ang bawat antas ng wika. Andami ko nga experienced diyan lalo na sa pagsulat. Iba na talaga ang kabataan ngayon ginagawang social media flatform ang essay ko. Buti na lang may pamantayan talaga na gramatika na included doon yung use of words nila. Ang gingawa ko binibilugan ko tas nilalagay ko yung mga tamang spelling.

**Tagapanayam :** Ma'am pede po ba kayo magbigay ng words na naencounter niyo?

**Guro D :** Ah yung mga simpleng "meron, jejemon style o kaya naman text style. Pinaiiksi nila yung salita nawawala yung ibang letters. O naman taglish, pero mali rin naman spelling.

**Tagpanayam : Bilang isang guro, paano mo isinagawa ang pagwawasto sa antas ng wikang ginamit ng iyong mag-aaral?**

**Guro D :** Depende sa sitwasyon meron kasi verbally tinatama ko na agad sila.

**Tagapanayam :** maaari nyo pa po bang ipaliwanag?

**Guro D :** Um.. minsan ginagawa ko Ako pagkaganoon para mas maiiintindihan and antas wika meron kaming ginagamit mga tawag doon talasalitaan para makita niya yung salita dapat nya gamitin or san ba kabilang ito antas ng wika pangalawa ay ginagawa ko para mas maiitindihan nila lagi kung sinasabi yung ang antas ng wika na alam natin kung saan siya dapat gamitin like for example antas ng wika ay balbal nga! Sa kalsada sya ginagamit o kaya namn kolokyal o kaya naman ay ahh.. tawag dito pormal yung paraan na salita so ayun dapat alam nila yun so ganoon nagiging aware sila. Binabasa ang kanilang mga katha. Kapag may nakita akong mali iwinawasto ko ito.

**Tagapanayam : Ano ang iyong ginagawa kapag nararanasan mo sa loob ng silid-aralan na nagagamit ng iyong mag-aaral ang kolokyal at balbal na salita sa isang gawaing pampaaralan tulad ng:**

**Pagsusulat; at Pagsasalita?**

**Guro D :** Yan… jan na medyo nagkakaroon na problema, kasi minsan di natin naiiwasan kaya dapat as a Guro, bilang isang guro ay masuri mo Mabuti kasi minsan akala ng bata sa paraang pag sulat natin pampanitikan pormal nagkakaroon na ng ano kala nila okey lang. kaya ang nangyayare, yan na yung palagian nilang ginagamit. Ang ginagawa ko as a Guro, yon kinokorekt ko then pinapaintindi ko na naman kung ano ang dapat kong gawin , at an oba yung mas pormal na salita ang dapat tuparen.

**Tagapanayam : Paano mo ipinapakita ang iyong reaskyon tuwing makakaranas sa iyong mag-aaral na nakagagamit ng di pormal na antas ng wika gaya ng kolokyal at balbal na salita sa loob ng silid-aralan?**

**Guro D :** Hanggat maari ay kalmado dapat ang ating reaksyon, kasi ay di naman sa lahat ng pagkakataon ay di natin maiiwasan kapag narinig natin ang mga salitang balbal. Nangyayare ay nagagalet ka talaga diba? So ngayon bilang guro ng isang Filipino, kaylangan mo talaga mapa intindi sa kanila na sa loob ng paaralan hindi ginagamit ang salitang balbal, na kahit saan man, kase diba kahit sa kalsada hindi natin masisisi ang salitang balbal, kase diba parte na talaga sya ng kultura naten na nabuo sya sa pakikipag komunikasyon naten sa labas ng

paaralan. Kaya ngayon nangyayare dahil sa mga bata laging nasa kalsada or laging nakikipag laro ay naapply na nila kahit saan. Na kung kahit di naman dapat doon, kaya dapat maging aware kaya dapat yung paraan mo.

**Tagapanayam : Bilang guro, paano ka magiging bukas sa pakikipag-usap sa iyong mag-aaral tungkol sa mga sensitibong usapin?**

**Guro D :** Ay ayan improtante yan na dapat yung mga salita na gagamitin mo ay, talagang tutugon doon sa sensitibong usapin, kase may mga pagkakataon na kung may mali na pagkakaintindi yung mag-aaral ang mangyayare okey lang yon ganoon. Diba? So kapag ka ganon ang ginagawa ko pinapaliwanag ko muna yung mga bawat salita, pagkatapos sa kanya chaka ko pag dudugtong dugtong para maintindihan nya yung sitwasyon na ay mali pala ito, ay sensitibo pala ito.

**Tagapanayam : Paano mo binibigyan ng puna ang iyong mag-aaral batay sa kanilang naging pamamaraan ng kanilang pagpapahayag ideya o impormasyon?**

**Guro D :** Ayan so ibig sabihin… dapat ay susuriing Mabuti kung… kasi minsan ang bata, minsan ahh dahil sa pinood lang, dahil sa narinig lang yung isang sitwasyon, so ayun na yung tumatak sa isip. So dapat bilang guro makita mo, ipasuri mong Mabuti, na ayy.. tamaba ang impormasyon na iyong binibiga, tama ba yung mga inilahad mo na.. so doon masusuri dapat.

**Tagapanayam : Anong sitwasyon sa loob ng klase ang nagkaroon ka ng pagkakataon iwasto ang hindi angkop na paggamit ng genre sa pagpapahayag ng opinyon?**

**Guro D :** Siguro ay ako, kapag ka kasi nagbibigay yung sariling karanasan yung mag-aaral tapos ay hindi niya naman naman dapat sabihin sa lahat ng klase doon na ako medyo. Itinitigil ko na lang, then baka kasi mamaya ay… kumbaga private yun eh… private niya yung isang sitwasyon doon pa lang itinitigil ko na.

**Tagapanayam : Paano mo binigyang-pansin ang mga paggamit ng kolokyal at balbal na salita ng iyong mag-aaral?**

**Guro D :** Ahh… yun nga, ay itinatama ko or ikinaklaro ko yung salitang mga ginamit nila na..itong balbal na ito at kolokyal ay puwede naman nating siya gamitin ang problema lang ay yung paraan kung saan ba siya dapat gamitin at kapag ba ginamit natin ito sa ibang lugar ay makakasakit tayo ng damdamin, pangit ba ang tingin… mawawalan ba ng respeto sa isang salita or kaya ay may maling epekto ba sayo yun yung kalimitang ginagawa so dapat itong mga antas talaga ng wika…dapat talaga ay alam ng mag-aaral kasi kung hindi mo alam yung paraan kung saan ba dapat gagamitin yung mgasalita, maaring magkaroon ng misinterpretasyon at maling pagunawa doon sa salita na iyong ginagamit sa pakikipag komunikasyon. Sa paraang may matututunan sila.

Verbatim na Transkripsyon ng Mananaliksik sa Guro E

**Tagapanayam :** Good morning po sir!

**Guro E :** Good morning po.

**Tagapanayam :** Sir ako po si Marie Cris manaig Garcia na kasalukuyang nasa thesis writing po sa LCBA. Nais ko lang po makuha ang inyong kaalaman ukol sa paggamit ng kolokyal at balbal na salita na karaniwang nagagamit ng inyong mag-aaral sa inyong klase.

**Guro E :** Nawa po’y may maitulong ako. Hehehehe

**Tagapanayam : Bilang isang guro maaari mo bang ilahad at ipaliwanag kung paano nakakapapekto ang lugar pinagmulan ng mag-aaral sa pakikipag-usap sa loob ng klase?**

**Guro E** : "Sa tingin ko, hindi naman ganoong kalala yung epekto sa pakikipagusap ng mag-aaral. Pero may iilang sitwasyon laang. Halimbawa, kapag tinanong ko sa recitation ang bata ay may ilang salita siyang nahihirapan sabihin. O kaya naman may ang salita na ginamit nya ay hindi tama ang tono, tulad ng salitang 'mamaya' ay binabanggit na 'mimiya'."

"you know naman dito sa lugar natin (Batangas), na talagang di naiiwasan ng mag-aaral na sumagot na mayroong tonong Batangas. Gayundin sa iba pang klase, ahhhh… na kung saan galing sa ibang mga probinsya (transferees). Tulad noong isang student ko galing sa Zamboanga. Late sya noong araw nay un kaya nagpaalam sya. "Sir pwede musolod?" na ang ibig sabihin pala ay "pwedeng pumasok?".

Yung mga ganung instances eh malalaman mo na agad na hindi siya purong Tagalog. Kaya tinanong ko agad sya kung ano ang ibig sabihin non.

**Tagapanayam** :Bilang isang guro, ano ang iyong ginagawa upang makilala ang iyong mag-aaral batay sa kanilang pangkat na kanilang kinabibilangan?

**Guro E** : "Actually, matagal-tagal ang ganitong gawain ano. Kasi hindi naman agad ganoong kabilis makilala ang lahat ng mag-aaral. Pero syempre habang natagal ang pagsasama-sama sa loob ng klase eh makikilala mor in sila."

"Isa sa ginagawa ko sa unang pasukan ng School Year eh may pa-activity ako." Para siyang getting to know each other." Ayun yung ganoong activity ay isa sa pwedeng maging Gawain para sa una pa laang eh makilala o malaman moa gad kung saan galing ang mga bata at kung magkakaroon ng cultural barrier sa paggamit nila ng wika na kanilang nakalakihan."

Mga after a month mas Madali ng makilala yung mga susunod o dadagag na mga student kasi nga mas may time para makausap sila at bago alhin o ipasok yun sa classroom eh may kaunting interview kasi nga di naman ganung karami tulad nun unang pasukan."

"Then, when times goes on, sa bawat activity na ipinagagawa naman sa classroom ay lalabas at lalabas ang kani-kanilang ugali depende sa kung anong ang gawin syempre. Lalo kapag may integration na ng values sa bawat lesson.

**Tagapanayam** :Anong kadalasang paksa ang inyong pinag-uusapan ng iyong mag-aaral sa tuwing (i) nasa loob ng klase ; (ii) nasa bakanteng oras; (iii) nasa labas ng paaralan

**Guro E** :"Kapag nasa loob ng klse syempre more on lesson talaga. Yung mga akdang pampanitikan at wika. Yun ang usual na topic." "Kapag naman nasa labas ng klase o kaya break time ay tungkol sa kung ano-ano. Like about their dreams, pangarap sa buhay." Pero may mga pagkakataon na tungkol mismo sa buhay nila ano yung nagiging usual na problema nila. minsan naman puro biruan. asaran ng light lang naman na hindi to the point na sasama na yung loob o bibigat yung pakiramdam ng bawat isa. even me syempre.

**Tagapanayam** :Bilang isang guro sa anong sitwasyon ka gumagamit ng mga eupemismong salita habang kausap ang iyong mag-aaral?

**Guro E** :Ahhhh!!! You mean maam yung pinapagaan yung bigat nun mga salita?

**Tagapanayam** :opo, sir.

**Guro E** :ahhh! Madalas akong gumagamit ng mga salitang ganon kapag sa lesson. Tayo kasing mga guro ay kinakailangan din natin piliin ang mga salita na gagamitin natin sa loob ng klase. Subalit may mga pagkakataon po talaga na kailangan natin ituro ang mga salita na talagang yun po ang mga wastong gamit.

**Tagapanayam** :pwede po ba kayong magbigay ng halimbawa sir?

**Guro E** :wait! Ano nga bang mga salita yun? Ahhh tulad noong itinuro ang pagbuo pagsusulat ng sanaysay. Talagang ang pinili ko ay yung malalaswang salita kasi may integration ng health yung lesson ko. Personal hygiene ba maam. Syempre, kahit grade 10 yung hawak ko eh may mga talagang di pa marunong mag-ayos at maglinis ng kanilang katawan. Talaga sinasabi ko yung salitang puke, titi, bayag atbp. Kasi kailangan talaga nila malaman yun kasi yun naman talaga ang tamang salita na katawagan sa bahagi ng katawan natin di ba? Hahahahahahhaha. Mali kasi yung madalas na tinatawag dun na bulaklak, batotoy, itlog etc. di ba? Tayo bilang mga guro ng wika kinakailangan natin na wala tayong malisya sa paggamit ng salita sapagkat wala naming bastos na salita. Utak lang meron. Hahahahahahahahha.

**Tagapanayam** : hahahahahahaha. Seryoso sir?

**Guro E** : opo maam. Dapat po tayo mismo ang magturo sa kanila na hindi bastos ang mga salitang yun. Kasi yun naman talaga ang tawag dun.

**Tagapanayam** :Bilang isang guro, anong sitwasyon ang iyong nararanasan sa loob ng klase na ikaw ay nagbigay ng iyong pagwawasto sa antas ng wikang ginamit ng iyong mag-aaral?

**Guro E** : Madalas kong nararanasan ang pagwawasto o pag-correct sa mga salitang ginagamit ng mag-aaral. Subalit hindi ko tahasang sinasabi na mali yung mga salitang yun.

**Tagapanayam** : Sir, pwede po ba kayong magbigay ng isang sitwasyon na kung saan ang mag-aaral ay nakagagamit ng mga salitang tulad ng balbal na salita.

**Guro E** : Sheeeesh. Hehehehehe

**Tagapanayam** : Ano po yun sir?

**Guro E** : yun isang halimbawa yun ng balbal na salita. Na parang isang expression pero depende. Pwede syang surprise o kaya disappointed. Yan ang madalas na ginagamit ng mag-aaral. Pero syempre dapat alam ko din yun kasi maiiwan ako sa uso, na dapat alamin ko kung ano ang mga ibig sabihin. Heheheheheheh.

**Tagapanayam** : paano nyo po iyon iwinawasto sir?

**Guro E** : ahhhhh! Actually di ko naiwawasto yung ganun. Pero may mga salitang balbal na dapat talaga iwinawasto. Lalo't higit sa paraan ng pagsulat. Usually sa rubrics kasi palagi present sa indication ang wastong gamit ng gramatika wherein kasama na din dun yung mga salitang dapat ay ginagamit sa isang pagsusulat tulad ng mga sulating pormal.

**Tagapanayam** : sir paano at ano ang ginagawa nyo?

**Guro E** : ahhh. Madalas ko ginagawa kapag nakaka-encounter ako eh binibilugan ko tapos inilalagay ko yung tamang salita. Minsan kasi yung pagsusulat ng talata o sanaysay eh di na siguro namamalayan ng mga student ko na parang chat o text yung kanilang ginagawa. Di naman natin mawawala sa kanila yun kasi basic nay un sa buhay nil ana kung saan parang ikakamatay na nila ang kawalan ng technology. Basta maam kapag nakakita o nakabasa ako binibilugan ko tapos isinusulat ko din yung tama. Madalas jan yung malayang pagkakaltas na dapat ay "niya" na nagiging "nya". Pero may ilan lang naman na jejemon na yung hindi nawawala yung letter H. hahahahhhaha

**Tagapanayam** : sir paano naman kapag sa pagsasalita?

**Guro E** : bihira sa pagsasalita kapag sa lesson. Madalas kapag yung normal na pag-uusap lang. yung time kapag break time at lunch. Kasi nga adviser ko, madalas kasama ko sila sa pagkain ng lunch. Ayun lumalabas o may nakikinig akong mga salitang balbal lalo na sa mga lalaki.

**Tagapanayam** : paano nyo iwinawasto sir?

**Guro E** : sa ganun sitwasyon walang pagwawasto maam. Kasi normal na usapan lang naman yun. Pero palagi ako nagtatanong kung anong meaning yun kasi nga di ko minsan alam yung mga salita. Mahina ako sa mga ganun eh. Pero kapag lesson na minsan naaalala ko kapag wika ang topic at pasok naman sa lesson yung mga salitang natatandaan kong na balbal na sinabi sa akin ang meaning. On that point, nakapagbibigay ako ng lesson at sinasabi ko doon yung kasingkahulugan nun balbal na salita sa wastong terminology na dapat ginagamit sa formal discussion. Pero di ko sinasabi na di na nila dapat gamitin yun kasi di naman pwede ipagbawal ang paggamit ng mga balbal na salita.

**Tagapanayam** : Bakit po sir?

**Guro E** : what do you mean bakit?

**Tagapanayam** : yung sabi nyo na di pwedeng ipagbawal

**Guro E** : ahhh yung paggamit?

**Tagapanayam** : opo sir.

**Guro E** : kasi maam, bahagi yun ng wika. Ang balbal na salita ang pinakamayaman na uri ng wika. Mabilis ang pagbabago nyan. Ang dapat ginagawa ay hindi ipagbawal kundi alamin. Kaya nga diba?tayong mga guro sa wika ay kinakailangan na mas mabilis pa sa pagtanggap kaalinsabay sa pagbabago ng wika kada araw kasi yun ang nagsisilbing patunay na ang wika ay buhay.

**Tagapanayam** :Bilang isang guro, paano mo isinagawa ang pagwawasto sa antas ng wikang ginamit ng iyong mag-aaral?

**Guro E** : Nasagot ko na kanina yun. Hehehehehehe. Basta depende yun maam. Kapag sa pormal na sulatin eh binibilugan ko. Tapos inilalagay ko yung tamang salita.

**Tagapanayam** : may iba pa po bang dapat pang gawin. Yung ituturo po talaga sa lesson.

**Guro E** : ay maam hindi. Kung magkakaroon lang ng panahon o time. Kasi may sinusunod kaming competencies. Ang masaklap pa dun eh wala naman sa high school competencies yung usually wrong use of words ng mga bata lalo na kapag balbal na salita.

**Tagapanayam** : pano po yun masu-sure na alam ng bata na di dapat yun gamitin.

**Guro E** : actually maam wala. Siguro dun na lang sa pagbibilog ko sa papel nila eh dun na lang malalaman na di yun pwede gamitin. Kasi nga di naman maiiwasan o di namamalayan ng mga bata na nakagagamit na sila ng ganun. Nasa public school ako maam kaya di na nakakabigla yung mga ganun sitwasyon. Hehehe. Ang akin lang eh kapag kayang i-integrate sa lesson eh pahapyaw kong maipapaliwanag sa kanila. No choice eh. Hanggang dun na lang kaya kong magawa mag integrate ng wika sa isang lesson pero iilang minute lang yun.

**Tagapanayam** : Ano ang iyong ginagawa kapag nararanasan mo sa loob ng silid-aralan na nagagamit ng iyong mag-aaral ang kolokyal at balbal na salita sa isang gawaing pampaaralan tulad ng: (i) Pagsusulat; at (ii) Pagsasalita?

**Guro E** : Gaya ng sagot ko sa mga naunang tanong. Sa pagsulat ay binibilugan ko yung mga salitang hindi na bibilang sa pormal na konsepto ng paggamit ng wikang Pambansa. Sa pagsasalita naman ay on the spot ko itinatama ang mga bata. Syempre mayroon kaunting paliwanag upang mas maunawaan nila yung tama.

**Guro E** : madalas kong pinapansin. May pagkakataong hindi ko na nabibigyan ng oras kasi may hinahabol akong oras at lesson na dapat tapusin. Subalit kapag may sapat na pagkakataon ay binibigyan ko ito ng pansin. In a way na hindi mapapahiya ang bata. May mga guro kasi na parang ang gusto eh lahat ng lalabas sa bibig ng mga bata at mga gagawin ng mga ito ay dapat puro tama na. hahahaha. Real talk yan. Sa akin kasi, ang way ng pagpansin ko sa mali ng mga bata eh napaka-light lang yung tipong mali kana nga pero di masakit yung pagtanggap na mali ka.

Gaya nyang paggamit ng kolokyal at balbal actually hindi naman mali yan. Wika pa rin naman yan. Ang problema lang yung Sistema ang hindi angkop. Yung pananaw lang ng guro ang hindi angkop. Balbal at kolokyal ay parte ng wika, at yag mga yan ang isa sa nagpapayaman ng wika.

**Tagapanayam** : pero sir di po ba hindi pa rin sya kabilang sa pormal na wika at di pwedeng gamitin sa isang pormal na kombersasyon tulad ng nasa loob ng classroom.

**Guro E** : correct! Nagpapayaman, nagpapayabong and so on and so on. Di nga siya kasama sa pormal na wika. Pero, ahhhhh, hindi mo dapat ipagbawal ang paggamit nito. Maaari itong limitahan pero di mo maaaring ipagbawal. Gaya na lamang ng kolokyal maaari itong gamitin sa mga akdang pampanitikan bakit? Dahil ang panitikan ay bukas sa lahat ng larangan, bukas sa lahat ng konsepto. Ito ang nagiging daluyan ng lahat ng uri ng wika.

**Tagapanayam** :Paano mo ipinapakita ang iyong reaskyon tuwing makakaranas sa iyong mag-aaral na nakagagamit ng di pormal na antas ng wika gaya ng kolokya at balbal na salita sa loob ng silid-aralan?

**Guro E** : wala. I mean wala dapat makitang dismayadong reactions. Bawal yun. Lalo na sa school naming na may Posotive Discipline in Everday Teaching. May Child Protection Policy pa ngayon. so no negative reaction na kung saan na pi-feel ng bata na yung mga salitang ginagamit nya eh nasa konsepto talaga ng mali.

Dapat gawin positibo ang reaksiyon at yun ang napakahalaga. Ulitin ko ulit ang sagot ko. Di naman dapat maging mali ang tingin sa mga kolokyal at balbal na salita. At kung bibigyan ito ng reaksyon dahil nagagamit sa classroom eh dapat positibo pa rin ang reaksyon. Like me, nakasmile lang ako kapag nakarinig ako ng paggamit ng kolokyal at balbal na salita. Dapat nakasmile ako dahil guro ako ng wika.

**Tagapanayam** : Bilang guro, paano ka magiging bukas sa pakikipag-usap sa iyong mag-aaral tungkol sa mga sensitibong usapin?

**Guro E** : Anong kahulugan ng sensitibo? Yung bastos tulad ng bayag?

**Tagapanayam** : parang ganon nan ga po sir.

**Guro E** : hahahahha. Parang nahihiya ka maam ah. Ayos lang yun.

**Tagapanayam** : hahahahahaha.

**Guro E** : yan ang palagi kong sinasabi sa bawat taon ng aking pagtuturo. Walang wikang bastos ang tanging bastos lamang ay utak ng mga tao. Alam mo yun maam, kelan pa naging bastos ang salitang titi eh yun naman talaga ang tawag dun. Alangan naman sabihin kong batotoy eh hindi naman yun ang tawag dun. Imbis na ituro ko yung tama eh mas ituturo ko pa yung mali. Yan ang hirap kasi sa ating mga Filipino. Alam mo yun, kapag Vagina ok lang kapag Puke hindi. Hahahahahaha

Sa ganyang pagkakataon, talagang ipinaliliwanag ko sa mag-aaral. Tulad ng pagpapaliwanag sa akin ni Dr. Magdalena Sayas, Dr. Catacataca, Atty. Rolando Bernales and I quote "wag mong sabihing bastos ang wika dahil walang wikang bastos" binigyang diin pa nga ito ni Atty Bernales, kailanman ay hindi bastos ang titi at puke gayundin ang bayag at tinggil.

Alam mo yu maam. Kapag ako mismo ay nahiya na sabihin ang mga ito eh parang tinuro ko na din sa mga bata ko ang puke ay dapat tawaging bulaklak at titi ay batotoy. Minsan may tooooooot pa. hahahahaha.

**Tagapanayam** : as in sir sa loob ng klase?

**Guro E** : oo. Dapat sa loob ng klase. Iba kapag personal mong idiscuss yan sa isang estudyante. Hahahahahahaha. Pero maam dapat talagang ituro yan kasi yun naman talaga ang dapat. Wag na tayong magpakeme keme sa ganun salita normal yun at yun ay kabilang sa pormal na salita hindi impormal.

**Tagapanayam** :Paano mo binibigyan ng puna ang iyong mag-aaral batay sa kanilang naging pamamaraan ng kanilang pagpapahayag ideya o impormasyon?

**Guro E** : syempre palagi dapat may rubrics ka. Yun kasi ang tanging paraan para mabigyan mo ng marka ang mga bata sa kanilang pagbibigay ng opinyon ukol sa paksa. Napakahalaga ng bawat pamantayan di lang dahil sa kailangan siya sa lesson plan, hahahhahaha. Kundi mas detalyado at specific ang bibigyan mo ng marka pero syempre dapat alam din ng mag-aaral kung saan at paano sila bibigyan ng marka. at kapag tapos ng kanilang gawain kinakailangan bigyan mo sila ng feedback o puna sa kanilang mga pamamaraan sa paglalahad ng opinyon maging ito ay pagsulat at pagsasalita.

**Tagapanayam** :Anong sitwasyon sa loob ng klase ang nagkaroon ka ng pagkakataon iwasto ang hindi angkop na paggamit ng genre sa pagpapahayag ng opinyon?

**Guro E** : kapag may debate sa loob ng klase. May mga pagkakataon na hindi planado ang debate maam as in kahit wala sa loob ng lesson plan ay magkakaroon ng pagtatalo ng kanilang mga ipinaglalaban ukol sa isyu. Halimbawa sa grade 10 kasi na-i-integrate ko palagi ang araling panlipunan sa klase ko. sa isang panitikan tulad na lamang nun kay Dilma Rouseff, habang tinatalakay namin ito ay nagkaroon ng isang isyu ukol sa inflation sakto ang pangulo ngayon ng bansa ay may mga isyu gaya din ni dilma rouseff. sa ganoong pagkakataon at nakagagamit ang mga student ko ng tinatawag na maling mga salita ay kagya't ko itong iwinawasto subalit syempre pagkatapos ng palitan ng argumento. mpalagi kasi akong may hawak na papel at doon ko sinusulat lahat ng aking mga puna sa klase as in lahat maam.

**Tagapanayam** :Paano mo binigyang-pansin ang mga paggamit ng kolokyal at balbal na salita ng iyong mag-aaral?

**Guro E** : ganon nga may papel akong hawak at kapag nakakagamit sila ng kolokyal at balbal na salita ay kasama yun sa aking pagbibigay ng puna o feedback sa kanilang ginawang diskusyon. Bago matapos ang klase ay may ilang minuto akong pagpapaliwang at paglalahad ng pangkalahatang ideya batay sa kung ano ang kanilang ginawa. di ko maaaring sabihin o gawin na ipagpabukas ang pagbibigay-puna dahil yun ang crucial na bahagi ng talakayan o lesson kinakailangan ora mismo ay maibigay mo iyon sa kanila at dapat malaman ng mag-aaral kung wasto o mali ang kanilang mga ginawa. kung darating sa point na hindi kaya ng oras dahil sa ganda ng diskusyon ay kailangan na kinabukasan bago ko magsimula ng klase ay maibigay o mailahad ko sa kanilang lahat ang pangkalahatang puna sa kanilang ginawa.

**Tagapanayam** : Bukod sir sa ganoong Sistema ng pagwawasto, mayroon pa bo ba kayong ibang ginagagawa?

**Guro E** : Paanong ginagawa maam?

**Tagapanayam** : Di po ba sabi nyo kapag sa pasulat ay binibilugan myo ang bawat paggamit ng inyong mag-aaral? May iba pa po ba kayong ginagawa sa pagwawasto?

**Guro E** : Wala po maam eh, di po kasi ako mahigpit sa mga ganoong klase ng paggamit ng salita. Ayokong gayahin ang sapilitang paggamit ng ibang guro sa wikang Ingles na kung saan dapat English lang kapag tinanong ka ng English sumagot ka ng English. Ayoko ng ganoong klase ng pagtuturo.

**Tagapanayam** : Sir maraming salamat po sa inyong oras.

**Guro E** : Welcome po maam.

## Appendix E

### Panukalang Glosaryo ng Kolokyal at Balbal na salitang Milenyal

**A**

**ACM:** a.sim (*pnr*), mga babaeng gandang-ganda sa sarili pero ang duming tingnan. Filipino: panget

**Ades:** a.des (*png*), isang bagay na ginagamit ng tao para sa mga transaksyon. Filipino: Pera

**Alaws:** a.laws (*pnr*), binaligtad na salitang wala. Filipino: Wala

**Amats:** a.mats (*pnr*), salitang ginagamit sa mga tao na medyo lasing na lalo na sa inuman. Filipino: Medyo lasing

**Arbor:** ar.bor (*pnd*), ang ibig sabihin ay hinihingi ng libre. Filipino: Hinge

**B**

**Baduy:** ba.duy (*pnr*), Hindi kaaya - aya o hindi magandang manumit. Filipino: Hindi bagay ang pananamit

**Batchi:** bat.tsi (*pnd*), ang ibig sabihin aalis na / paalis na. Filipino: alis

**Beh:** be (*png*), isang uri ng pagtawag lalo na sa mga kababaihan. Filipino: Ate

**Boogsh:** bush (*pnr*), nagpapahiwatig ng magarbo. Filipino: magarbo o mabongga

**Bounce:** bawns (*pnd*), ang ibig sabihin aalis na / paalis na. Filipino: alis

**C**

**Capiche**: ca.pi.tse (*pnd*), Isang salitang balbal na ginagamit upang magpatunay na nauunawaan o naintindihan ang isang bagay

**Cheems**: tsim (*pnr*), Ito ay isang panandang salita na nagpapahiwatig ng pagkamangha, katulad ng "Wow" o "Astig

**Chikadosis:** tsi.ka.do.sis (*pnd*), tawag sa tao o mga tao na kakuwentuhan sa paksang may halong hindi totoo. Filipino: chikahan o kwentuhan

**Chillax:** tsi.laks (*pnd*), Ang kombinasyon ng salitang "chill" at "relax," na nangangahulugang magpahinga o magpaka-kalma.

**Chaka:** tsa.ka (*pnr*), paglalaran sa isang nilalang na may ‘di kanais-nais na itsura sa mata ng kaniyang kapwa. Filipino: Panget

**Clout:** clot (*pnr*), Ito ay tumutukoy sa impluwensya, prestihiyo, o kasikatan na isinasaad sa pamamagitan ng social media o online platform. Filipino: Sikat

**Cray-cray**: kray-kray (*pnd*) - Isang tapyas na salita para sa "crazy" na nangangahulugang "maloko" o "baliw”.

**Cringe**: crindz (*pnr*), Ito ay isang salitang ginagamit kapag nakakaramdam ng kahiya-hiya o nakakasukang sitwasyon.

**D**

**Daps**: daps (*pnd*) - Isang salitang balbal na nangangahulugang pagbibigay ng kumpyansa o suporta sa isang tao.

**Deadma:** ded.ma (*pnd*), isang gawain ng tao na hindi pinapansin ang ginagawa ng kanyang kapwa. Katumbas ito ng pahayag na hindi pinag-uukulan ng oras ang gawain ng ibang tao.

**Deds**: deds (*pnd*) - Ito ay isang salitang balbal na ginagamit bilang pagsang-ayon, pagpapatunay, o pagkumpirma.

**Dehins:** de.hins (*pnd*), naglalahad ng hindi maaari. Filipino: hindi pwede

**Dekwat:** dek.wat (*pnd*), Ang pagkuha ng bagay na di mop ag-aari. Filipino: Nakaw

**Deliks**: deliks (*pnr*) - Ito ay salitang balbal na nangangahulugang delikado o mapanganib.

**Dope**: dowp (*pnu*) - Ito ay ginagamit upang ilarawan ang isang bagay na cool, maganda, o astig.

**E**

**E.guls:** e.guls (*pnr*), hindi sapat ang nakuha sa isang pangyayari. Ang katumbas ng salitang ito ay luge. Binaligtad na salitang luge. Filipino: Luge

**Ems:** ems (*pnd*), ginagamit kapag nagpapahiwatig ng pagbibiro. Filipino: Biro

**Epal:** e.pal (*pnd*), naghahanap ng atensyon mula sa ibang tao. Filipino: Papansin

**Ermat:** er.mat (*png*), ang tinutukoy ay ang ilaw ng tahanan / ibang salita bukod sa nanay. Filipino: Ina / Nanay

**Erpat:** er.pat (*png*), ang tinutukoy ang haligi ng tahanan / ibang salita bukod sa tatay. Filipino: Ama / Tatay

**F**

**Fam**: fam (*png*), Isang salitang balbal na ginagamit para tawagin ang mga kaibigan o mga taong malapit sa iyo. Ito ay isang pagpapalit ng salitang "family.

**Ferson:** fer.son (*png*), isang nilalang na may kakayahang mag-isip ng tama at mali. Filipino: Tao

**Fes:** fes (*png*), bahagi ng katawan na binubuo ng mata, bibig, ilong, pisngi atbp. Filipino: Mukha

**Finsta**: fins.ta (*png*), Ito ay kombinasyon ng salitang "fake" at "Instagram." Ito ay isang pribadong Instagram account na ginagamit para magbahagi ng mga post na hindi nais ibahagi sa pangkalahatang publiko.

**Flex**: fleks (*pnr*), Ito ay ginagamit upang ipakita o ipagmalaki ang mga tagumpay, mga bagay na mayroon ka, o mga kahanga-hangang aspekto ng iyong buhay.

**FOMO**: fo.mo (*pnd*), Mula sa "Fear of Missing Out," ito ay ang takot o pangamba na maiwan o hindi makasali sa mga pangyayari o karanasan na kasalukuyang nagaganap.

**Foodie**: fu.di (*png*), Isang salitang ginagamit para tawagin ang mga taong mahilig sa pagkain o mga food enthusiast.

**G**

**Ganern**: ganern (*pnd*), Isang salitang balbal na nagpapahiwatig ng pagsang-ayon, pagpapatunay, o pagka-astig ng isang bagay o sitwasyon.

**G:** dyi (*pnd*), ginagamit ang salitang ito sa mga tanong o sagot sa mga aya ng kaibigan. Filipino: Tara

**Gets:** gets (*pnd*), ibig sabihin ay naunawaan ang isang bagay o konsepto. Filipino: Naunawaan / Naintindihan

**Ghost**: gowst (*pnd*) - Ito ay ginagamit kapag ang isang tao biglang nawawala o hindi nagpaparamdam nang walang paalam.

**Gig:** gig (*pnd*), katawagan sa hanapbuhay ng isang tao. Filipino: Trabaho / Hanapbuhay

**Gurang:** gu.rang (*pnr*), isang tao na ang edad ay lampas na sa animnapung taong gulang. Filipino: Matanda

**H**

**Haggard**: ha.gard (*pnr*), napapagod o napapagod na itsura

**Hype**: hayp (*pnr*), sobrang kasiglahan o pagkamalikhain

**Hakdog**: hak.dog (*pnd*), isa balbal na salita na ang ibig sabihin ay pambabara sa kausap

**Hipon**: hi.pon (*pnr*), maganda o gwapo sa katawan pero hindi sa mukha

**Hugot**: hu.got (*pnd*), kahulugan ay matinding damdamin o emosyon

**I**

**IDGAF**: ay.di.ji.ey.ef (*pnd*), Mula sa "I don't give a f**k," ito ay ginagamit upang ipahayag na walang pakialam o walang interes sa isang bagay o opinyon ng iba.

**IDK**: ay-di-key (*pnd*), Mula sa "I don't know," ito ay ginagamit upang sabihin na hindi alam o walang kaalaman tungkol sa isang bagay.

**Igop:** i.gop (*pnr*), paglalarawan sa isang lalake na may kagandahan ang pisikal na kaanyuan. Filipino: Pogi

**Isoy:** I.soy (*png*), Isang bagay na gawa mula sa tabacco. Filipino: Sigarilyo

**Islayf:** islayf (*pnr*), Isang salitang balbal na hango sa pagbabaligtad ng salitang "life," na ginagamit upang ipahayag ang pag-enjoy o pagsasaya sa buhay.

**It's lit:** its.lit (*pnd*), Ito ay ginagamit upang ipahayag na ang isang kaganapan, sitwasyon, o bagay ay sobrang saya, astig, o nakaka-excite.

**J**

**Jankies**: dyan.kis (*pnd*), Isang salitang balbal na ginagamit upang ipahayag ang panghihinayang o pagkadismaya.

**Jelly**: dye.li (*pnd*), Isang salitang balbal na hango sa "jealous" na nangangahulugang inggit o selos.

**Jetik**: dye.tik (*pnd*), Isang salitang balbal na hango sa "joke" na ginagamit upang ipahayag na biro lamang ang sinasabi. Filipino: Biro

**Jinx**: dyinks (*pnd*), Ito ay tumutukoy sa paniniwala na ang dalawang tao na nagkasabayang sabihin ang parehong bagay ay magdudulot ng masamang kapalaran o hindi magandang pangyayari.

**Jomie**: how.mi (*png*), Isang salitang balbal na ginagamit bilang tawag sa mga taong kilala o kaibigan.

**Jowa:** dyo.wa (*png*), tawag sa isang tao a karelasyon maging lalake o babae. Filipino: Kasintahan

**Jowk:** dyowk (*pnd*), ginagamit kapag nagpapahiwatig ng pagbibiro. Filipino: Biro

**Jugular**: hu.gu.lar (*pnr*), Ginagamit upang tukuyin ang pinakamahalagang punto o bahagi ng isang bagay o sitwasyon.

**Juiced**: dyus (*pnd*), Ito ay ginagamit upang ipahayag ang sobrang saya, exitement, o adrenaline rush sa isang bagay.

**Junakis:** dyu.na.kis (*png*), isang supling ng tao na maaring tinutukoy ay babae o lalake. Filipino: Anak

**Jusq:** dyos.ko (*pnd*), isang ekspresyon kapag nagugulat, natatakot, o nadidismaya. Filipino: Diyos ko

**K**

**Kayfabe**: key.fa.be (*pnr*), Ito ay tumutukoy sa pagsunod sa scripted o pinlano na kuwento o palabas, partikular sa mundo ng wrestling.

**K-Drama**: key.dra.ma (*png*), Ito ay tumutukoy sa mga Korean drama series na tanyag at popular sa mga millennials.

**Keme**: ke.me (*pnd*), Ito ay ginagamit upang ilarawan ang pagiging expressive o dramatiko sa isang eksena o sitwasyon.

**Kicks:** kiks (*png*), Ito ay ginagamit upang tukuyin ang sapatos o sneakers.

**Kicksy**: kiksi (*pnr*), Isang salitang balbal na nangangahulugang astig o cool.

**Konyo**: kon.yo (*pnr*), Isang salitang balbal na ginagamit upang tukuyin ang isang taong sosyal, mayaman, o mayamang-kayumanggi.

**Kray**: kray (*pnd*), Isang salitang balbal na nangangahulugang pagbibiro o panunukso.

**Kween**: kwin (*png*), Ito ay ginagamit upang tawagin ang isang babae na matapang, malakas, o may kakayahan.

**L**

**Lafang:** la.fang (*pnd*), ang kahulugan ay kumain ng marami o madami. Filipino: Kain

**Lapuk:** la.puk (*pnr*), kabaligtaran ng kupal. Ang ibig sabihin ay hindi maayos ang kinikilos.

**Lit**: lit (*pnr*), Ito ay ginagamit upang ilarawan ang isang bagay na sobrang astig, kahanga-hanga, o masaya.

**Lodi:** lo.di (*png*), binaligtad na salitang "idol" ; salitang tawag sa hinahangaang tao. Filipino: Idolo

**Low-key**: low.ki (*pnr*), Ito ay ginagamit upang sabihin na ngunit hindi masyadong pormal o hindi gaanong palabas.

**Lurk**: lerk (*pnd*), Ito ay tumutukoy sa pagbisita o pagtingin sa mga social media account ng iba nang hindi nagpapakita o nag-iinteraksyon.

**M**

**Mamang:** ma.mang (*png*), Tawag sa nakakatandang babae o bakla.

**Meh**: me (*pnd*), Ito ay ginagamit upang ipahayag ang kawalan ng interes o pagka-"okay lang" lamang sa isang bagay.

**Melt**: melt (*pnr*), Isang salitang balbal na ginagamit upang ilarawan ang pagka-"kilig" o tuwa na nagdudulot ng literal na paglunod o pagkalunod ng puso.

**Meme**: mim (*png*), Ito ay tumutukoy sa mga larawan, video, o kontent na ginagamit upang maghatid ng komedya o katuwaan sa online na pamamaraan.

**MIA**: mi.ya (*pnd*), Mula sa "missing in action," ito ay ginagamit upang ipahayag ang pagkawala o pagkawala sa sirkulasyon o komunikasyon.

**Momager**: mo.me.ger (*png*), Isang salitang balbal na hango sa "mom" at "manager" na ginagamit upang tawagin ang isang ina na nagsisilbi bilang tagapamahala o manager ng kanyang mga anak na artista o personalidad.

**Momol**: mo.mol (*pnd*), Ito ay ginagamit upang tukuyin ang mga labi sa labi o romantic na aktibidad na nauugnay sa paghalik.

**Mooch**: muts (*pnr*), Ito ay ginagamit upang tukuyin ang isang taong palaging umaasa sa iba para sa mga bagay o palaging humihiram nang hindi nagbibigay kapalit.

**Munchies**: man.tsins (*pna*), Ito ay tumutukoy sa matinding kagustuhan sa pagkain o pagkain nang hindi kasiya-siya.

**Munchkin**: man.tsins (*pnr*), Isang salitang balbal na ginagamit upang tawagin ang isang tao na maliit o pandak.

**Murse**: mars (*png*), Isang salitang balbal na hango sa "male nurse" na ginagamit upang tawagin ang isang lalaking nars.

**N**

**Narc**: nark (*pnr*), Isang salitang balbal na ginagamit upang tawagin ang isang taong mapanghihinala o mapanghusga sa ibang tao.

**NBD**: en.bi.di (*pnd*), Mula sa "no big deal," ito ay ginagamit upang sabihing walang malaking problema o hindi gaanong kahalaga ang isang bagay.

**Negats:** ne.gats (*pnb*), naglalahad ng hindi maaari. Filipino: hindi pwede.

**Neknek**: nek.nek (*png*), Isang salitang balbal na nangangahulugang utak o pag-iisip.

**NGL**: en.gi.el (*pnd*), Mula sa "not gonna lie," ito ay ginagamit upang ipahayag ang pagiging totoo o pag-amin ng isang bagay na karaniwang hindi sinasabi.

**Ninja move**: nin.dya muv (*pnd*), Ito ay ginagamit upang ilarawan ang isang kahanga-hangang o di-inaasahang hakbang o kilos.

**Noms**: noms (*pnr*), Ito ay ginagamit upang tukuyin ang masarap o nakakatakam na pagkain.

**Noob**: nub (*pnr*), Ito ay ginagamit upang tawagin ang isang taong baguhan o hindi bihasa sa isang larangan o gawain.

**Nooblord**: nub.lord (*pnr*), Isang salitang balbal na hango sa "noob" at "lord" na ginagamit upang tawagin ang isang taong baguhan na nagpapanggap na may malaking kapangyarihan o kahusayan.

**Noodz**: nuds (*png*), Ito ay ginagamit upang tukuyin ang mga litrato o larawan na nagpapakita ng hubad o malaswang imahe.

**Norem:** no.rem (*pnu*), nangangahulugan na mayroon. Filipino: mayroon

**Normie**: nor.mi (*pnr*), Isang salitang balbal na ginagamit upang tawagin ang isang tao na sumusunod sa pangkaraniwang uso o pananaw ng lipunan.

**NSFW**: en.es.ef.dabalyu (*pnr*), Mula sa "not safe for work," ito ay ginagamit upang tandaan na ang isang nilalaman ay hindi angkop o ligtas na tingnan sa opisina o pampublikong lugar

**Nuffsaid**: naf.sed (*pnd*), Ito ay ginagamit upang sabihin na ang isang bagay ay napakalinaw o hindi na kailangan pang ipaliwanag.

**Nuke**: nuk (*pnd*), Ito ay ginagamit upang tukuyin ang pagbura o pagtanggal ng isang bagay o impormasyon nang lubos o walang patumpik-tumpik.

**NVM**: en.vi.em (*pnr*), Mula sa "never mind," ito ay ginagamit upang sabihin na hindi na importante o hindi na kailangan ituloy ang usapan o isang bagay.

**O**

**Obvs**: obs (*pnr*), Mula sa "obviously," ito ay ginagamit upang sabihing malinaw o walang dudang totoo ang isang bagay.

**Obvi**: ob.vi (*pnr*), Mula sa "obvious," ito ay ginagamit upang sabihing malinaw o walang dudang totoo ang isang bagay.

**OG**: ow.dyi (*png*), Mula sa "original gangster," ito ay ginagamit upang tukuyin ang isang taong matagal nang kasapi sa isang grupong pangkultura o subkultura.

**Oh-so:** ow.so (*pnd*), Ito ay ginagamit upang magdagdag ng pagkamalumanay o pagpapahalaga sa isang salita o paglalarawan.

**Olats:** o.lats (*pnr*), Talo sa isang bagay o laro. / hindi nagwagi sa isang labanan o paligsahan. Filipino: Talo

**O.M:** o.em (*pdd*), isang ekspresyon kapag may mga bagay o pangyayari na hindi katanggap-tanggap. Katumbas: Oh My God.

**OTPHJ**: ow.ti.pi.ets.dyey (*pnd*), Mula sa "one true pairing hand job," ito ay ginagamit upang tukuyin ang isang romantikong aktibidad na nagpapahiwatig ng panghawakan ng kamay sa isang relasyon.

**Otits:** o.tits (*png*), tawag sa isang tao na kamag-anak na lalake. Kapatid ng magulang ng isang indibidwal. Binaligtad na salitang tito. Filipino: Tiyuhin.

**P**

**Pak:** pak (*pnr*), nagpapahiwatig ng magarbo. Filipino: magarbo o mabongga

**Patak – patak:** pa.tak – pa.tak (*png*), isang paraan kung saan mag bibigay ng pera o ambagan ng walang eksaktong halaga; kahit magkano lang ang ibigay. Filipino: Ambag

**Petmalu:** pet.ma.lu (*pnr*), isang katangian ng isang tao, hayop, o pangyayari na pambira. Filipino: Malupet/Maangas

**Popo:** pow.pow (*png*), isang indibwal na nagseserbisyo sa bayan. Tawag sa isang taong tagapagpaganap ng batas. Filipino: Pulis

**Praning:** pra.ning (*pnr*), Hindi mapakali o baliw. Filipino: Bang-aw / baliw

**PSG:** pi.es.dyi (*pnr*), naglalarawan ng pansariling gamit.

**Purita:** pu.ri.ta (*pnr*), paglalarawan sa isang tao na may kakulangan sa pinansyal na aspekto. Filipino: Mahirap

**S**

**Sakalam:** sa.ka.lam (*pnr*), Binaligtad na salitang "malakas". Filipino: Malakas

**Shala:** sha.lah (*pnr*), paglalarawan sa isang tao na kilos, pananamit, inuugali ay katangian ng isang mayaman. Filipino: Sosyal/Maganda

**Shawty:** sho.ti (*pnr*), ang ibig sabihin chicks o magandang babae. Filipino: marikit na babae

**Sheeeeesh:** shis (*pnd*), isang uri ekspresyon na nagpapahiwatig pagkamangha. Filipino: hanga

**Shibuli:** shi.bu.li (*png*), Tawag sa isang babae na nagpapakakilos lalake. Filipino: Tomboy

**Shockers:** sha.kers (*pdd*), isang ekspresyon na nagpapahayag ng pagkagulat. Filipino: Nakakagulat na intriga

**Susmaryosep:** sus.mar.yo.sep (*pdd*), pinaghalo halong salita mula sa Holy Trinity na sina Jesus , Mary, at Joseph; isang ekspresyon ng mga tao kapag nagulat o namangha. Filipino: Diyos ko po

**Swakto:** su.wak.to (*pnr*), nagpapahiwatig ng sapat na. Filipino: Sakto

**Syota:** syo.ta (*png*), tawag sa isang tao na karelasyon maging lalake o babae. Filipino: Kasintahan

**T**

**The:** te (*png*), isang uri ng pagtawag lalo na sa mga kababaihan. Filipino: Ate

**Tengap:** te.ngap (*pnr*), isang tao na hindi Maganda ang itsura sa paningin ng kaniyang kapwa. Filipino: panget

**Tibuli:** ti.bu.li (*png*), Tawag sa isang babae na nagpapakakilos lalake. Filipino: Tomboy

**Todas:** to.das (*pnr*), paglalarawan sa nawalan ng buhay o naputulan na ng hininga. Filipino: Patay

**Tomguts:** tom.guts (*pnr*), reaksiyon ng katawan ng tao kapag wala ng laman ang kaniyang tiyan o sikmura. Filipino: GutomSalita na ginagamit pag gutom na

**W**

**Wafu:** wa.fu (*pnr*), paglalarawan sa isang lalake na may kagandahan ang pisikal na kaanyuan. Filipino: Gwapo

**Wanderlust**: wan.der.last (*pnr*), Ito ay ginagamit upang tukuyin ang malakas na pagnanais na maglakbay at makaranas ng iba't ibang lugar at kultura.

**Wannabe**: wa.na.bi (*pnd*), Ito ay ginagamit upang tawagin ang isang tao na nagnanais o nagpapanggap na maging katulad ng isang kilalang personalidad o grupo.

**Wavy**: wey.vi (*pnr*), Ito ay ginagamit upang tukuyin ang cool, stylish, o kaaya-aya ang isang tao o bagay.

**Weekend warrior**: wik.end.war.yor (*png*), Ito ay ginagamit upang tukuyin ang isang tao na nagpapakita ng enerhiya, aktibidad, o angas tuwing weekend, kahit na hindi ito regular na gawain sa pang-araw-araw na buhay.

**Weird flex**: wird fleks (*pnd*), Ito ay ginagamit upang sabihin na kakaiba o hindi karaniwang ipagmalaki ang isang bagay.

**Whack**: wak (*pnr*), Ito ay ginagamit upang sabihin na kakaiba, hindi normal, o hindi kaaya-aya ang isang bagay o sitwasyon.

**Whatchu**: wat.tsu (*pnd*), Ito ay ginagamit bilang pagkakasulat o pagsasalita ng "what you" na nagtatanong kung ano ang ginagawa, iniisip, o nararamdaman ng isang tao.

**Whatevs**: watevs (*pnd*), Ito ay ginagamit upang sabihin na walang pakialam o hindi pinapansin ang isang bagay.

**Wildin'**: wayl.din (*pnr*), Ito ay ginagamit upang sabihin na ang isang tao ay malaya o walang preno sa kanyang mga kilos o pag-uugali, lalo na sa mga sosyal na pagtitipon o party.

**Woke**: wowk (*pnr*), Ito ay ginagamit upang tukuyin ang pagiging malawak ang pang-unawa o kamalayan sa mga isyung panlipunan at kultural, lalo na kaugnay ng mga pagkakadiskrimina o paglabag sa karapatang pantao.

**Wokebae**: wok.bey (*png*), Ito ay ginagamit upang tukuyin ang isang tao na kamangha-mangha, maalam, at may kamalayan sa mga isyung panlipunan o political.

**Word**: word (*pnr*), Ito ay ginagamit upang sabihin na totoo, tama, o sang-ayon sa sinabi ng ibang tao.

**Word up**: word.ap (*pnd*), Ito ay ginagamit upang sabihin na makinig o pansinin ang sinasabi ng ibang tao, o ang pagpapahayag ng pagsang-ayon o pagka-intindi.

**X**

**Xan**: shan (*png*), Isang slang na termino na ginagamit upang tukuyin ang Xanax, isang reseta na gamot na nagpapababa ng stress o kalma.

**Xanarchy**: sha.nar.ki (*pnr*), Isang termino o kultura na nagpapahayag ng kawalang-katwiran, pagka-kontrobersyal, o laban sa lipunan.

**XD**: eks.di (*pnd*), Isang emoji o piktogram na nagpapahayag ng malakas na pagtawa o katatawanan.

**Xenial**: si.ni.al (*pnd*), Isang salitang nagpapahayag ng pagiging malugod, mapagbigay, at magalang sa mga bisita o ibang tao.

**Xennial**: si.ni.yal (*png*), Ito ay ginagamit upang tukuyin ang isang henerasyon na nasa pagitan ng Generation X at Millennial. Ito ay mga indibidwal na ipinanganak mula mid-1970s hanggang sa mga early 1980s.

**Xmas**: eks.mas (*png*), Isang pinaikling bersyon ng salitang "Christmas," na ginagamit bilang alternatibo o slang.

**XOXO**: so.so (*pnd*), Isang pagbati o pagsasalita na kumakatawan sa paghalik o pagyakap. Karaniwang ginagamit sa mga mensahe o talaarawan.

**XOX**: soks (*pnd*), Isang pagbati na nagsasama ng mga halik at yakap.

**Xpressive**: eks.pre.siv (*pnd*), Isang salitang ginagamit upang tukuyin ang pagpapahayag ng damdamin o emosyon ng isang tao.

**Xtra**: eks.tra (*pnu*), Isang pinaikling bersyon ng salitang "extra," na ginagamit upang tukuyin ang labis o sobra sa inaasahan.

**Y**

**Yacht**: yat (*pnr*), Ito ay isang uri ng barko na karaniwang kaugnay sa pagiging mayaman o sosyal.

**Yada-yada**: ya.da ya.da (*pnr*), Ito ay isang pagsasabing "at iba pa" o "at kung ano-ano pa".

**Yas**: yas (*pnd*), Ito ay isang pagsasabing "yes" na may kasamang pagka-ekspresibo o pagkamangha.

**Yasss**: yas (*pnd*), Ito ay isang mas ekspresibong bersyon ng "yes," karaniwang ginagamit upang ipahayag ang sobrang tuwa o pagsang-ayon.

**Yawn**: yown (*pnd*), Ito ay isang pagpapahiwatig ng pagkabahala o pagsasabing nakakaboring o hindi interesado.

**YAY**: yay (*pnd*), Ito ay isang pagsasabing "yes" na may kasamang kasiyahan o tuwa.

**Yeet**: yit (*pnu*), Ito ay isang ekspresyong nagpapahayag ng kasiyahan, excitement o pagkamangha.

**Yeppers**: ye.pers (*pnd*), Ito ay isang slang na pagsasabing "yes".

**Yikes**: yayks (*pnu*), Ito ay isang ekspresyong nagpapahayag ng pagkabahala, takot o panginginig.

**Yo**: yow (*pnu*), Ito ay isang casual na bati na nagpapahayag ng pang-unawa o pagkilala sa iba.

**Yogilates**: yo.ga.lets (*pnd*), Ito ay isang kombinasyon ng yoga at Pilates na pagsasanay o palakasan.

**YOLO**: yo.lo (*pnd*), (You Only Live Once) - Ang pagsasabing ito ay nagpapahiwatig ng pagkakataon na sumubok ng bagay dahil lamang isa ka lang mabubuhay.

**YOLOing**: yo.lo.wing (*pnr*), Ito ay ang paggamit ng prinsipyo ng "YOLO" bilang isang pandagdag na kasangkapan sa pagsasagawa ng mga aktibidad o karanasan.

**YOLOpreneur**: yo.lo.pre.nyur (*png*), Ito ay isang salitang kombinasyon ng "YOLO" at "entrepreneur" na nagpapahiwatig ng pagiging negosyante na may malayang pagtanggap ng risk.

**YOLOSWAG**: yo.lo.swag (*png*), Ito ay isang kombinasyon ng "YOLO" at "swagger" na nagpapahiwatig ng pagiging kampante at may pananagutan.

**Yosi:** yo.si (*png*), Isang bagay na gawa mula sa tabacco. Filipino: Sigarilyo

**Yummers**: ya.mers (*pnr*), Ito ay isang pagsasabing "yummy" na may kasamang pagsasabing na-enjoy o masarap.

## Appendix F

## Content Validity Index

Titulo ng Pananaliksik

**AGARANG PAGWAWASTO: HAMONG NARARANASAN NG MGA GURONG FILIPINO SA PAGGAMIT NG MAG-AARAL SA WIKANG KOLOKYAL AT BALBAL NA SALITA SA BAGONG KADAWYAN**

SUMMARY

| Items/Questions | V1 | V2 | V3 | V4 | V5 | TOTAL RETAIN | CVR |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1.1 | 1 | 1 | 1 | 1 | 1 | 5 | 1 |
| 1.2 | 1 | 1 | 1 | 1 | 1 | 5 | 1 |
| 1.3 | 1 | 1 | 1 | 1 | 1 | 5 | 1 |
| 1.4 | 1 | 1 | 1 | 1 | 1 | 5 | 1 |
| 1.5 | 1 | 1 | 1 | 1 | 1 | 5 | 1 |
| 1.6 | 1 | 1 | 1 | 1 | 1 | 5 | 1 |
| 1.7 | 1 | 1 | 1 | 1 | 1 | 5 | 1 |
| 1.8 | 1 | 1 | 1 | 1 | 1 | 5 | 1 |
| 1.9 | 1 | 1 | 1 | 1 | 1 | 5 | 1 |
| 1.10 | 1 | 1 | 1 | 1 | 1 | 5 | 1 |
| 1.11 | 1 | 1 | 1 | 1 | 1 | 5 | 1 |
| 1.12 | 1 | 1 | 1 | 1 | 1 | 5 | 1 |

| Items/Questions | Validator 1 | | | Validator 2 | | | Validator 3 | | | Validator 4 | | | Validator 5 | | | Total # of Validators who Retained the Items | n/2 | | | CVR |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | Retain | Revise | Reject | Retain | Revise | Reject | Retain | Revise | Reject | Retain | Revise | Reject | Retain | Revise | Reject | | | num | den | CVR |
| 1.1 | 1 | | | 1 | | | 1 | | | 1 | | | 1 | | | 5 | 2.5 | 2.5 | 2.5 | 1.00 |
| 1.2 | 1 | | | 1 | | | 1 | | | 1 | | | 1 | | | 5 | 2.5 | 2.5 | 2.5 | 1.00 |
| 1.3 | 1 | | | 1 | | | 1 | | | 1 | | | 1 | | | 5 | 2.5 | 2.5 | 2.5 | 1.00 |
| 1.4 | 1 | | | 1 | | | 1 | | | 1 | | | 1 | | | 5 | 2.5 | 2.5 | 2.5 | 1.00 |
| 1.5 | 1 | | | 1 | | | 1 | | | 1 | | | 1 | | | 5 | 2.5 | 2.5 | 2.5 | 1.00 |
| 1.6 | 1 | | | 1 | | | 1 | | | 1 | | | 1 | | | 5 | 2.5 | 2.5 | 2.5 | 1.00 |
| 1.7 | 1 | | | 1 | | | 1 | | | 1 | | | 1 | | | 5 | 2.5 | 2.5 | 2.5 | 1.00 |
| 1.8 | 1 | | | 1 | | | 1 | | | 1 | | | 1 | | | 5 | 2.5 | 2.5 | 2.5 | 1.00 |
| 1.9 | 1 | | | 1 | | | 1 | | | 1 | | | 1 | | | 5 | 2.5 | 2.5 | 2.5 | 1.00 |
| 1.10 | 1 | | | 1 | | | 1 | | | 1 | | | 1 | | | 5 | 2.5 | 2.5 | 2.5 | 1.00 |
| 1.11 | 1 | | | 1 | | | 1 | | | 1 | | | 1 | | | 5 | 2.5 | 2.5 | 2.5 | 1.00 |
| 1.12 | 1 | | | 1 | | | 1 | | | 1 | | | 1 | | | 5 | 2.5 | 2.5 | 2.5 | 1.00 |
| | | | | | | | | | | | | | | | | | | | CVI | 1.00 |

**An item must get a 0.99 CVR or higher for 5 validators in order to be retained.

# Appendix G

## TURNITIN SIMILARITY INDEX

turnitin

**Similarity Report ID:** oid:8049:38243237

| PAPER NAME | AUTHOR |
|---|---|
| **GARCIA-MARIE-CRIS.-FOR TURNITIN.docx** | **MARIE CRIS GARCIA** |

| WORD COUNT | CHARACTER COUNT |
|---|---|
| **29337 Words** | **157293 Characters** |
| PAGE COUNT | FILE SIZE |
| **112 Pages** | **1.2MB** |
| SUBMISSION DATE | REPORT DATE |
| **Jun 27, 2023 8:15 AM GMT+8** | **Jun 27, 2023 8:20 AM GMT+8** |

**5% Overall Similarity**

The combined total of all matches, including overlapping sources, for each database.

- 4% Internet database
- 1% Publications database
- Crossref database
- Crossref Posted Content database

**Excluded from Similarity Report**

- Submitted Works database
- Bibliographic material
- Quoted material
- Cited material
- Small Matches (Less then 10 words)

# Appendix H

## Letter for Validator

LAGUNA COLLEGE OF BUSINESS AND ARTS
*School of Graduate Studies*

November 24, 2022

**Prof. GIRLIE S. SONORON**
Graduate School Professor
Laguna College of Business and Arts
Calamba City

Dear Madam:

I am a graduate school student of Laguna College of Business and Arts taking up Master of Arts in Education major in Filipino and currently working on my study entitled **"HAMONG NARARANASAN NG MGA GURO SA FILIPINO SA PAGWAWASTO SA PAGGAMIT NG MGA MAG-AARAL NG WIKANG KOLOKYAL AT BALBAL SA BAGONG KADAWYAN".**

With your expertise, I am humbly asking your permission to validate the attached survey instrument for the stud.

I am looking forward to hearing that my request merits a positive response.

Thank you very much.

Respectfully yours,

**MARIE CRIS M. GARCIA**
*Researcher*

Noted:

**DR. VIVIEN E. UNTALAN**
*Thesis Adviser*

**MR. ALFREDO G. PEREZ JR.**
*Dean, School of Graduate Studies*

P. Burgos St., Brgy. III, Calamba City, Laguna, Philippines 4027
www.lcba.edu.ph
(049) 545 - 4754

LAGUNA COLLEGE OF BUSINESS AND ARTS
*School of Graduate Studies*

November 24, 2022

**Dr. Ma. Lorena M. Tagala Ed.D**
Graduate School Professor
Laguna College of Business and Arts
Calamba City

Dear Madam:

I am a graduate school student of Laguna College of Business and Arts taking up Master of Arts in Education major in Filipino and currently working on my study entitled **"HAMONG NARARANASAN NG MGA GURO SA FILIPINO SA PAGWAWASTO SA PAGGAMIT NG MGA MAG-AARAL NG WIKANG KOLOKYAL AT BALBAL SA BAGONG KADAWYAN".**

With your expertise, I am humbly asking your permission to validate the attached survey instrument for the stud.

I am looking forward to hearing that my request merits a positive response.

Thank you very much.

Respectfully yours,

**MARIE CRIS M. GARCIA**
*Researcher*

Noted:

**DR. VIVIEN E. UNTALAN**
*Thesis Adviser*

**MR. ALFREDO G. PEREZ JR.**
*Dean, School of Graduate Studies*

P. Burgos St., Brgy. III, Calamba City, Laguna, Philippines 4027
www.lcba.edu.ph
(049) 545 - 4754

LAGUNA COLLEGE OF BUSINESS AND ARTS
*School of Graduate Studies*

November 24, 2022

**Dr. ANACLETA M. CABIGAO**
Graduate School Professor
Laguna College of Business and Arts
Calamba City

Dear Madam:

I am a graduate school student of Laguna College of Business and Arts taking up Master of Arts in Education major in Filipino and currently working on my study entitled **"HAMONG NARARANASAN NG MGA GURO SA FILIPINO SA PAGWAWASTO SA PAGGAMIT NG MGA MAG-AARAL NG WIKANG KOLOKYAL AT BALBAL SA BAGONG KADAWYAN".**

With your expertise, I am humbly asking your permission to validate the attached survey instrument for the stud.

I am looking forward to hearing that my request merits a positive response.

Thank you very much.

Respectfully yours,

**MARIE CRIS M. GARCIA**
*Researcher*

Noted:

**DR. VIVIEN E. UNTALAN**
*Thesis Adviser*

**MR. ALFREDO G. PEREZ JR.**
*Dean, School of Graduate Studies*

P. Burgos St., Brgy. III, Calamba City, Laguna, Philippines 4027
www.lcba.edu.ph
(049) 545 - 4754

LAGUNA COLLEGE OF BUSINESS AND ARTS
*School of Graduate Studies*

November 24, 2022

**Dr. DIOSDADO MELANIO**
Graduate School Professor
Laguna College of Business and Arts
Calamba City

Dear Madam:

I am a graduate school student of Laguna College of Business and Arts taking up Master of Arts in Education major in Filipino and currently working on my study entitled **"HAMONG NARARANASAN NG MGA GURO SA FILIPINO SA PAGWAWASTO SA PAGGAMIT NG MGA MAG-AARAL NG WIKANG KOLOKYAL AT BALBAL SA BAGONG KADAWYAN".**

With your expertise, I am humbly asking your permission to validate the attached survey instrument for the stud.

I am looking forward to hearing that my request merits a positive response.

Thank you very much.

Respectfully yours,

**MARIE CRIS M. GARCIA**
*Researcher*

Noted:

**DR. VIVIEN E. UNTALAN**
*Thesis Adviser*

**MR. ALFREDO G. PEREZ JR.**
*Dean, School of Graduate Studies*

P. Burgos St., Brgy. III, Calamba City, Laguna, Philippines 4027
www.lcba.edu.ph
(049) 545 - 4754

LAGUNA COLLEGE OF BUSINESS AND ARTS
*School of Graduate Studies*

November 24, 2022

**Dr. ALICIA V. LLAMAS**
Graduate School Professor
Laguna College of Business and Arts
Calamba City

Dear Madam:

I am a graduate school student of Laguna College of Business and Arts taking up Master of Arts in Education major in Filipino and currently working on my study entitled **"HAMONG NARARASANASAN NG MGA GURO SA FILIPINO SA PAGWAWASTO SA PAGGAMIT NG MGA MAG-AARAL NG WIKANG KOLOKYAL AT BALBAL SA BAGONG KADAWYAN".**

With your expertise, I am humbly asking your permission to validate the attached survey instrument for the stud.

I am looking forward to hearing that my request merits a positive response.

Thank you very much.

Respectfully yours,

**MARIE CRIS M. GARCIA**
*Researcher*

Noted:

**DR. VIVIEN E. UNTALAN**
*Thesis Adviser*

**MR. ALFREDO G. PEREZ JR.**
*Dean, School of Graduate Studies*

P. Burgos St., Brgy. III, Calamba City, Laguna, Philippines 4027
www.lcba.edu.ph
(049) 545 - 4754

CURRICULUM VITAE



# MARIE CRIS M. GARCIA

Institution : DepEd, Tanauan City Integrated High Scool
Address : Trapiche I, Tanauan City. Batangas
Mobile No. : +639685004729
Email address : mariecris.manaig@deped.gov.ph

## SUMMARY

Committed Public Teacher for 6 years with love and passion in teaching at Tanauan City Integrated High School

## EXPERIENCE HIGHLIGHTS

| Nature of Work/ Position | Inclusive Years | Company |
|---|---|---|
| Teacher | 2016-2017 | La Consolacion College Tanauan |
| Teacher | 2017-present | Tanauan City Integrated High School |

## EDUCATION

- **Master of Arts in Education Major in Filipino**

  Laguna College of Business and Arts, Calamba City
  Laguna, Philippines (2020- present)

- **Bachelor of Secondary Education Major in Filipino**

  Batangas State University-Malvar Campus
  Malvar, Batangas. Philippines (2016)

- **Secondary Education**

  Natatas National High School
  Tanauan Batangas, Philippines (2012)

- **Primary Education**

  Boot Elementary School
  Tanauan Batangas, Philippines (2008)